Philippine Normal University
Publication Office Online Commons
Graduate Theses
CGSTER

May 2019

# Replektibong Pag-iisip sa Pamaraang 'Isip-Sambit' Gamit ang Tula Isang Teorya

Bernadette S. Santos
*Philippine Normal University*



Follow this and additional works at
pnu-onlinecommons.org/omp/index.php

Online Commons Citation

Santos, B.S. & Malabanan, J.C. (2019)
Replektibong Pag-iisip sa Pamaraang 'Isip-Sambit' Gamit ang Tula Isang Teorya
(Master's Thesis, Philippine Normal University)
Retrieved from pnu-onlinecommons.org/omp/index.php/pnu-oc/catalog/book/1335

# REPLEKTIBONG PAG-IISIP SA PAMARAANG 'ISIP-SAMBIT' GAMIT ANG TULA: ISANG MODELO

Isang Tesis na Ihaharap
Sa Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral
At Pananaliksik sa Edukasyong Pangguro
Pamantasang Normal ng Pilipinas
Daang Taft, Maynila

Isang Katuparan ng Pangangailangan sa Pagtatamo
Ng Master ng Sining sa Edukasyon
na may Espesyalisasyon sa Pagtuturo ng Filipino

ni

**BERNADETTE S. SANTOS**

**MAYO 2019**

# DAHON NG PAGPAPATIBAY

Ang tesis na ito ay may pamagat na “**REPLEKTIBONG PAG-IISIP SA PAMARAANG ‘ISIP-SAMBIT’GAMIT ANG TULA: ISANG MODELO’,** ay inihanda at ipinasa ni **BERNADETTE S. SANTOS** bilang bahagi ng mga kailangan sa pagtatamo ng titulo sa Master ng Sining sa Edukasyon na may espesyalisasyon sa Pagtuturo ng Filipino ay iniharap upang rekomendang aprubahan at tanggapin.

**JOEL C. MALABANAN, M.A.**

Tagapayo

Pinagtibay bilang bahagi ng mga gawaing kailangan sa pagtatamo ng titulo sa Master ng Sining sa Edukasyon na may espesyalisasyon sa Pagtuturo ng Filipino.

**ADONIS P. DAVID, Ph. D.**

Puno

**NINA CHRISTINA L. ZAMORA, Ph. D.**

Miyembro ng Panel

**JUDY C. BAUTISTA, Ph. D.**

Miyembro ng Panel

**MYRNA RABINA, M.A.**

Miyembro ng Panel

Tinanggap bilang isang bahagi ng mga gawaing kailangan sa pagtamo ng titulo sa Master sa Sining ng Edukasyon na may espesyalisasyon sa Pagtuturo ng Filipino.

______________________

Petsa

**RONALD ALLAN S. MABUNGA, Ph. D.**

Itinakdang Opisyal, Dekano

Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral at

Pananaliksik sa Edukasyong Pangguro

**ABSTRAK**

| | |
|---|---|
| Pangalan | **BERNADETTE S. SANTOS** |
| Pamagat | Replektibong Pag-iisip sa Pamaraang ‘Isip-Sambit’ Gamit ang Tula: Isang Modelo |
| Pangunahing Konsepto | Replektibong Pag-iisip, Modelo, Prosesong Pampag-iisip, Kasanayang Replektibo, Tula |
| Titulo | Master ng Sining sa Edukasyon |
| Espesyalisasyon | Pagtuturo ng Filipino |
| Tagapayo | Joel C. Malabanan, MA |

Ang nababagong bihis na istrukturang pang-edukasyon o kurikulum na K-12 sa asignaturang Filipino ay nakatuon na mahasa ang kasanayan sa replektibo o mapanuring pampag-iisip. Mula sa nabanggit, mainam na makabuo ng mga hakbang sa pagtatamo ng mithiing ito. Naisakatuparan ang pag-aaral na ito sa layuning makabuo ng modelo sa replektibong pag-iisip gamit ang tula kalahok ang mga piling manunulat ng Mataas na Paaralan ng Caruhatan National High School sa dibisyon ng Valenzuela. Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibong-deskriptibong pananaliksik kung saan pinagbatayan ang *Grounded Theory* na kinapapalooban ng proseso ng *coding* sa pagsusuri ng datos. Natuklasan sa pag-aaral sa

nabuong modelo na ang mga mag-aaral ay dumaraan sa apat na prosesong pampag-iisip sa pagninilay habang sumusulat ng tula. Ito ay ang **Pag-uugnay ng Karanasan, Pagkokonsepto, Paggamit ng Estratehiya,** at **Paghuhusga**. Subalit sa kabila ng nabanggit na mga tema, nililinaw ng pag-aaral na ito, batay na rin sa naging pagsusuri na mananaliksik sa pagninilay ng mga mag-aaral, na hindi tiyak kung saan nagsisimula ang mga mag-aaral o alin ang una nilang pinagdadaanan sa mga nabanggit na tema. Ngunit ang malinaw, ang mga mag-aaral ay walang tigil sa pagtalunton, dumaraan sa mga nabanggit na tema at maaaring nagpapabalik-balik. Bunga ng nailahad na paglalarawan at mga konsepto na ukol sa pag-iral ng replektibong pag-iisip, tinawag ang modelong ito na "**Taludtod Talunton: Modelo ng Pagninilay sa Pagsulat ng Tula."** Nakita rin sa pag-aaral na ito ang kakayahan ng mga mag-aaral na makabuo ng mas makabuluhan at tulang may lalim kung sila ay bibigyan ng sistematiko at makabagong gawain na naglalaan nang sapat na panahon sa pagpoproseso ng isip sa pagninilay. Kaya naman ang modelo sa replektibong pag-iisip ay magsisilbing padron na makapagpapaliwanag ng pagpoprosesong mental ng mga mag-aaral sa pagsulat. Nakikita rin na natutuhang pagbatayan ang nailahad na gawain sa replektibong pag-iisip upang mahasa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagninilay nang sa gayon ay makatugon sa tunguhin ng napapanahong kurikulum.

# ABSTRACT

| | |
|---|---|
| Name | **BERNADETTE S. SANTOS** |
| Title | Reflective Thinking Through Think Aloud Protocol Using Poetry: A Model |
| Keywords | Reflective Thinking, Theory, Model, Thinking Process, Reflective Skills, Poetry |
| Title | Master of Arts in Education |
| Specialization | Teaching Filipino |
| Adviser | Joel C. Malabanan, MA |

---

The changing phases of educational structure or K-12 curriculum in Filipino subject is focused to sharpening the reflective skills or critical thinking. Therefore, it is necessary to form new strategies and methods in order to attain this objective. Hence, this study is conducted, in order to form a model in reflective thinking by the use of poetry, with the chosen writers of Caruhatan National High School, division of Valenzuela City. This is qualitative-descriptive study that uses *Grounded Theory Analysis* as a basis, which consists three processes of coding in analyzing data. Results of the

description stated and concepts about the emergence of reflective thinking, this model is called **"Taludtod-Talunton: Modelo sa Pagninilay sa Pagsulat ng Tula."** Discovered in the study of theory formed, the students undergo through four (4) cognitive thinking processes in reflection while writing poem. These are **Relating Experience, Making Concept, Using Strategy,** and **Judgment**. However, beside the said themes, the study clarifies, based on the analysis of the researcher on the reflection of the students that it is unclear where they start or what they firstly undergo among the above mentioned themes. Although what is clear is that the students do not stop on "searching" or "seeking" or pass through any of the said themes repetitively. Moreover, also observed in this study are the abilities of the students to form more meaningful poetry with depth if they would be given a systematic and innovative activities that allots enough time to reflective thinking process. This is why, the model on reflective thinking would serve as the pattern that explain the mental processes of the students in writing. It is seen that the activities done in reflective thinking could be Iearned or adopted as a basis in orser to sharpen or develop the skills of the students in reflection, thus in order to meet with the objectives of the current curriculum.

# PASASALAMAT

Isang biyaya at pagpapasalamat ang panahong nilakad ng papel na ito upang makabuo ng pag-aaral na magbibigay katuturan sa pagiging edukador at magsasakatuparan sa minimithing digri. Hindi iinog ang pag-aaral kung hindi dahil sa pagtitiyaga ng mga nakiisa, nag-ambag ng panahon, dunong, nagmalasakit magbigay ng suporta at gabay. Dahil dito, karapat-dapat silang tumanggap ng taos-pusong pasasalamat.

Una, sa **Panginoon** na siyang may kaloob ng kalakasan, karunungan, pagtitimpi, kababaang-loob upang hindi sumuko sa mga hamon na kinaharap habang isinasagawa ang pag-aaral.

Sa aking **pamilya**, nanay, tatay at Kat na siyang inspirasyon at lakas na pinaghuhugutan upang tapusin ang digri na handog ko sa kanila bilang sukli sa walang kapantay na pagmamahal nila sa akin.

Kay **Gep**, na isang malaking handog sa akin ng Diyos, sa kaniyang walang maliw na pag-unawa, pagmamahal, pagsuporta, at sa hindi inaasahan niyang pagdating na nagpasimula ng magagandang bagay na gaya nito sa buhay ko.

Kay **Dr. Gutierrez**, bilang guro na nagsilbing aking inspirasyon at habambuhay kong tatanawin sa kanyang kahusayan, bilang ina na nag-

aruga sa mga panahon ng kagipitang pang-akademiko, higit sa lahat, bilang bagong tagpong kaibigan na buong kababaang loob na ipagpapasalamat.

Sa mga **kapuwa guro** na umunawa sa akin sa kagipitan ko sa oras at naniwala sa kakayahan ko para mabuo ang pag-aaral sa kabila ng mga gawaing dapat tupdin sa paaralan.

Sa aking **Tagapayo**, Prop. Joel C. Malabanan, sa kaniyang mga tagubilin, payo, talino at walang pag-aalinlangang paglalaan ng oras kung kinakailangan ko, gayundin sa magaan na pagsasama habang isinasakatuparan ko ang pag-aaral.

Kay **Dr. Niña Lazaro-Zamora**, bilang mahusay na kritiko at hinahangaan ko sa kaniyang angking dunong na nagbigay ng natatangi at malaking ambag sa konsepto ng pananaliksik, gayundin sa kanyang walang maliw na pag-unawa at pagbibigay ng anumang panahon sa pagpapaunlak sa aking mga katanungan.

Sa mahuhusay na edukador sa pedagohiya, metodo at mga simulain na nagbahagi ng dunong at nagbigay ng mas matibay na pundasyon sa pag-aaral na sina **Dr. Judy C. Bautista, Dr. Adonis P. David.**

Kay **Prof. Myrna Rabina** dahil sa kanilang hindi matatawarang pagsuporta at pagpapasensya, sa bukal na loob na pagbabahagi ng oras sa anumang maibibigay na tulong para mairaos ang pag-aaral.

Kay **Prof. Voltaire Villanueva** dahil sa kanyang pagbabahagi ng kahusayan upang mapadali ang hakbang ng pananaliksik na ito sa bandang umpisa ng pag-aaral, maging sa nabuong ugnayang pagkakaibigan.

**Sa aking mga kaklase** sa masteral na kinalaunan ay naging kaibigang tapat at tunay dahil sa walang pag-aalinlangang pagpapasaya, paglalaan ng oras, at pakikinig sa lahat ng pinagdaanan ko upang maitawid ang pag-aaral – **Jen, Dan, Ruth, Pia, Brenda**.

Kay **Ian**, na anumang oras ay nagbigay ng kaniyang tulong at pagpapaunlak sa mga katanungang may kinalaman sa pag-aaral na ito.

Muli, taos puso at buong kagalakan akong nagpapasalamat sa inyong pagtitiwala at pagiging karamay sa lahat ng sandaling iginugol sa pag-aaral na ito. Walang hanggang pasasalamat!

**BSS**

Para sa

**Maykapal** na maykaloob niring buhay

aking **ina** at **ama** sa patuloy na dulot ng inspirasyon at dahilan

ng pag-iral

mga **gurong-tagapayo** at **miyembro** ng organisasyon

sa maalab ninyong pagmamahal sa gawaing pampaaralan

| | |
|---|---|
| Pamagat | i |
| Dahon ng Pagpapatibay | ii |
| Abstrak | iii |
| Abstract | v |
| Pasasalamat | vii |
| Paghahandog | x |
| Talaan ng Nilalaman | xi |
| Talahanayan | xiii |
| Pigura | xiv |
| Apendiks | |

## TALAAN NG NILALAMAN

| **Kabanata** | **Pahina** |
|---|---|
| **Kabanata 1: ANG SULIRANIN AT KAUGNAY NA LITERATURA** | |
| 1.1 Ang Suliranin at Kaligiran ng Pag-aaral | 1 |
| 1.2 Kaugnay na Literatura at Pag-aaral | 7 |
| 1.3 Konseptuwal na Balangkas ng Pag-aaral | 34 |
| 1.4 Layunin ng Pag-aaral | 35 |
| 1.5 Kahalagahan ng Pag-aaral | 35 |
| 1.6 Katuturan ng Katawagang Ginamit | 38 |
| **Kabanata 2: METODOLOHIYA NG PAG-AARAL** | |
| 2.1 Disenyo ng Pag-aaral | 40 |
| 2.2 Ganapan ng Pag-aaral | 40 |
| 2.3 Kalahok sa Pag-aaral | 41 |
| 2.4 Instrumento ng Pag-aaral | 43 |
| 2.5 Mga Hakbang sa Pag-aaral | 44 |
| 2.6 Etikal na Konsiderasyon sa Pag-aaral | 53 |

**Kabanata 3: RESULTA AT PAGTALAKAY**

| | |
|---|---|
| Tema 1: Pag-uugnay ng Karanasan | 56 |
| Tema 2: Pagkokonsepto | 60 |
| Tema 3: Paggamit ng Estratehiya (Pagsulat at Pampag-iisip) | 64 |
| Tema 4: Paghuhusga | 71 |
| Nabuong Modelo | 74 |

**Kabanata 4: LAGOM, KONKLUSYON, REKOMENDASYON**

| | |
|---|---|
| 4.1 Lagom ng Pag-aaral | 82 |
| 4.2 Lagom ng Resulta | 83 |
| 4.3 Limitasyon ng Pag-aaral | 84 |
| 4.4 Kongklusyon | 85 |
| 4.5 Rekomendasyon | 86 |

| | |
|---|---|
| Talasanggunian | 82 |
| Curriculum Vitae | 206 |

**TALAHANAYAN**

Talahanayan 1 Distribusyon ng mga Kalahok 42

Talahanayan 2 Elemento ng Axial Coding 50

**PIGURA**

Pigura 1 Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral 34

Pigura 2 Hakbang ng Pag-aaral 52

Pigura 3 Nabuong Modelo 81

**APENDIKS**

Apendix A: Mga Liham 91

Apendix B: Talatanungan 97

Apendix C: Resulta ng Balidasyon ng Gawain sa Replektibong Pag-iisip 100

Apendix D: Nabuong Gawain sa Replektibong Pag-iisip 102

Apendix E: Resulta ng Pagsasanay sa Gawain sa Replektibong Pag-iisip 104

Apendix F: Talahanayan ng Open Coding 105

1. Open Coding sa Paksang Kahirapan 105
2. Open Coding sa Paksang Bullying 115
3. Open Coding sa Paksang Social Media 126

Apendix G: Lagom ng mga Natukoy na Code sa Open Coding 137

Apendix H: Mga Lumitaw na Tema mula sa Naihanay na Code 141

Apendix I: Transkripsyon ng Isip-Sambit sa Pagninilay 144

Apendix J: Mga Tulang Nabuo ng mga Mag-aaral 186

Apendix K: Larawan sa Pagpapasagot ng Talatanungan 204

# KABANATA I

# ANG SULIRANIN AT KAUGNAY NA LITERATURA

## 1.1 Ang Suliranin at Kaligiran ng Pag-aaral

Ang edukasyon sa bansa ay may mithiing makasabay sa global na kompetisyon at maihanda ang mga mamamayang Pilipino sa mundo at paghahanapbuhay sa global na pagtanaw. Mula sa nabanggit na pananaw, ito ang nagbukas ng kaisipan sa Departamento ng Edukasyon nang maipatupad ang programang K to 12 o Enhanced Basic Education Curriculum alinsunod sa RA 10533.

Pangkalahatang layunin ng Kurikulum ng K to 12 ang makalinang ng isang buo at ganap na Pilipinong may kapaki - pakinabang na literasi. Kaugnay nito, layunin ng pagtuturo ng Filipino na malinang ang (1) kakayahang komunikatibo, (2) replektibo/ mapanuring pag-iisip, (3) pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga babasahin at teknolohiya tungo sa pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan, kultural na literasi, at patuloy na pagkatuto upang makaagapay sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa daigdig. (K to 12 Gabay Pangkurikulum sa Filipino, 2013)

Samakatuwid, hindi lamang nilalayon ng bagong kurikulum ang maging bihasa pang-akademiko kundi maisabay na mailandas ang mga mag-aaral sa kasanayang gigiya sa kanila na maging kapaki-pakinabang paglabas sa mundo ng klasrum.

*Most of our schools focus on teaching a set of basic skills that do not serve the needs of modern society. Traditionally, schools stressed the accumulation of information, and did not emphasize skill development."*
Educational Broadcastinbbg Corporation, 2004 kay Tolentino (2014).

Malinaw na ipinararating ng pahayag na sa tradisyonal na konteksto ng pagkatuto, nakatuon ang paaralan sa pagpupunla ng impormasyon subalit naisasantabi na mahasa ang mga mag-aaral sa tinatawag na nakasanayang pag-iisip *(habit of the mind)* na mahalagang kasangkapan nito sa mabilis na pagkuha ng impormasyon:

*"The K-12 curriculum shall use pedagogical approaches such as constructivism, inquiry-based, reflective, collaborative and integrative."*

Ang replektibong pagkatuto ay isa sa mga dulog pedagohikal na sinasandigan ng kurikulum. Sa pag-aaral na pinamagatang *A Reflective Approach to Teaching and Learning:* Reflection as Awareness na nailathala sa online ng The University of Arizona Health Sciences: Educational Framework (2015), tinalakay ang tungkol sa *Reflective Awareness* na nagsisimula diumano sa pagkilala sa sarili at sa pagiging dinamiko sa pagitan ng tagapagturo at tinuturuan sa konteksto ng tiyak na setting pang-edukasyon. Pinagtibay ito ni Duffy et.al. (2015) nang kaniyang ipahayag ang napatunayan sa pag-aaral na may kinalaman sa metakognitibong pagpoproseso sa pangkatang regulasyon sa kontekso ng medisina:

*"...the team members and leader exhibited a great deal of metacognitive knowledge while reflecting upon the sources of their difficulties."*

Duffy et.al. (2014)

Pinapanday ng pahayag na ito ang mahalagang bagay na ginagampanan ng pagninilay sa konteksto ng edukasyon. Matatag na rin itong instrumento sa pagsubaybay sa sariling pagkatuto. Nabakas ito sa nabanggit na salitang "metakognitibo" na katuwang na nahahasa kapag nagmumuni kung kaya't katanggap-tanggap ang pagbubukas ng pinto ng Kagawaran ng Edukasyon sa replektibong pagkatuto bilang dulog kung saan nakaangkla ang kurikulum.

> *As the study progressed, self-systems thinking, emotional response, and a full range of cognitive systems were seen in the students' reflections along with evidence of higher level functioning.*
>
> Murphy (2014)

Ipinahayag naman ni Murphy (2014), na ang patuloy na pagninilay, habang tumatagal ay nagbubunsod sa mga mag-aaral sa paglago ng kasanayang pangkognitibo at mas malalim o kritikal na pag-iisip.

Sa kabilang banda, malaki ang ugnayan ng pagninilay at pagsulat. Palaging tila magkakabit ang dalawa sapagkat pinaniniwalaang ang pagsulat ay isa matatag na midyum upang mamalas ang kahusayang replektibo na siyang ibinabandera ng maraming pananaliksik tulad ni Ross (2011) sa kaniyang pag-aaral na pinamagatang*, "Reflective Writing: An Approach to Developing Critical Thinking and Proficient Writing"* na magagamit sa pagtuturo ang replektibong pagsulat bilang *tool* upang matulungan ang mga mag-aaral na malinang ang kanilang kritikal na pag-iisip at pagiging replektib. Mahalagang tuon rin sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ay ang pagsulat. Isa ito sa makrong kasanayan na

kailangang pagtuunan ng pansin sa Filipino dahil ito ay sinasabing produkto ng mapanuri at malikhaing pag-iisip na isang kasanayan ng isang indibwal na nagiging daan upang makapagbigay ng interpretasyon, makapagsuri ng mga patunay o ebidensya at mataya o mahusgahan ang mga impormasyon upang maisaayos ang datos at makabuo ng bagong ideya at perspektiba. Salamin din ang pagsulat upang mailarawan ang iba't ibang uri ng pag-unawa sa isang masalimuot na prosesong pangkaisipan.

> *"Writing – the art of communicating thoughts of the mind – is the great invention of the world… Great, very great, in enabling us to converse with the dead, the absent, and the unborn, at all distances of time and space, and great not only in its direct benefits, but its great help to all other inventions".*
>
> \- Abraham Lincoln

Malaki ang paniniwala ni Lincoln na makapangyarihan ang pagsulat. Sa modernong panahon kung saan ang mga mag-aaral ay nahuhumaling sa *social networking sites* at *instant messaging*, nagkakaroon diumano ng limitadong pagkakataon ang mga mag-aaral na masanay ang kanilang kritikal na pag-iisip na esensyal sa mabisang pagsulat.

Sa konteksto ng edukasyon sa bansa, masigasig ang Departamento ng Edukasyon sa pagpapahusay sa mga mag-aaral bilang epektibong komyunikeytor –pasalita man o pasulat kung kaya't bahagi ng pagtatamo ng kahusayan sa larangan ng pagsulat ay ang patuloy na pagtatatag ng publikasyon o samahang mag-aaral sa pamamahayag o *journalism* sa bawat paaralan sa bansa, mula elementarya hanggang sekondarya. Sa puntong ito, ang mananaliksik ay opisyal na tagapayo ng pampaaralang

pahayagan, *"Ang Pagsulong"* sa loob ng limang taon hanggang kasalukuyan, samakatuwid, ang mananaliksik rin ay isa sa tagapagtaguyod ng larangan sa pagsulat. Maliban dito, minimithi nitong maitaas ang kasanayan at kahusayan sa pagsulat hindi lamang sa paimbabaw na pagtingin rito bilang isang gawain o lunsaran para maituro ang gramatika kagaya ng kinagawian. Nakikita ng mananaliksik na tingnan ang pagsulat sa mas malawak na perspektiba, sa pamamagitan ng pagtingin rito bilang lunsaran ng mataas na antas ng pag-iisip o sa aspektong kognitibo na siyang isang tutukuyin sa pag-aaral sa pamamagitan ng pagsubaybay sa pagninilay o *reflection* ng mga mag-aaral.

Ang mga nabanggit ang nagtulak sa pag-aaral  na ito na magtiwala rin sa *genre* ng tula bilang susulatin ng mga mag-aaral sa pagpapalabas ng pagninilay, maliban sa personal na kadahilanan na makata rin ang mananaliksik. Matatag na pinaniniwalaan sa pag-aaral ang kaangkupan nito sapagkat ayon nga sa ipinunto ni Billy Collins (1920, p. 104) sa kaniyang aklat na *"Introduction to Poetry":*

> *Poetry may be a useful tool for reflection, particularly in encouraging reflection on ones motivation to teach, given the dominance of this area as a thread within discussions, what one of the participants in his interview called 'higher reflection'*

Napatunayan sa pahayag ang pagpapatibay sa ideya na angkop ang tula na magdadala sa mga mag-aaral sa mas mataas na antas ng pagninilay. Pinagtibay ito sa pamamagitan ng pagsasabi ni Jorge Luis Borges (2000) kay Tolentino (2014) tungkol sa hindi maihihiwalay na buhay at sarili sa tula:

> *"We go on to poetry; we go on to life. And life is, I am sure, made of poetry. Poetry is not alien—poetry is, as we shall see, lurking round the corner. It may spring on us at any moment".*

Mula sa nabanggit ni Borges (2000), kinakailangang manuot sa isip ng mga mag-aaral na ang tula ay hindi maibubukod sa sarili at lipunan. Ito ay nakatanim na sa ating kaibuturan na nangangailangan na lamang ng magbubunsod dito upang mailuwal ito higit lalo sa isang indibidwal na hilig ang pagsulat. Sa katotohanang ang tula ay hindi maihihiwalay sa sarili, matatanaw na malaki ang nag-uugnay sa tula at pagninilay.

Sa kabilang banda, ano nga ba ang matibay na ebidensya na nagaganap ang pagninilay sa isang indibidwal? Isa sa pinagtatalunan ay ang pagdududa ng mga eksperto sa pagiging awtentiko ng pagsulat para maging tanda ng pagninilay sapagkat natutuhan raw diumano maging hindi tapat ang mga mag-aaral sa kanilang isinusulat. Ito rin ang naging kahinaan ng *retrospective reflection* ni Schon (1967), pagninilay sa nakaraan o natapos na gawain. Dito nakita ng mananaliksik ang kaangkupan ng paggamit ng *think aloud protocol* na binigyang salin sa pag-aaral na ito bilang "isip-sambit" upang aktuwal na mahagip ang pagninilay ng mga mag-aaral habang nagsusulat ng tula. Itinuturing rin na ang paggamit ng isip-sambit bilang *learning style* ay isa sa nagpapamukod-tangi sa pag-aaral na ito kaiba sa iba pang mga naging pag-aaral.

Ang epektibong pagtuturo at pagkatuto ay nakasalalay sa malikhain at siyentipikong proseso, Bilang guro, maituturing na manggagawa at alagad ng sining at agham. (Belvez, 2000). Kaya ang

gampanin ng guro ay hindi rin natatapos na proseso, dinamiko ang pagkatuto higit lalo sa nagbabagong panahon na ating kinalalagyan.

Ang tagumpay ng bagong kurikulum, pagkatuto ng mga mag-aaral ay higit na nasa kamay ng mga guro, sa pagpapadaloy ng mga bagong kaalaman na angkop sa panahon. Lalo pa itong magiging makabuluhan kung ang guro ay makagagamit at makatutuklas ng mga bagong estratehiya at pamamaraan sa pagtuturo kaalinsabay ng mabilis na pagtatamo ng mga layunin ng K to 12.

Matindi ang paniniwala ng mananaliksik na ang pagbuo ng mga replektibong modelo na magpapakita ng pamamaraan sa pag-iisip ng mga mag-aaral ay higit lalong magpapatingkad ng kahusayan ng mga mag-aaral sa proseso ng pag-iisip at magkakaroon ng malaking kapakinabangan sa kanila hindi lamang sa tula kundi sa iba pang *genre* ng pagsulat.

Hinihingi ng mapanghamong panahon na ito ang patuloy na pagsasaliksik ng mga pamamaraan tungo sa patuloy na paglago ng kaalaman. Ito ang nagbunsod sa pag-aaral na tatangkaing bumuo ng modelong replektibo na magmumula sa pagtukoy ng proseso ng pag-iisip ng mga mag-aaral habang nagsusulat ng tula.

**1.2 Mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral**

Masusing inisa-isa ng mananaliksik  sa bahaging ito ang mga nakaagapay na makabuluhang literatura tungkol sa mga mahahalagang

konsepto ng pag-aaral – (1) Mga panulukang pananaw tungkol sa Pagninilay; (2) Ang paghagip sa pagninilay sa pamamagitan ng *"isip-sambit" (Think Aloud protocol); at* (3) Mga talakay tungkol sa 'G*rounded Theory'* bilang teoryang sinasandigan ng pananaliksik at kung paanong ang mga konsepto, ilang pag-aaral ukol rito ay hustong makatutulong sa mananaliksik na bigyang-daan ang pag-aaral.

### **1.2.1 Ang Repleksyon o Pagninilay sa Pagkatuto**

Tutukuyin sa pag-aaral na ito ang pagninilay hindi lamang kasanayang dapat paunlarin kundi maging sa aspektong kognitibo na ipinagpapalagay ng mananaliksik na indikasyon ng mataas na antas at kakayanang pampag-iisip.

Sa pag-aaral ni Redmond (2014), na pinamagatang *"Reflection as an Indicator of Cognitive Presence*, pinagtibay niya na ang malalim na pag-iisip ay mamamalas sa pamamagitan ng pagninilay. Sa nabanggit na pag-aaral, tinukoy na sa tuwing nagtatalakay ang guro *online*, ang mga mag-aaral ay nagagawang magbahagi at magkomento ng kanilang naiisip maging sa perspektibo ng kanilang kapuwa kasabay ng lumalalim na pang-unawa at pag-iisip nito. Upang isagawa ito, bumuo si Redmond (2014) ng mungkahing modipikasyon sa *coding* ng pagninilay mula sa orihinal na *protocol* nito sa prosesong pangkognitibo. Sa pag-aaral na ito, matatag ring pinanghahawakan na may malaking gampanin ang pagninilay tungo sa mas mataas na antas ng pag-iisip ng mga mag-aaral.

Binigyang pakahulugan ni Garisson et. al (2001), ang *Cognitive Presence* bilang kakayahan ng mga mag-aaral na bumuo at maglinaw ng kahulugan sa pamamagitan ng repleksyon at diskurso sa isang kritikal na kapaligiran na mapag-usisa. Samantala, sinuportahan ito sa pahayag ni Dewey (1933) sa kaniyang sinabi:

> *'[a]ctive, persistent, and careful consideration of any belief or supposed form of knowledge in the light of the grounds that support it and the further conclusions to which it tends' (p. 9). Reflection is a significant component of deep learning. When learners progress through the four phases of cognitive presence, the 'progression of reflection and discourse through to resolution (i.e. understanding), is essential' (Garrison & Anderson, 2003, p. 61).*

Sa kabila ng hindi mabilang bilang na tangka sa paghagip sa kahulugan, pamamaraan at proseso ng repleksyon o pagninilay. Pinaniniwalaan ng mga iskolar na magandang simulan ang lahat sa pagbabanggit ng pinakasimple ngunit malinaw na depinisyon nito na ang salitang "repleksyon" ayon kay Moon (1999) ay indikasyon o tanda ng malalim na pag-iisip tungkol sa isang bagay. Ang iba pang mga talakay sa pagsasapraktika tungkol sa repleksyon ay matatagpuan sa mga trabaho ni Dewey (1981). Ayon pa sa kaniya ang replektibong pag-iisip ang nag-aalis sa indibidwal mula sa pabigat at hindi tumimong impormasyon, sa halip, napahihintulutan siyang maging responsable sa pagsasaayos ng mga impormasyon tungo sa makabuluhang pag-unawa at komprehensyon sa anumang asignatura. Sa kritikal na pakikisalamuha sa mga impormasyon, nararapat na nagiging makabuluhan ito sa kanilang buhay at bilang propesyunal sa hinaharap. Gayundin, magiging mas hitik ang pagkatuto para sa mga gurong gumagamit nito upang maging mas makapagpahayag

nang may buong diwa gamit lamang ang maikli at simpleng salita. Ang ilan sa konsepto tungkol sa pagninilay ay kinalaunang pinaghanguan at nagbigay impluwensya sa mga sumulpot na pag-aaral tungkol sa replektibo at eksperiyensyal o pangkaranasang pagkatuto, halimbawa dito ay ang mga konsepto nina Kolb (1984 na binanggit nina Boud, Keogh & Walker, 1985).

Ang mga naibigay at nabanggit na depinisyon tungkol sa replektibong pagkatuto – kung paano ito nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-iisip at tumitimong kaalaman, ay nagpalakas sa kakayahan nito upang maging sandigan ng Departamento ng Edukasyon sa Pilipinas bilang isa sa dulog sa pagtuturo ng guro maging sa pagtataya sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ginamit ang replektibong dulog sa isinagawang pag-aaral ng fakulti ng Arellano University-Pasig nang kanilang isagawa ang pag-aaral na pinamagatang *“Action Research and Reflective Approach to Teaching: Bases for Improvement of Instruction”. Ang pananaliksik ay tung*kol sa pagbuo ng aksyong pananaliksik upang mapaunlad ang paraan ng pagtuturo ng mga guro. Pagkatapos maipanukala ang aksyong pananaliksik ng dalawampu’t limang (25) guro na may digring masteral at doktoral at mula sa iba’t ibang kagawaran ng asignatura, sila ay nagsagawa ng pagninilay o *reflection*. Sa huli, lahat ng gurong respondente ay sumang-ayon sa kabisaan ng aksyong pananaliksik at pagninilay para mapaunlad

ang pagtuturo sa klase sa pamamagitan ng paggamit nito bilang panukatan sa pagtataya ng natutuhan ng mga mag-aaral.

Mapatutunayan ng mga nabanggit na kaugnay sa pag-aaral ang kahalagahan at kabisaan ng pagninilay o replektibong pag-iisip hindi lamang sa mga mag-aaral kundi maging sa mga propesyunal. Tanda na ito ay esensyal hindi lamang pang-akademiko kundi bilang kaagapay ng guro sa paghahasa ng prosesong pampag-iisip ng mga mag-aaral.

### 1.2.2 Ang *Verbal Protocol* bilang tagapaghatid ng Pagninilay

Ang mga nabatid na kaunawaan ukol sa pagninilay sa naunang bahagi ang maghahatid sa atin upang isaalang-alang ito bilang mental na proseso. Ngunit paano maihahatid sa atin ang mga impormasyon tungkol sa naisakatuparang pagninilay? Dito nakita ng mananaliksik ang kaangkupan ng *Verbal Protocol* na binigyang salin sa pag-aaral na ito bilang "Isip-Sambit". Ang *Verbal Protocol* ay pinagmulan ng orihinal nitong konsepto ng *Think Aloud Protocol* na kilala bilang istilong pampagkatuto kung saan sinasambit o sinasalita ng mga mag-aaral ang kanilang iniisip.

Simula pa noong 1900's, ang mga mananaliksik ay sumasandig sa mga berbal na datos upang makakuha ng palagay tungkol sa pag-iisip at pagkatuto. Sa pagtagal ng panahon, nakita nila na ang mga berbal na datos ay kinalaunang lumalabo. Noong 1912, si Edward Titchener, isa sa pundasyon at nagpasimula ng *structural psychology* ay naglunsad ng paggamit ng *instrospection* o pag-aanalisa sa mental na pagpoproseso ng

indibidwal sa mga *highly-trained self-observers* bilang tanging metodo upang mabunyag ang tiyak na kognitibong pagpoproseso. Sa kabilang banda, ang ganitong teknik ay inulan ng batikos at kritisismo. Tinuligsa ng mga mananaliksik ang pagiging obhektibo ng teknik kung saan ang mga tao ay nagkakaroon ng kabatiran upang ma-access o malaman maging ang kanilang kognitibong pagpoproseso. Habang ang *behaviorism* ang isa sa dominanteng perspektibo sa pag-aaral ng pagkatuto sa Estados Unidos, itinuring ang mga datos na berbal bilang behavioral na produkto at hindi bilang isang impormasyon na magbubunyag ng alinman sa kognitibong pagpoproseso. Mula taong 1920 hanggang 1950, inabandona at binalewala ng mga mananaliksik ang introspektibong teknik at maging ang iba pang berbal na datos.

Habang ang Estados Unidos ay nananatili ang pananampalataya sa di-berbal at mga limitadong berbal. (e.g., oo/hindi) na teknik, ang Swiss na teorista na si John Piaget (1936) na umaasa sa berbal na pagpapaliwanag ng mga bata upang makakuha ng insight o pagsusuri sa kanilang kognitibong kakayahan at pagpoproseso, naniniwala si Piaget (1936) na ang mga paliwanag ng mga bata bilang kanilang tugon sa kognitibong gawain ay naglalatag ng maraming impormasyon ukol sa kanilang iniisip kaysa sa pagsasagawa ng gawain mag-isa.  Nang mga panahon ring iyon ang unti-unting pagbulusok ng paniniwalang behaviorism bagamat hindi pa rin naging buo ang paniniwala ng marami kay Piaget (1936).

Nang tuluyang umusbong ang kognitibong sikolohiya noong 1960, ang mga edukador at sikolohista sa pag-eeksperimento ay nagsimulang magkaroon ng interes sa pagkamagagamit ng mga berbal na datos na naglalaan ng mga impormasyon ukol sa pag-iisip at pagkatuto. Ang mga mananaliksik sa kognitibong pag-aaral ay bihirang gamitin ang orihinal na *introspection technique* ni Titchener noong dalawampu't isang siglo. Samantala, mula pa noong 1980's ay tumaas ang bilang ng mga mananaliksik na gumamit ng verbal protocol analysis, na ang pinagmulan ay ang *introspection technique*, upang pag-aralan ang kognitibong pagpoproseso na kasangkot ang isang gawain tulad ng paglutas ng suliranin, komprehensyon sa teksto, agham pang-edukasyon, pagtatamo ng pangalawang wika at *hypertext navigation.*

Ang "verbal protocol" ayon kina Van Someran, Barnard, at Sandberg (1994), ay ginagamit kung ang isang indibidwal ay binibigkas ang kaniyang iniisip habang humaharap sa isang tiyak na gawain o sitwasyong nangangailangan ng pagresolba. Ang ganitong aksyon ay sinasabing bumubuo ng mga "*verbal reports"* na natutuhang analisahin upang tumugon o magpaliwanag ng prosesong kognitibo. Bilang resulta, ang nagsasagawa nito ay nagkakaroon ng mga pananaw sa lahat ng kaniyang iniisip na nabuo habang isinasakatuparan ang *task* sa isang tiyak na paksa (Ericsson et.al, 1980 kay Albers, 2016). Kapuwa sinabi nina Ericsson et.al. (1980) and Van Someren et.al. (1994), na mahalagang mag-ingat sa pagpapanukala nito, ilang sa mga dapat isaalang-alang ay una, himukin ang mag-aaral na

sabihin ang naiisip; ikalawa, sikaping hind maging pabigat at balakid ang *verbal protocol* sa proseso ng pag-iisip ng tinatayang mag-aaral; ikatlo; mahalagang mapili ang paksa upang hindi ito maging sagabal sa pagtugon ng mga mag-aaral, na baka sa halip na magbulalas ng iniisip ay problemahin kung paano makauugnay sa paksa; at ikaapat, pagsasagawa ng talakay bilang balidasyon pagkatapos isakatuparan ang isip-sambit.

Tinatayang dalawang dekada nang ginagamit ang *verbal protocol* (Stratman & Hamp-Lyons, 1994) ngunit sa kabila ng sinasabing kabisaan nito bilang metodo sa pananaliksik, maraming pumupunang sa kognitibong pagsulat, maituturing itong balakid sa katotohanang sabay ang pag-iisip at pagsasalita. Sa ganitong usapin, mapagdududahan ang kabisaan at pagiging awtentiko ng resulta. Isa rin sa ipinupukol dito, ang isip-sambit diumano ay maituturing kung ganoon na isang “reaksiyon” lamang. Kaya naman sa pag-aaral nina Daniël Janssen, Luuk van Waes, Huub Van Den Bergh (2007) ay nagsagawa ng eksperimental na pananaliksik kung saan ang pagsulat ay isasagawa sa pamamagitan ng dalawang paraan: tahimik at pabigkas. Napag-alaman sa pag-aaral na sa ilang pagkakataon, balakid ang isip-sambit sa proseso ng pag-iisip ngunit ito ay nakadepende sa sitwasyon at kaligiran ng diskusyon. Nilinaw at binigyang-diin rin ng mga mananaliksik na hindi dapat abandonahin ang paggamit ng isip-sambit sapagkat lahat naman diumano ng metodo at dulog ay may kani-kaniyang kahinaan at kaangkupan. Sa huli, mahalagang magkaroon ng empirikal na pagsisiyasat sa paggamit nito at kung ito ba ay posibleng maging banta sa

pananaliksik. Sa pag-aaral na ito, nasuri na angkop ang paggamit ng isip-sambit sa katotohanang nararapat na mahagip ang prosesong pampag-iisip ng mga mag-aaral. Tiniyak naman na sa pagsasagawa nito, naging maingat ang mananaliksik sa pagsunod sa wastong hakbang ng isip-sambit.

Sinasang-ayunan sa pananaliksik na ito ang punto na nabanggit tungkol sa isip-sambit sa paggamit nito bilang istilong pagkatuto o *learning style* na makatutulong sa pag-aaral. Ang pamaraang ito ang metodo na nagamit upang mahagip ang pagninilay ng mga mag-aaral habang sumusulat. Bagamat marami ang nagsasabi at nag-aakala na sa pasulat na paraan lamang natutuhang mahagip ang pagninilay dahil dito natutuhang magsagawa ng dokumentasyon at pagrerekord para sa pagtataya (Hatton at Smith 1995), maraming argumentong lumitaw kaugnay sa paghagip nito. Maraming nagsasabi na hindi angkop magnilay pagkatapos sapagkat natutuhang maging balakid pa ito tungo sa maginhawang pagninilay. May mga pagdududa pa na nababawasan ang pagkaawtentiko ng pagninilay kung ito ay pasulat sapagkat palaging ito ay natutuhang baguhin. Gayundin, tinitingnan ang pagtatala o pagdyo-dyornal bilang *out-dated* na midyum sa paghagip ng pagtataya (Dixon et al., 2013).

Ang paglalapat ng pagninilay ay matutukoy sa oras ng pagsasagawa nito. Halimbawa ay ang mungkahi ni Schon (1991), Una dito ay ang *reflection-in-action* (e.g., proseso ng pag-iisip at pagninilay habang aktuwal na gumagawa ng isang bagay), ikalawa ay ang *reflection-on-action* (e.g., proseso ng muling pag-iisip at pagninilay pagkatapos gawin ang isang

bagay tungo sa pagpapaunlad ng sarili). Sa puntong ito, isasagawa ang pagsubaybay sa pagninilay gamit ang isip-sambit sa panahong aktuwal na nagninilay o nagsusulat ang mga mag-aaral ng tula.

Maraming suhestyon kung paano isasagawa ang paglikom ng datos sa pamamagitan ng *verbal protocol.* Una, pagsasanay sa mga kalahok; Ikalawa, simulan ang aktuwal na gawain; Ikatlo, pagsasagawa ng transkripsyon, Ikaapat, pagsasagawa ng coding; Ikalima, pagtukoy ng relasyon ng mga code, Ikaanim, tukuyin ang suliranin at bigyang diin ang proseso; Ikapito, pag-aanalisa ng istruktura ng coding. (Education Encyclopedia-StateUniversity.com.Education – Encyclopedia.Research Methods – Qualitative and Ethnographic, School and Program Evaluation, Verbal Protocols).

Naging kanlungan ang mga konseptong natutuhan sa mga pag-aaral upang mahagip ang pagninilay sa aktuwal na proseso ng pagsusulat ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng *Verbal Protocol*, unang dahilan ay mas mapanghahawakan ang resulta sa pagninilay na nahagip agad na siya ring pangangailangan ng pag-aaral, ikalawa ay mahirap balikan at pagtiwalaan ang pagninilay pagkatapos magsulat.

### 1.2.3 Ang Kognitibong Pagtula

Ang *Cognitive Poetry* o “Kognitibong Pagtula” ay tumatalakay sa kognitibong pagpoproseso na nagtatangkang magpaliwanag ng nagtitrigger o nagbubunsod sa malikhaing pag-iisip ng indibidwal. Ito ay naglalapat ng

mga prinsipyo ng kognitibong sikolohiya upang makabuo ng mga teksto ng tula. Ang isa sa teoretikal na konsiderasyon o haligi ng kognitibong poetika ay ang paniniwala nito na ang isa sa mga pinakamahalagang esensya ng malikhaing pagganap ay upang makahango ng tugon o reaksyong pang aestetika mula sa pinanggagalingan nito. Tinatalakay rin ng kognitibong pagtula ang pag-aanalisa sa kognisyon ng tao sa paghahanap nito ng mga alternatibong teknik upang makapagkonstrak ng tula.

### 1.2.3.1 Mga Batayang Konsepto ng Kognitibong Pagtula

Tatalakayin sa bahaging ito ang mga batayang konsepto ng kognitibong pagtula. Kapaki-pakinabang ang bahaging ito ng literatura ng pag-aaral sapagkat tinatangka nitong ipaliwanag ang kognitibong pagpoproseso ng indibidwal sa pagtula na maaaring maging sandigan ng magiging resulta sa isinasagawang pag-aaral. Dahilan sa ang pag-aaral na ito ay ginamit ang *genre* ng tula bilang daluyan ng replektibong pag-iisip, minarapat ng mananaliksik na maghanap ng kaugnay na pag-aaral na nag-uugnay ng tula at aspektong kognitibo. Sa puntong ito, mababasa sa susunod na bahagi ang ilan sa mga iskolar na naniniwalang ang pagiging malikhain ng indibidwal na pinagagana ng kanyang sistemang pangkognitibo ay may malaking gampanin upang makabuo siya ng tula.

Ginagampanan ng “Aestetikang Pagtugon” (*Aesthetic Reaction*) ang pinakaubod ng pagiging malikhain ng isang indibidwal (Kahrkhurin, p. 2-14). Dito, ang anumang sining na kinasasangkutan ng indibidwal ay nagkakaroon ng impak o epekto sa kanyang aestetikang pagtugon.

*For Vygotsky, "aesthetic response, above all, is a response that annihilates our nervous energy; it is an explosion." (1925/1971, p. 205)*

Sinang-ayunan ito ni Vygotsky na ang anumang tugong pang-aestetika sa isang gawaing sining ay isang rebelasyon.

Itinuturing ng mga iskolar na isa sa pangunahing komponent ng malikhaing pag-iisip ay ang “Namumukod-tanging Pag-iisip” (*Divergent Thinking*) (e.g., Lubart, 2000). Ito ay ang pag-iisip na hindi malay ang indibidwal at ang atensyon ay hindi nakapokus. (e.g., Koestler, 1964; Mednick and Mednick, 1967; ward, Smith, & Vaid, 1977). Ang tinatawag na *unconscious functioning* ay maipaliliwanag ng mekanismo ng awtomatikong aktibasyon na patuloy na natitrigger ng mga mental na representasyon. Samakatuwid, ang namumukod-tanging pag-iisip ng indibidwal ay tumutukoy sa abilidad na pagpoproseso ng mga hindi kaugnay na konsepto.  May kinalaman dito ang istrukturang pansemantika at ang impluwensiya nito sa naipoproseso o nabubuo ng indibidwal. (Warm Patterson, Sifonis, Dodds & Saunders, 2002). Samantala, ang istruktura ng imahinasyon ang naglilimita sa indibidwal na mag-isip lampas sa iniisip nito. Dito kung ganoon nagkakaroon ng bayolasyon ang isang indibidwal sa kanyang hangganan sa pagkokonsepto.

Sa Metaporikal na Pag-iisip (*Metaphorical Thinking*), napag-alaman na may mahalagang gampanin ang malikhaing pag-iisip sa pangkabuuan ng proseso ng kognitibong pagtula. (e.g., Lubart & Getz, 1997; Silvia & Beaty, 2012; Ward et al., 1997). Tumutukoy ito sa pagbuo ng metapora sa

pagsulat ng tula. Sinasabing ang pinagmumulan ng pagbuo ng metapora ay ang pag-uugnay at pagkukumpara sa mga sitwasyon (Kharkhurin, 2016). Samakatuwid hindi lamang ito tumutukoy metapora per se na isang uri ng tayutay. Samantala, ang metapora sa asignaturang agham ay may malaking gampanin sapagkat ito ang nagsisilbing tipak o bloke upang mabuo ang isang paradigma.

Sa kabilang banda, tinitingnan ang "Emosyon" (*Emotions*) bilang motibasyon o nagbubunsod sa indibidwal upang makabuo ng mga pag-uugnay o metapora ay ang kanyang emosyon (MacCormac, 1986). Ayon sa *Metaphor Formation Experimental Studies* (Fainsilber & Ortony, 1987; Williams-Whitney et al., 1992). Binunyag ng pag-aaral na kapag kasangkot ng indibidwal ang kanyang emosyon sa pagsasakatuparan ng isang gawain, nakabubuo sila ng mas maraming metapora. Sa kabilang banda, ang mga pasyente na may suliranin sa kanilang frontal lobe na nagpapakita ng suliraning emosyunal ay may kahirapan sa pagbuo nito.

Huli sa batayang konsepto ng kognitibong pagtula ay ang "Synaesthesia". Nakabatay ito sa neurohikal na penomenon na bumubuo ng padron ng pag-uugnay ugnay ng mga cross-modal na nagmumula sa aktibasyon ng mga sensori ng kognitibong modaliti. Nagpapakita ito ng pagtugon ng ibang sensori or daluyang pangkognitibo. Sa konseptong ito, ipinaliliwanag na ang indibidwal ay tumutugon sa pagtula dahil sa pag-iral ng synaesthesia. Dito umiiral at sensitibo ang senses na nagbibigay-daan sa pagiging malikhain. Halimbawa ay ang iba't ibang pagtingin o pagtanaw

ng isang manunulat sa *stimulus* o paksa na ibibigay sa kanya. Bagama't mula sa dayuhan ang konsepto at konteksto ng natalakay na artikulo, isinaalang-alang ng mananaliksik ang sumusunod sa paglalakip nito sa pag-aaral: una, ang artikulo ay tumutukoy sa mental na pagpoproseso ng indibidwal habang nagsusulat ng tula at hindi tuon sa indibidwal na lahi; ikalawa, magandang tingnan ang artikulo upang masuri kung ito ba ay mailalapat sa pilipinong mga mag-aaral; ikatlo, bibihira ang talakay, ni halos walang akademikong papel ang nagtatalakay ng kalikasan ng isip ng manunulat sa pagsulat at mainam na maisa-alang alang ito.

### <u>1.2.4 Ang Replektibong Pag-iisip Gamit ang Tula</u>

Ayon kay Kinsella (2010) sa kanilang pag-aaral na pinamagatang "*The art of reflective practice in health and social care: Reflections on the legacy of Donald Schön",* ang mga guro sa UK ay kasasalaminan ng masteri o pagkamaalam sa pagsasagawa ng pagninilay sapagkat ito ay ilalapat nila sa pagtuturo ngunit napag-alaman na may balakid sa pagsasagawa nito at ang dahilan ay ang kahirapan ng mga guro sa pagtatahi ng konsepto o paghuhugutan ng mga mag-aaral, kung kaya't ito ang nagbukas na madiskubre ang paggamit ng tula bilang *tool* sa pag-aaral na ito. Ito ang nagtulak sa mananaliksik na magtiwala rin sa *genre* ng tula bilang susulatin ng mga mag-aaral sa pagpapalabas ng pagninilay, maliban sa personal na kadahilanan na makata rin ang mananaliksik. Matatag na pinaniniwalaan sa pag-aaral ang kaangkupan nito sapagkat ayon nga sa

ipinunto ni Billy Collins (1920, p. 104) sa kaniyang aklat na *"Introduction to Poetry":*

> *"Poetry may be a useful tool for reflection, particularly in encouraging reflection on ones motivation to teach, given the dominance of this area as a thread within discussions, what one of the participants in his interview called 'higher reflection'."*

Napatunayan sa pahayag ang pagpapatibay sa ideya na angkop ang tula na magdadala sa mga mag-aaral sa mas mataas na antas ng pagninilay. Pinagtibay ito sa pamamagitan ng pagsasabi ni Jorge Luis Borges (2000) sa pag-aaral ni Tolentino (2014) tungkol sa hindi maihihiwalay na buhay at sarili sa tula:

> *"We go on to poetry; we go on to life. And life is, I am sure, made of poetry. Poetry is not alien—poetry is, as we shall see, lurking round the corner. It may spring on us at any moment". (Borges, 2000, p.3)*

Mula sa nabanggit ni Borges (2000) sa *This Craft of Verse*, kinakailangang manuot sa isip ng mga mag-aaral na ang tula ay hindi maibubukod sa sarili at lipunan. Ito ay nakatanim na sa ating kaibuturan na nangangailangan na lamang ng magbubunsod rito upang mailuwal ito higit lalo sa isang indibidwal na hilig ang pagsulat. Sa katotohanang ang tula ay hindi maihihiwalay sa sarili, matatanaw na malaki ang nag-uugnay sa tula at pagninilay.

Sa ganito naman binigyang-kahulugan ni Ranario (2010), ang tula sa kaniyang pag-aaral na "Tulambuhay: ang Tula bilang Saranggola ng Buhay":

> "*Ang pagtula ay sumasaklaw sa buong kasaysayan ng pakikipagtunggali ng makata, pakikipagpambuno, pakikihimok, at sa dulo, pagpapaamo nito sa kaniyang sining na sinumang ibig mangahas na bumaybay, tumugaygay, tumalima sa aral na ang paglalakbay ang patutunguhan. Sa huli, ang paglaya. Paglaya, sapagkat pinakikinis niya ang mga pilas ng karahasan, pinipino, inihuhugis bilang panibagong anyo. Pinipili ng makata ang katuparan ng kaniyang paglaya kasama ang kapayaan ng di-matinag tinag at mahinahong pagsunod sa hihip ng hangin ng buhay araw-araw." (Ranario, 2010, p. 56)*

Hindi maikakaila sa mga pahayag ang lubid na nag-uugnay sa tula at karanasan, tula sa katotohanan. Matindi ang pananalig ng pag-aaral na ito na sa sandaling makita ng mag-aaral na ang tula ay hindi lamang kahingian sa asignatura bagkus bumubukal sa kalooban at isang lunsaran sa pagpapahayag mula sa karanasang napagnilayan, mas magiging maginhawa ang paglikha nito hanggang ito ay makasanayan na nila at magbukas sa kanila sa kahusayan sa pagsulat nito.

Hindi natatapos na hamon sa guro sa pagpapasulat ng tula. Sa "Talinghaga ng Gana: ang banal sa mga piling tulang tagalog ng ika-20 siglo", may sinabing ganito si Añonuevo (2003, p.115):

> *Sa bandang huli'y para kanino ang gana? Kaninong kapakinabangan? Sa tao, para sa tao. Sa tula, para sa tao. Muli, para maunawa niya ang katotohanan sa bagay na hindi nakikita. Para mapahalagahan ang hindi nakikita kasabay ng dagling nakikita. Para maihandog ang karapat-dapat na pagdakila at pagpupugay sa mahirap-maapuhap-ngunit-nananahang banal sa talinghaga at sa buhay.*

Napangatawanan ni Añonuevo (2003) sa kaniyang pag-aaral ang pagpapanumbalik at muling pagbangon sa mga panitikan ng rehiyon. Maagap niyang tinipon ang dalawampu't limang (25) tula kasama ang tatlong sariling nalathalang tula bilang pagpapahalaga sa panulaang

Tagalog na may matibay na puhunan at pakikibaka sa kasaysayan. Maipagpapalagay na ang tinutukoy na gana sa sinabi ni Añonuevo (2003) ay motibasyon na nawawala sa mga mag-aaral. Ito rin ang mariin na layon ng pag-aaral, ang mahawaan motibasyon ang mga mag-aaral namanunulat sa bagong henerasyon sa pagsulat ng tula, higit-lalo, makapagpalakas at umalalay sa mga kabataang nawawalan na ng gana sa panulaan. Ang makapanghaw ng gana. Ang kahilingan ng panahon ngayon ay pagkalinga, sa halip na pagsira o pagwasak.

Kung napatunayan sa naunang bahagi na ang pagsulat ay isa sa pinakamainam na pamamaraan para malinang ang pagninilay, posible kaya ito sa pagsulat ng tula?

Sa *"Taludtod at Talinghaga*", sinabi ni Almario (2001) na isa ito sa hiwaga ng paglikha ng tula. Sa sandaling, magkatugma ang personal at ang damdaming madla, ang kahit pribadong pahayag ay natutuhang ekspresyon ng nakararami. Ang "ako" ay muling nagiging personang pangmaramihan. Dito bumabalik ang dating kapangyarihan ng talinghaga at ang sinaunang gawain ng makata. Sa sandaling matagpuan ng makata ang sarili na muling kapiling ng sambayanan, ang kaniyang sarili'y naghuhunos mula sa tiwalag na manunugma tungo sa matalik na tagapagsiyasat ng kaniyang historikal na karanasan. Sinususugan ito ng pahayag ni Steinman (2008, p.89) na nagpapamalas ng bagong pananaw tungkol sa panulaan at kaugnayan nito sa katotohanan:

*“Poets are equally engaged in and with the actual, historical world in which they live.”*

Masasabing walang saysay ang tula kung ito ay prosang itinindig lamang ng mga salita, pinatunayan ito ng mga nabanggit na pagpapakahulugan sa tula na kung susuriin, palaging nakakabit ang salitang “katotohanan at buhay”, samakatuwid, dapat na ito ay palaging may pagpapamalas ng panlipunang danas. Pinatatag ang naunang palagay sa tula na nabakas sa “Nationalist Literature” na inedit ni Elmer Ordonez, minsang sinabi Salvador Lopez (1940, p. 174-175):

> *…a writer’s attitude toward his art and his material, his very choice of subject matter, is to a very great extent dictated by the social milieu into which he is born and has his being. To this milieu the writer is bound to react, as only a truth sensitive person can react, in one of two determinable ways; positively by becoming the interpreter of the hope and despair, the freedom and the predicament, the tradition and destiny of a man in his time; or negatively by turning his back upon these either by reason of a bitter cynicism growing out of a general contempt for man and his works, or by reason of a deluded aestheticism which regards art solely as the quest beauty and nothing more.”*

Mula sa tinurang ito ni Lopez (1940), hindi mapasusubalian na ang lipunan na ginagalawan ng isang makata ay may malaking gampanin sa kaniyang sinusulat. Dito niya itinatala ang mga karanasan at mga nasaksihan na nakaimpluwensiya sa kaniya. Masusuri na sa tatlong salita lamang umiinog ang tula mula sa mga talakay na naibahagi ng mga makata – sarili, karanasan, lipunan. Dito lumalagos ang tula. Nagbabanggaan dapat ang mga ito at hindi mapaghihiwalay. At mula sa koneksyon ng manunula sa lipunan tungo sa paglalapat nito sa sariling karanasan, muli

siyang babalik sa sarili upang malikha ng tula, dito magaganap ang pagninilay,

Walang tiyak na pagkilala sa mga tulang replektibo o mapagnilay. May miskonsepsyon ang marami na ito ay hindi maipag-iiba sa tulang liriko ngunit binigyang linaw ito ni Rakesh Patel (2008) na pinamagatang *"What are Reflective and Lyric Poetry?"* Aniya, may malaking distinksyon ang naghihiwalay sa tulang replektibo at tulang liriko. Ang tulang liriko ay kadalasang maiksi at simple. Ito ay tuwirang pagpapahayag ng sentimyento, ideya at damdamin. Samantala, kung ang tula ay naglalarawan ng epekto ng kalikasan sa sarili at bilang tao, ito ay mauuri bilang tulang replektibo. Di gaya ng tulang liriko, ito ay may mas mahaba at mapag-isip. Itinuturing ang isang tulang Ingles ni Wordsworth (1807) na tulang replektibo sapagkat ito ay nalikha mula sa pagmumuni-muni sa kalikasan:

*"My heart leaps up when I behold*
*A rainbow in the sky:*
*So was it when my life began,*
*So it is now I am a man:*
*So be it when I shall grow old,*
*Or let me die!"*

Sa pag-aaral ni na pinamagatang "*Did anyone think the trees were students?" Using poetry as a tool for critical reflection",* pinagtiwalaan nina Jane Speare at Amanda Henshall (2014), na ang pagbasa at pagtalakay ng tula upang mahikayat ang mga mag-aaral na magnilay sa pamamagitan ng *group discussion* o naipalabas na *dialogic reflection*. Isa sa nakitang matatag na komponent ng pagninilay ay ang garantiya na pagbibigay nito

ng kaginhawaan ayon na rin sa fidbak ng mga mag-aaral na respondente ng pananaliksik. Iminungkahi ng mga mananaliksik na muli itong magamit sa mga susunod pang pag-aaral sa mas malaking lawak ng respondente. Ang pag-aaral na ito sa kabilang banda ay hindi gumamit ng pamaraang *Focus Group Discussion (FGD)* sa naisulat na tula bagkus aktwal na sumailalim ang mga mag-aaral sa gawain sa replektibong pag-iisip habang sinasambit ang kanilang iniisip sa pagsusulat ng tula upang mahagip ang kanilang prosesong pampag-iisip sa pagninilay.

Si Poindexter (2002), naman ay nagsagawa ng eksperimental na pananaliksik kung saan gamit ang *textual analysis*, ginamit ang tula at kinakitaan ang mga ito ng *structural devices* na kumakatawan sa pagbabago ng mga *vocal pattern* at iba pang kahulugan ng mga pasyente na mayroong HIV. Binigyang diin sa katapusan ng pag-aaral ang kalakasan ng tula bilang komunikasyong emosyunal at kontekstwal kung saan nakatutugon ang manunulat. Sa puntong ito, napatunayang nagagamit rin ang tula bilang paraan ng *inquiry* o pag-uusisa na isa sa paraan at prosesong pinagdaraanan ng nagsusulat upang makabuo ng pagninilay.

Bagamat ginamit sa pag-aaral na ito ang pagsulat ng tula upang matukoy ang prosesong pampag-iisip ng mga mag-aaral na mamamalas sa pagninilay, binibigyang-diin na hindi pangunahing tuon ang teknikalidad sa pagpapasulat ng tula *per se*, bagkus tinitingnan sa pag-aaral ang paggamit nito bilang pagtatangka sa posibilidad na kakayanan nito bilang daluyan ng mas malalim na pag-iisip.

### 1.2.8 Ang '*Grounded Theory'* bilang batayang Teorya ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay mithiing makabuo ng isang teoryang replektibo mula sa pagsusuri sa proseso ng pag-iisip ng mga mag-aaral habang nagsusulat, nasaliksik sa pag-usad ng pag-aaral ang pagkamagagamit ng *grounded theory* bilang teorya pinakaangkop pagbatayan sa pagsusuri at pananaliksik na ginamit na rin sa mga nagdaang pag-aaral. Mula kina Strauss at Glaser (1967) ang G*rounded Theory.* Sinasabing kalakasan ng teorya ang pagkakategorya ng elemento, Sa paggamit nito, napag-aaralan ang mga pakahulugan ng tao sa mga simbolo na nasa paligid nila. Sa malinaw na paliwanag ni Flipp (2014), ang *grounded theory* ay isang pag-aaral ng prosesong pinagdadaanan ng isang tao at pagbuo ng bagong teorya mula rito. Mahigpit na konsiderasyon na ang teoryang lilikhain ay hindi magmumula sa mga dating pag-aaral, sanggunian at opinyon ng kilalang eksperto kundi mula sa datos na nakalap ng mananaliksik sa kaniyang pag-aaral.

Sa pag-aaral nina Edhborg et.al (2005) kay Tabbada-Rungduin (2011), ginalugad nila at nilarawan kung paano nakalalampas ang mga Swedish na kababaihan na may palatandaan ng post-partum depression sa unang buwan ng kanilang panganganak. Pinagbatayan ang *grounded theory approach* sa dalawampu't dalawang (22) kababaihan na nagpapakita ng palatandaan ng depresyon kinapanayam matapos ang walumpung (8) araw na panganganak. Natukoy kung paano pamahalaanan ng tao ang kanilang buhay na dahilan rin ng pagiging kapaki-pakinabang ng teorya ayon kay

Ehdborg (2005). Ang *grounded theory* ay nagmula sa *sociological theory* ng *symbolic interactionism*. Sa madaling sabi, ang *symbolic interactionism* ay nagbibigay diin na ang mga tao ay kumikilos kaugnay sa mga kahulugan. Ang mga kahulugan ay nagmula sa panlipunang komunikasyon sa ibang mga tao at bumuo sa pamamagitan ng isang prosesong interpretatibo.

May kaugnayan pa rin sa nabanggit na teorya ang isinagawang pag-aaral ni Cherubini (2010) kay Tabbada-Rungduin (2011) na tumatalakay sa mga nagnanais maging guro na pinamagatang *"A Grounded Theory of Prospective Teacher's Meta-cognitive Process: Internalizing the Professional Standard of Teaching: The Teacher Educator"*. Nakapaloob rito ang paggamit ng *constant comparative comparison* at *theoretical saturation* sa dalawang *core categories* na nagmumula sa kalahok na nagbibigay-malay sa pagsusuri upang mailarawan kung paanong ang mga mag-aaral ay maisasaloob at maisasalin ang *Standards of Practice for the Teaching Profession*. Ang pangunahing mga kategorya ay kinilala bilang spectrum ng mga kalahok sa kanilang emosyunal na reaksiyon at ang kapasidad na suriin ang mga pangyayari sa konteksto ng mga propesyonal na pamantayan. Natugunan ang implikasyon, mula sa perspektibo ng isang guro, tagapagturo, sinasabing walang pag-aalinlangan ang mga kalahok sa pagtanggap ng buong katotohanan tungkol sa kanilang responsibilidad at pagiging kritiko ng mga pamantayan ng pagsasanay para sa propesyon ng pagtuturo bilang *codified* at *institutional constructs*.

Nakita rin ang kalakasan ng kakayahan ng *grounded theory* sa paggamit dito ng ilang pag-aaral na may kinalaman sa pagtataya ng pagsulat. Idinipensa ni Bob Broad (2003) sa artikulong "*What We Really Value: Beyond Rubrics in Teaching and Assessing Writing"* na ang kwalitatibong metodolohiya sa ground theory ay kapaki-pakinabang na dulog sa pagtataya ng pagsulat na lilikha ng isa pa muling dulog ukol dito. Samantala, sa "*Grounded Theory: A Critical Research Methodology,"* ni Joyce Magnetto Neff (1998) kay Tabbada-Rungduin (2011), kaniyang sinusugan na ang teorya ay isang mainam na susi at pamamaraan sa pananaliksik at matindi ang paniniwala niya na mapagtitiwalaan at kredibol ito sa pag-aaral na may kinalaman sa pagsulat sapagkat hindi nito nililimitahan sa tiyak at simple ngunit sa mas kompleks ang pag-aaral.

Itinuturing na isa sa sistematikong dulog ang *grounded theory.* Nakapadron ito sa nangyayari sa paligid na maipalalabas mula sa analisis ng kwalitatibong datos. Ito ay set ng tumpak na proseso ng pananaliksik na kinalaunan ay magdedebelop ng teorya tungkol sa isang penomena (Strauss at Corbin, 1990). Para naman kay Strauss (1967), ang *grounded theory* ay isang paraan ng pagdidiskubre. May mga tuntunin sa paglalapat ng nabanggit na teorya; *una,* ito ay ang pag-aaral sa mga datos na may kinalaman sa pag-aaral; *ikalawa,* pagsusuri sa proseso ng mga datos; *ikatlo,* isagawa ang *coding; ikaapat,* siyasatin ang karanasan ng mga tao. Nagdagdag rin niya ang ilang tagubilin sa pagsasagawa ng *grounded theory*. Una, pagle-leybel sa datos; ikalawa, piliin ang pokus na gagamitan

ng *coding*; ikatlo, ibukod ang mga nasuring code bilang tentatibong inanalisang kategorya; ikaapat, pagkokonstrak ng mga konseptong teoretikal mula sa abstraktong kategorya at magsagawa ng komparatibong analisis sa mga konsepto.

Naging malaki ang tulong ng mga nasaliksik na talakay tungkol sa teorya bilang batayan at pinakakaluluwa ng pag-aaral. Ginamit ang tampok na metodo sa nabanggit na teorya, ang *constant comparative method* o paulit-ulit na paghahambing upang matukoy ang mga salik na mangingibabaw mula sa tugon ng mga kalahok na mahalagang isaalang-alang ayon kay (Walls, Parahoo and Flaming, 2010; Cooney, 2010 at ang ikalawa ay ang *theoretical saturation* o pagtitining ng datos.

### 1.3 Konseptuwal na Balangkas ng Pag-aaral

Mababasa sa bahaging ito ang mga ang mga dulog at simulain na sinandigan o pinagbatayan ng pag-aaral sa katotohanang ito ang preparasyon upang makausad ang proseso ng pananaliksik sa pamamagitan ng presentasyon ng tatakbuhin nito, kasabay ng pagpapakita ng mga biswal na representasyon tungo sa pagtatamo ng layunin na mithiin sa katapusan ng pag-aaral.

Patuloy na nagninilay ang isang indibidwal upang maunawaan ang ilang pangyayari na kaniyang nararanasan, at bilang resulta, nadaragdagan at lumalalim ang kaniyang kabatiran tungkol sa isang bagay. Kung ganoon, ang repleksyon o pagninilay ay matatanaw na nanghihingi ng pagsasagawa

nito sa aktuwal na panahon na nakuha mula sa pananaw ni Schon (1983) sa kaniyang *reflecting-in-action.* Sa mga nabanggit na pag-aaral, karaniwan ang paggamit ng replektibong pagkatuto gamit ang pagsulat, maging ang paggamit sa mga napatanyag na teoryang replektibo. Ang ganitong dahilan rin ang isa sa nag-udyok at humamon sa mananaliksik at nagbunsod upang matugunan ang mga tanong na una, maliban sa pagsulat ng sanaysay na kinasanayang gamitin sa pagninilay, maaari bang maging lunsaran ang tula? Ikalawa, ano ang mamumutawing pamamaraang pampag-iisip ng mga mag-aaral sa pagninilay habang nagsusulat?

Kasabay ng pagsagot sa tutuguning tanong ay ang paghantong sa pagbuo ng isang modelo sa replektibong pag-iisip. Kaugnay nito, pinili ng mananaliksik na gamitin ang *Grounded Theory* ni Charmaz (2006) sapagkat angkop ang paraang ito ng pag-aanalisa para makapagpausbong ng panibagong modelo mula sa mga datos na nalikom sa mga kalahok na dumanaan sa isang tiyak na proseso. Bukas rin ito sa anumang posibleng resulta ng pag-aaral mula sa ipamamalas at matutuklasang prosesong pampag-iisip ng mga mag-aaral sa pagninilay habang sumusulat ng tula.

Ang *grounded theory* ay nagmula sa *sociological theory* ng *symbolic interactionism* ni Blumer (1969) na napatunayan sa pag-aaral ni Salaun et.al (2013) sa pag-aaral na *Linking Symbolic Interactionism and Grounded Theory Methods in a Research Design*. Ang *symbolic interactionists* ay nagbibigay diin na ang mga tao ay kumikilos kaugnay sa mga kahulugan at partikular na symbol. Napakahalaga ng metodong ito sa pag-aaral bilang

gabay sapagkat mahalagang salik ang muling pagbabalik sa mga replektibong tula ng mga mag-aaral at pagkakategorya ng mga ito ayon sa mamumutawing pamamaraan ng pag-iisip nila sa pagsulat.

Kasabay rin na ginamit ang teorya ni Schön (1983). Ito ay ang ang *reflection-in-action* na tumutukoy sa repleksyong aktuwal sa nasaksihan o naranasan sapagkat nais ng mananaliksik na mahagip ang pagninilay habang nagsusulat ang mag-aaral upang mapanili ang pagiging awtentiko nito. Pagkatapos ay pagninilay sa naging karanasan bilang pagsubaybay at tuluyang hindi pagkawala ng pagkatuto mula sa natapos na proseso. Para agarang mahagip ang mga impormasyon sa pagninilay, naging panghango rito ang pamaraang *verbal protocol o* “isip-sambit” kung saan bibigkasin ng mga mag-aaral ang kanilang naiisip habang sumasailalim sa proseso ng pagsulat ng tula.


Nagbigay ng tagubilin sa malikhaing pagsulat si Villafuerte (2007) sa kanyang komprehensibong artikulo na pinamagatang “Ang Gurong Manunulat/Ang Manunulat na Guro: Dukal ng Pagkamalikhain at Sosyo-politikal sa Bansa”. Binanggit niya na isang proseso ang malikhaing pagsulat sapagkat may dalawang direksyon itong patutunguhan. Una, para tuklasin sa sarili ang kakayahang makapagpahayag ng mga ideya; ikalawa, para makabuo ng sulating aayon sa magkakasunod at magkakaugnay na mga kaisipan. Pinupunto ng tagubiling ito ang relasyon ng pagninilay at kahalagahan nito upang maitahi ang imahinasyon sa malikhaing pagsulat, ito ay internal at intrapersonal na pagmumuni-muni sa sarili. Sa ikalawang

tagubilin kailangang lagpas sa istruktura ay ang pagkakaugnay-ugnay ng kaisipan na mahalagang taglayin ng isang tula. Sa pag-aaral, matimbang na titingnan ang pagkakabuo ng tula sa internal na aspekto lampas sa mga elemento na kinasayanang tuon sa mga paaralan. Naging batayan ang mga naibahaging ito ni Villafuerte (2007) sapagkat binigyang-diin ng mananaliksik sa mga mag-aaral na susulat ng tula na huwag magpatali sa istruktura kundi palayain ang sarili at ipamalas ang pagkamalikhain at pagkakaugnay ng mga kaisipan sa isusulat.

Sinadyang mailabas sa dayagram ang pagsulat sapagkat sinisimbolo nito ang pagsulat bilang lunsaran at daluyan sa pagninilay na hindi pirmis, natutuhang baguhin o palitan ng ibang genre sa pagsulat depende sa kaangkupan ng isasagawang pananaliksik sa hinaharap.

Sapagkat tunguhin na malinang ang kasanayang replektibo at mapanuring pag-iisip na isa sa pangkalahatang layunin ng K-12, mistulang liwanag itong palaging gagabay sa bawat pagdaraanan na proseso sa kabuoan ng pananaliksik.

Masasabing hindi iinog ang pag-aaral kung hindi kakatuwangin ang proseso ng pagtataya at balidasyon na kinakatawan ng *arrow*. Bubusisiin ito sa tulong ng mga ekspertong balideytor.




**Pigura 1: Konseptuwal na Balangkas ng Pag-aaral**

### 1.4 Layunin ng Pag-aaral

Isang pinakamahalagang tutugunan ng pananaliksik na ito ay ang makabuo ng isang teorya sa replektibong pag-iisip. Kaugnay nito, tiyak na sasagutin sa pag-aaral ang sumusunod:

A. maisa-isa ang mga prosesong pampag-iisip ng mga mag-aaral sa pagninilay habang sumusulat ng tula;
B. maihanay ang mga natukoy at lumitaw na mga prosesong pampag-iisip ng mga mag-aaral habang sumusulat ng tula; at
C. mabigyang-kahulugan ayon sa tema ang mga natukoy na prosesong pampag-iisip sa pagninilay na pagmumulan ng bubuoing teorya sa replektibong pag-iisip.

### 1.5 Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang pananaliksik na ito ay mag-aambag ng maraming kontribusyon sa kaalaman at pagsasapraktika tungkol sa replektibong pagkatuto at pagtuturo mula sa mabubuong modelong replektibo – sa kahalagahan nito, maging sa kognitibong aspekto o kakayanan nito. Isa sa personal na dahilan ng mananaliksik sa pagsasagawa ng pag-aaral ay ang pag-asam na sa sandaling matukoy kung paano nagpoproseso ng pagninilay ang mga mag-aaral habang nagsusulat ng tula, ay maging matibay na *genre* ang tula sa pagpapadaloy ng pagninilay na sa sandaling makasanayan nila

ay maging ‘*habit of the mind’*. Kung ganoon, maging susi sa mas mahusay na kognisyon na mailalapat sa iba pang akdang pampanitikan sa Filipino.

Sa karaniwang sitwasyon, hirap ang mga mag-aaral sa pagsulat, kung nakasusulat man, palagi itong nangangailangan ng pag-unlad, hindi makikitaan ng lalim at mairaos na lamang bilang akademikong pangangailangan. Magsisilbi ang pag-aaral na ito na pagsubaybay kung paano nagpoproseso ang mga mag-aaral sa aktuwal na pagsulat at tinitingnan ang pagsulat ng tula bilang mapanghamong genre na natutuhang gamitin upang matukoy ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagninilay na tanda o indikasyon ng mataas na antas ng pag-iisip. Kaya naman, pinaniniwalaan sa pag-aaral na ito na maaagapan ang mga nabanggit na suliranin sa pamamagitan ng pagpapahusay ng replektibong pag-iisip ng mga mag-aaral gayundin upang makatulong sa mga guro, administrador, at mga susunod pang mananaliksik na may katulad na pag-aaral

**Sa mga mag-aaral**, malinang ang kanilang kasanayang replektibo at mula rito, matukoy ang prosesong pampag-iisip habang nagninilay. Gayundin, magbukas ito upang higit na mapatingkad at mapaghusay ang kanilang kasanayan sa pag-iisip na mababanaag sa pagsulat. Dito, sila ay mahihikayat sa natutuhang pamamaraan na higit na kawili-wili kaysa sa kinagisnang pagtuturo nito.

**Sa mga guro,** upang magkaroon ng katuwang o gagamiting pamamaraan at metodo ang guro na daan sa isang makabuluhan at

mabungang pagtuturo ng asignaturang Filipino partikular sa paglinang ng kasanayan sa replektibong pag-iisip kasabay ng pagpapahusay sa pagsulat.

**Sa mga administrador,** makatulong sa pagdedebelop ng mga guro bilang isang mahusay na tagapaghubog ng mahuhusay na komunikeytor – pasalita o pasulat, gayundin na maimungkahi ang nabuong modelo sa pagtuturo ng pagsulat ng tula sa iba pang guro sa Filipino bilang bagong estratehiya sa pagtuturo.

**Sa mga eksperto sa kurikulum,** magamit ang nabuong modelo sa replektibong pag-iisip upang mapunuan ang kakulangan sa kagamitang panturo na may malaking maitutulong upang malinang ang kasayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng tula at magsilbing ambag ang pag-aaral sa pagsasakatuparan ng mga adhikain, mithiin, at layunin ng kurikulum.

**Sa mga mananaliksik,** maging gabay ang pag-aaral na ito para sa mga susunod pang pag-aaral na may kinalaman sa estratehiya ng pagtuturo at kasanayang dapat malinang nang mahusay ng mga mag-aaral sa ika-21 siglo sa ilalim ng binagong kurikulum.

## 1.6 KATUTURAN NG MGA KATAWAGANG GINAMIT

**Grounded Theory.** Ito ay nagmula sa *sociological theory* ng *symbolic interactionism*. Ito ay paghango ng bubuuing teorya mula sa mga datos na naanalisa sa mga kalahok na dumanas sa isang tiyak na proseso. (Behar-Horenstein, 2016).. Napakahalaga ng metodong ito sap ag-aanalisa ng datos bilang gabay sa pag-aaral sapagkat nilalayon sa pag-aaral na ito na makabuo ng modelo sa replektibong pag-iisip na ginagabayan ng *Grounded Theory*.

**Isip-Sambit.** Nagmula sa ingles na salitang “Verbal Protocol”. Ginamit na salin sa Filipino ng mananaliksik ang “isip-sambit” na tumutukoy sa berbal na pagbabahagi o pagsasabi ng aktuwal na naiisip. Sa pag-aaral na ito, ang mga mag-aaral ay nagnilay at upang ang mananaliksik ay mahagip ito, kinailangan nilang gamitin ang metodo ng isip-sambit.

**Modelo.** Isang bagay na iminumungkahi bilang isang makatwirang paliwanag para sa katotohanan, kalagayan o isang pangyayari lalong lalo kung ito ay sistematiko o siyentipikong paliwanag. Sa pag-aaral na ito, tinangkang bumuo ng modelo na nagpapakita ng bagong teorya na makapagpapaliwanag ng prosesong pampag-iisip sa pagninilay ng mga mag-aaral sa pagsulat ng tula.

**Pagsulat.** Isa sa makrong kasanayang nililinang sa mga mag-aaral upang masukat at mataya ang kanilang husay sa pasulat na komunikasyon. Sa pag-aaral na ito, pagsulat ang naging tuon kung saan tutukuyin at susuriin

ang mga pamamaraan sa pagsulat ng tula ng mga manunulat na mag-aaral sa Caruhatan National High School

**Replektibong Pag-iisip.** Pagninilay o "Repleksyon" ayon kay Moon (1999) na indikasyon o tanda ng malalim na pag-iisip tungkol sa isang bagay. Ang iba pang mga talakay sa pagsasapraktika tungkol sa repleksyon ay matatagpuan sa mga trabaho ni Dewey (1981). Ayon pa sa kaniya ang replektibong pag-iisip ang nag-aalis sa indibidwal mula sa pabigat at hindi tumimong impormasyon, sa halip, napahihintulutan siyang maging responsable sa pagsasaayos ng mga impormasyon tungo sa makabuluhang pag-unawa at komprehensyon sa anumang asignatura. Sa pag-aaral na ito, pinaniniwalaan na malaki ang gampanin ng kritikal na pakikisalamuha sa mga impormasyon, nararapat na nagiging makabuluhan ito sa kanilang buhay at bilang propesyunal sa hinaharap.

**Tula.** Masining na paghahabi-habi ng mga salita na may natutuhan o walang sukat at tugma ngunit laging nagtataglay ng; indayog, ritmo, at aliw-iw. Isa sa *genre* ng Panitikan na tuon sa pagtuturo sa Filipino. Lunsaran ito na ginamit sa pag-aaral upang maging daluyan ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagninilay.

# KABANATA II

# METODOLOHIYA NG PAG-AARAL

## 2.1 Disenyo ng Pag-aaral

Kaugnay ng masusing pagsisiyasat at pag-aanalisa ng datos, tinalakay sa bahaging ito ang pamamaraan ng ginamit ng mananaliksik.

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa pamamagitan ng deskriptib – debelopmental na uri ng pananaliksik upang makabuo ng modelo sa replektibong pag-iisip sa pamaraang isip-sambit gamit ang tula sa pamatnubay ng teoryang grounded ni Charmaz (2006). Sa pamamagitan ng disenyong ito, makalilikom ng mga datos at impormasyon na magbibigay-tugon upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito gayundin ang angkop na panahon, pagsusuri at pagsubok sa kabisaan at kahusayan ng nalinang na modelo.

## 2.2 Ganapan ng Pag-aaral

Ang paaralang pinagtuturuan ng mananaliksik mula sa lungsod ng Valenzuela, ang Caruhatan National High School ang siyang naging lunan ng pag-aaral na lalong nagpaalwan sa mga hakbangin at pangongolekto ng datos. Dahilan sa ang mananaliksik ay hindi lamang guro sa Filipino kundi gurong tagapayo ng opisyal na pahayagan ng paaralan, “Ang Pagsulong”, sa loob ng limang (5) taon hanggang kasalukuyan, nabakas at nasuri nito ang kakulangan sa lalim sa pagsulat ng mga mag-aaral. Mayorya sa mga

sumasali sa publikasyon ay interesado sa pagsulat ng balita, maikling kuwento o pagguhit ng editoyal at kakaunti ang mga mag-aaral na sumusubok sa malikhaing pagsulat partikular sa pagsulat ng tula. Pinaniniwalaan ng mananaliksik na malaki ang gampanin ng replektibong pag-iisip bilang kasanayan na kapag napaghusay ay magkaroon ng impak sa pagsulat ng mga mag-aaral at kung magkakaroon ng bagong metodo sa pagpapasulat ng tula, magagamit ito bilang *tool* sa pagpapahusay ng kasanayang pampag-iisip ng mga mag-aaral kaalinsabay ng pagpapamalas nila ng kanilang kahusayan sa pagpoproseso gamit ang isip na natutuhang panggalingan ng kritikal at mahusay na pagsulat nito.

Sa pagtupad sa isyung etikal ng pag-aaral, humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa superintendent ng dibisyon ng Valenzuela, punongguro ng paaralan ng Caruhatan National High School, at magulang ng mag-aaral na kalahok. Nakalakip sa apendiks A ang liham pahintulot. Dito inisa-isa ang mga tiyak na takbuhin ng pag-aaral: proseso, araw at oras, kalahok sa pagsisiguro na walang lalabagin at walang maaabala sa pagsasagawa nito.

**2.3 Kalahok sa Pag-aaral**

Pangunahing kasangkot sa pag-aaral na ito ang ay binubuo ng pitong (6) mag-aaral na manunulat ng paaralan. Upang matiyak na sila ay may kahusayan sa pagsulat at makapagpapamalas ng pagninilay, ang mga pinili ay kasapi ng pahayagang “Ang Pagsulong”, opisyal na pahayagan ng Caruhatan National High School. Ang mga nasabing mag-aaral ay pinili mula sa baitang 7 hanggang 12 sa pamamagitan ng *purposive sampling* o

yaong ang pagpili ay ayon sa hinihingi ng pag-aaral na kinakitaan ng potensyal at interes sa pagsulat. Nilimitahan rin ang bilang ng mga mag-aaral na kalahok sapagkat bawat mag-aaral na magsasakatuparan ng gawain sa replektibong pag-iisip ay sumailalim sa tatlong yugto. Samakatuwid, libanwalong (18) bilang ng prosesong pampag-iisip habang nagsusulat ng tula ang sinuri at inanalisa. Nililinaw rin sa bahaging ito na walang nakuhang kalahok sa baitang 8 sapagkat walang nakita na kwalipikado sa kahingian ng pag-aaral. Nasa ibaba ang naging distribusyon ng mga kalahok sa bawat antas.

Talahanayan 1

Distribusyon ng mga Kalahok

| **Baitang** | **Bilang ng kalahok kada antas** |
|---|---|
| Baitang 7 | 2 |
| Baitang 9 | 3 |
| Baitang 10 | 3 |
| Baitang 11 | 2 |
| Kabuuan: | 10 |

Sumailalim muna sa pagsasanay o oryentasyon ang mga mag-aaral upang maging pamilyar sa bagong ipakikilalang gawain sa replektibong pag-iisip habang sinusunod ng mananaliksik ang mga dapat isaalang-alang na etikal na proseso: pagtupad sa itinakdang oras at gagamiting lugar.

Bibigyang-daan ng mananaliksik ang pag-eexecute ng gawaing replektibo sa pagsulat gamit ang instrumentong panukatan na dumaan sa

pagsusuri at pag-aanalisa. Inaasahang anim (5) na araw ang tatakbuhin ng pagsasagawa ng proseso.

**2.4. Instrumento ng Pag-aaral**

Naging bahagi sa pangongolekta ng datos ang pamaraang verbal protocol na binigyang katawagan sa pag-aaral na ito na “isip-sambit” bilang pangunahing instrumento ng pag-aaral kung saan ito ang ginamit upang mahagip ang pagninilay ng mag-aaral habang sumusulat ng tula. Gumamit rin ng talatanungan kaugnay sa demograpikong impormasyon tungkol sa mga manunulat na mag-aaral upang matiyak na sila ay (1) manunulat o may sapat na pundasyon sa pagsulat; (2) mabatid ang saklaw ng kanilang kaalaman ukol sa replektibong pag-iisip; (3) at pag-alam sa lawak ng kanilang interes na paghahanguan ng paksa na gagamitin sa pagsulat.

Samantala, ang mga instrumentong nangangailangan ng balidasyon tulad ng nabuong gawain sa replektibong pag-iisip ay sinuri ng mga eksperto na binubuo ng: 1) Eksperto sa pagtuturo ng Filipino; 2) Makata at may mahusay na *background* sa pagsulat ng tula; 3) Eksperto sa edukasyon o pagtuturo. Bago isagawa ang balidasyon, tiniyak ng mananaliksik na ang kanilang isasagawa ay nararapat na bukal sa kanilang loob ang maging kabahagi ng pag-aaral na mahalaga at susi sa paglalaan ng sapat na panahon sa pagsusuri at pag-aanalisa ng kaangkupan, kabisaan at kapakinabangan ng mabubuong kagamitan. Tiniyak rin ng mananaliksik na sa bawat pagpunta sa tagapagbalideyt,

maging sa mga kalahok, puspusan nitong naipaliwanag ang layunin at prosesong babaybayin ng pag-aaral.

### 2.5 Mga Hakbang sa Pag-aaral

Maingat na isinagawa ng mananaliksik sa pagbuo at pagtataya ng kaangkupan at kabisaan ng mga gawaing nilinang sa pagsasapraktika ng gawain sa replektibong pag-iisip habang sumusulat ang mga mag-aaral ng tula.

Ginamit ang gawain sa replektibong pag-iisip sa apat na hakbang ng pag-aaral na ito: (1) Pagsasanay sa mga mag-aaral sa gawain sa replektibong pag-iisip sa pamaraang isip-sambit gamit ang tula; (2) Aktuwal na pagsasagawa ng gawain sa replektibong pag-iisip sa pamaraang isip-sambit gamit ang tula; (3) Pag-aanalisa ng datos sa gabay ng *Grounded Theory;* (4) Pagbuo ng teoryang replektibo mula sa namutawing pamaraang pampag-iisip ng mga mag-aaral sa pagninilay. Ang mga sumusunod ay magpapalawig at magtitiyak ng talakay sa bawat proseso ng isasagawang pag-aaral.

#### **2.5.1 Pagsasanay sa mga Mag-aaral sa Gawain sa Replektibong-Pag-iisip sa Pamaraang Isip-Sambit Gamit ang Tula**

##### 2.5.1.1 Pagkilala sa mga Kalahok ng Pag-aaral

Mahalagang bahagi ng pag-aaral na matiyak na ang mga mag-aaral na pipiliin ay kwalipikado at makatutugon sa isa sa pinakamahalagang konsiderasyon sa pag-aaral, ang kakayahan sa pagninilay. Upang

matugunan ito, pinili ng mananaliksik ang mga manunulat ng paaralan mula baitang 7 hanggang baitang 12. Bago kausapin ang mga piling mag-aaral, ipinagbigay-alam ng mananaliksik sa prinsipal at sa puno ng Kagawaran ng Filipino sa paaralan ang bagay na ito kalakip ang aprubadong liham mula sa Dibisyon ng Lungsod ng Valenzuela na nagpapahintulot sa mananaliksik isagawa ang pag-aaral. Ito ay makikita sa Apendiks A. Kasama rin sa liham pahintulot ang listahan ng mga piling mag-aaral na maingat na pinili ng guro na naging madali sa mananaliksik gawin sapagkat siya ay tagapayo ng opisyal na publikasyon ng paaralan. Nang masiguro ang mga binanggit, inilahad ng mananaliksik sa mga piling mag-aaral ang layunin ng pag-aaral at ang gawain kung saan sila sasailim. Nagbigay rin ang guro ng dalawang liham pahintulot: para sa mag-aaral at para sa magulang bilang pagsunod at pasasaalang-alang sa pamantayang etikal ng pag-aaral. Upang matiyak ang kwalipikasyon, kaalaman sa pagninilay, at mga isyu o paksang saklaw ng interes ng mga mag-aaral na mahalagang matugon bago isagawa ang gawain sa replektibong pag-iisip, ang mga mag-aaral ay sumagot sa talatanungan na mayroong dalawang bahagi: (1) demograpikong impormasyon ng mag-aaral at (2) kaalaman sa pagninilay. Ang talatanungang sinagutan ng mga mag-aaral ay nagsilbing referens ng mananaliksik sa pagtatakda ng paksa na pagninilayan ng mga mag-aaral, at upang makatiyak ang guro sa kakayanan ng mag-aaral na magnilay.

Bago isagawa oryentasyon at pagsasanay ng guro sa anim (6) na mag-aaral na opisyal na manunulat ng paaralan, ang nabuong gawain sa

replektibong pag-iisip ay tiniyak na dumaan sa balidasyon ng eksperto bago tuluyang ilunsad.

### 2.5.1.2 Balidasyon sa Worksheet o Gawain sa Replektibong Pag-iisip

Sa pagbuo ng worksheet sa gawain sa replektibong pag-iisip, isinaalang-alang ng mananaliksik na mailahad ang layunin ng gawain o inaasahang pagkatuto na matatamo at output na maisasakatuparan, magkaroon ito ng malinaw na panuto, pamamaraan o proseso ng gawain at ang kaaya-ayang kaanyuan nito na hindi magiging sagabal sa konsentrasyon ng mga mag-aaral at higit na makatutulong upang makatugon sila sa gawain. Sa pamamaraan ng gawain, tiniyak ng mananaliksik na alinsunod ito sa tama at angkop na proseso ng pagsasagawa ng pamaraang isip-sambit o *Verbal Protocol.*

Upang matiyak ang kabisaan at kredibilidad ng nalikhang gawain sa replektibong pag-iisip, pinasuri ito at pinabalideyt sa tatlong eksperto. Ang resulta ng balidasyon ay makikita sa Apendiks C. Nakatulong naman ang naibigay na komento ng balideytor sa rebisyong ginawa ng mananaliksik.

Komento ng Balideytor:

| |
|---|
| *"Gawing nasa ikalawang panauhan ang worksheet. Ayos na nagsimula sa scope o layunin. Banggitin kung ilang minuto gagawin ang bawat task. Ayos din na may set ng mga tanong salig sa replektibong pagkatuto. Ayos din na 1-4 ang grado sa rubric alinsunod sa Departamento ng Edukasyo.* |

Inilagay ang gawain sa ikalawang panauhan, binanggit ang tagal o oras na ilalaan sa gawain at sa *assessment tool* o rubrik pansubaybay ng mag-aaral kung nalinang ba ang replektibong pag-iisip. Makikita sa Apendiks D ang narebisang gawain sa replektibong pag-iisip.

#### 2.5.1.3 Resulta ng Pagsasanay sa Gawain sa Replektibong Pag-iisip

Ang naging resulta ng naisagawang pagsasanay ay makikita sa Apendiks E Naging mahalaga ang gampanin ng pagsasanay sa mga mag-aaral sapagkat ang gawain sa replektibong pag-iisip sa pamaraang isip-sambit ay bago para sa kanila. Ito ay upang maiwasan rin ang kalituhan na maaaring magbunsod sa hindi matagumpay na pagsasagawa ng gawain at hindi pagkakamit ng tamang datos sa pag-aaral.

### 2.5.2 Aktuwal na Pagsasagawa ng Gawain sa Replektibong Pag-iisip sa Pamaraang Isip-Sambit Gamit ang Tula

#### 2.5.2.1 *Tatlong Yugto ng Gawain sa Replektibong Pag-iisip*

Ang pagninilay ay binubuo ng tatlong yugto. Inirekord din ang kabuoan ng gawain alang-alang sa transkripsyong gagawin bago analisahin ang mga tugon ng mga mag-aaral. Sa hakbang na ito, inisa-isa ng guro ang mga mag-aaral sa pagsasagawa ng pagninilay nang pabigkas habang nagsusulat ng tula. Ang kanilang ginawa ay dalawang saknong na tulang malaya na kinapapalooban ng apat na taludtod. Sa puntong ito, nilimitahan at hindi na lamang inobliga ang mga mag-aaral sa sukat ng

isusulat na tula upang hindi ito maging sagabal sa mabilis nilang pagsulat, dahil ipinalalagay na higit na dapat pagtuunang pansin ang prosesong pampag-iisip sa kanilang pagsulat. Lumikha sila ng tula sa isang tiyak na paksa na sila ay makauugnay. Nagbigay rin ang mananaliksik ng malinaw na tuntunin bago magpasulat ng tula. Sa prosesong ito, naging maingat ang guro na hindi makaabala sa pagproseso ng mag-aaral sa pagninilay ngunit kung magkaroon ng sampung segundong katahimikan, nagbigay ng "himok-pahayag" ang ang guro tungkol sa iniisip ng mag-aaral tulad ng "Ano ang naiisip mo?" Samantala, nagkaroon ng pagkakataon na ang guro ay nakapagtanong subalit nililinaw na ang mga sagot ng mag-aaral mula dito ay hindi isinama sa interpretasyon at pag-aanalisa ng coding.

Sa ikalawang yugto at ikatlong yugto, inulit ang proseso subalit hiningi nito ang matamang obserbasyon mula sa guro na mahalagang salik sa paghahambing o pagsasagawa ng *constant comparative method* sa analisis sa mga tugon ng mga mag-aaral upang makita ang mga code na maiiwan na makatutulong na matugunan ang tatlong coding sa grounded theory.

### 2.5.3 Pag-aanalisa ng Datos Batay sa *Grounded Theory*

Sa pag-aanalisa ng mga datos na nakalap sa *grounded theory*, gumagamit ng tatlong uri ng *coding* na inilahad at siyang sinunod sa pag-aaral na ito na inisa-isa ni Charmaz (2006) sa aklat na *Constructing Grounded Theory: A Practical Guide through Qualitative Analysis*. Ang *coding* ay proseso ng pagkakategorya ng mga datos at pagpapakahulugan

rito na kinalaunan ay maglalagom o magpapaliwanag sa bawat bahagi ng datos. Ipakikita ng coding kung paano mo pinili, pinag-iba, at iniayos ang mga datos para simulan ang pag-aanalisa. Sa *coding*, ang mananaliksik ay paulit-ulit na nagkukumpara ng mga nalikom na datos hanggang sa lumutang ang magkakapareho at magkakakategorya. Ang prosesong ito ay tinatawag na *constant comparative analysis.*

Binubuo ng tatlong yugto o proseso ang coding. Una ay *open coding*, *axial coding* at *selective coding*. Ang *open coding* ay pag-aanalisa ng isang lupon ng teksto at pagle-leybel nito ayon sa mga kategorya. Gumamit ang mananaliksik ng iba't ibang paraan sa pag-aanalisa ng teksto sa open coding gaya ng *line-by-line coding* (palinyang pag-aanalisa), *word by word coding* (salita sa salitang pag-aanalisa). Ang ikalawang yugto ay *axial coding*. Sa axial coding, ang mananaliksik ay nag-uugnay ng kategorya sa mga sab-kategorya o komponent, tumutukoy sa katangian at dimensyon ng isang kategorya, at muling isinasaayos ang mga datos mula sa inisyal na coding upang magbigay ng kaugnayan sa naunang analisis. Dito, ang mananaliksik ay gumagamit ng *code* upang maipakita kung paanong ang mga kategorya ay may kaugnayan sa isa't isa. Sa *axial coding* rin nagsisimulang maihulma ang bubuoing modelo. Sa yugto na ito masusing tinitingnan ng mananaliksik ang mga kategorya na natutuhang ihanay ayon sa mga sumusunod na elemento: *core phenomenon, causal conditions, categories, strategies, at consequences*. Pagkatapos matukoy kung saan kabilang ang kategorya, gagawaan ito ng *coding paradigm* o biswal na

modelo na magpapaliwanag kung paano umiiral ang teorya. Nasa ibaba ang mga elemento ng *Axial Code* na ginamit sa pag-aaral. Isinalin ito ayon sa hinihingi at kaangkupan ng pag-aaral.

Talahanayan 2

Elemento ng Open Coding

| Elemento | Paliwanag |
|---|---|
| **Penomena**<br>*(core phenomenon)* | Ang pangunahing ideya, pangyayari o mga sitwasyon kung saan ang isang set ng aksyon o interaksyon ay patungo<br><br>Sa pag-aaral na ito, tumutukoy ito sa ideya o paksang pinagninilayan ng mga mag-aaral |
| **Pinaghugutang Kondisyon**<br>*(causal conditions)* | Ang mga nakaaapekto o impluwensya sa pangyayari o kaganapan<br><br>Sa pag-aaral, ano ang pinanggagalingan ng mga ideya ng mga mag-aaral habang nagninilay. |
| **Kategorya/ Kahulugan**<br>*(categories)* | Kung saan naganap ang mga pangyayari<br><br>Konteksto ng pangyayari. Sa pag-aaral na ito, tumutukoy sa mga prosesong pampag-iisip sa pagninilay na tumutukoy sa setting na salik sa pagpapaliwanag ng proseso ng pagninilay. |
| **Aksyon/ Interaksyon**<br>*(strategies)* | Mga pamamaraang ginamit upang matugunan ang phenomenon sa ilalim ng mga kondisyong binanggit<br><br>Sa pag-aaral na ito, tumutukoy sa mga pamamaraan o estratehiyang ginamit habang nagninilay na ilalapat sa tula |
| **Kinahinatnan**<br>(*consequences)* | Resulta ng aksyon na ginawa mula sa pamamaraang ginamit<br><br>Sa pag-aaral na ito, tumutukoy sa mga resulta o kinalabasan. Paano nangyari? |


Ang ikatlong yugto ay tinatawag na *Selective Coding*. Dito, ang mananaliksik ay bumuo ng naratibo na nagpapaliwanag at nagpapalawig sa kabuuang proseso ng nabuong teorya.

Ang mga naisa-isang *coding* na nakapaloob sa grounded theory ay maingat na sinunod ng mananaliksik upang makabuo ng sariling teorya at modelo sa replektibong pag-iisip.

**2.5.4 Pagbuo ng modelo sa replektibong pag-iisip mula sa namutawing pamamaraan ng pag-iisip ng mga mag-aaral.**

Sa huling hakbang ng pag-aaral, tinukoy ng mananaliksik ang pumaimbabaw o namutawing tema ng mga naanalisang pamamaraan sa pag-iisip mga mag-aaral sa pagninilay habang nagsusulat ng tula na siyang pagbabatayan ng lilikhaing modelong replektibo.

Ang mga sumusunod ang mga isinagawang hakbang sa pagbuo ng modelong replektibo gamit ang tula:




**PIGURA 2:**
**Mga Hakbang sa Pag-aaral sa Replektibong Pag-iisip sa Pamaraang 'Isip-Sambit' Gamit ang Tula: Isang Modelo**

### 2.6 Etikal na Konsiderasyon sa Pag-aaral

Sa anumang pag-aaral, nararapat na ito ay hindi lumabag sa koda ng etika na makaaapekto sa kredibilidad nito kung kaya't tiniyak sa pananaliksik na ito ang pag-iingat na hindi masangkot sa anumang isyung labag sa pamantayang etikal. Sa pagpapasagot ng talatanungan sa mga mag-aaral, humingi muna ang mananaliksik ng pahintulot sa superintendent ng dibisyon ng Valenzuela, punongguro sa paaralang kalahok sa pag-aaral, at magulang ng mga magaaral na kalahok. Tiniyak rin ng mananaliksik sa mga mag-aaral at kanilang magulang na mananatiling pribado at kompidensyal ang anumang pagtugon na nakalap mula sa kanila. Gayundin, ang lahat ng resulta sa pananaliksik ay hindi gagamitin laban sa paaralan at hindi makaaapekto sa akademikong istatus ng mga kalahok na mag-aaral.

Naglaan naman ng silid na pagsasagawaan ng mga gawaing ang mananaliksik tungo sa pangangalaga ng kapakanan ng mga mag-aaral at upang maging maginhawa ang daloy ng mga gawain tungo sa ikatatagumpay ng mithiin ng pananaliksik.

Bunga ng mga ginawang balidasyon at interpretasyon ng mga datos na nakalap ang mabubuong modelo sa replektibong pag-iisip. Mula rito, planong ibahagi ng mananaliksik ang nabuong pag-aaral at imumungkahi sa mga kapuwa guro sa Filipino bilang metodo at estratehiya kung ang lilinangin ay ang kasanayang replektibo. Bilang patunay na ito ay natanggap

at nabasa, hihingian ng lagda ang mga guro. Inaasahang ang naisakatuparang modelo ay magiging kapaki-pakinabang para sa pagtatamo ng kahusayan sa asignaturang Filipino.

# KABANATA III

# RESULTA AT PAGTALAKAY

Ang kabanatang ito ay maglalahad ng naging resulta ng pag-aaral at mga kaugnay na pasalaysay na datos mula sa isip-sambit ng mga mag-aaral habang sumusulat ng tula. Matindi ang kahingian na mapatatag ang bahaging ito sapagkat ito ang nagsisilbing buto ng pag-aaral na magtatalakay ng naging resulta ng isinagawang coding mula sa mga nakalap na isip-sambit na paghahanguan ng bubuoing modelo sa replektibong pag-iisip. Titiyakin rin sa kabanatang ito ang mga tema na lumitaw na makapaglalarawan at makapagpapakita ng paraang pampag-iisip sa pagninilay sa pagsulat ng tula. Ang mga lumitaw na tema ay iniayos ayon sa pagkakasunod-sunod na **(1) Pag-uugnay ng Karanasan; (2) Pagkokonsepto; (3) Paggamit ng Estratehiya; at (4) Paghuhusga.** Alinsunod sa mga nadiskubreng tema, natugon ang ikatlong layunin ng pag-aaral, ang mabigyang-kahulugan ayon sa tema ang mga natukoy na prosesong pampag-iisip sa pagninilay na pagmumulan ng bubuoing teorya sa replektibong pag-iisip. Bago ito maisakatuparan, nagawa namang tugunin ang ikalawang layunin na maihanay ang mga natukoy at lumitaw na mga prosesong pampag-iisip ng mga mag-aaral habang sumusulat ng tula na makikita sa sumusunod na talakay na nakapaloob sa apat na tema.

Mula sa lumitaw na mga tema at pag-uugnay-ugnay ng mga ito upang humantong sa modelo sa replektibong pag-iisip, napatunayan na

naging angkop ang sinunod na pamamaraan mula sa tamang pagsasagawa ng *verbal protocol* o “isip-sambit” upang mahagip ang aktwal na pagninilay habang sumusulat ng tula. Sa nalikhang tula ng mga mag-aaral, maipagpapalagay na malaki ang ugnayan ng pagsulat at pagninilay at napatunayan ang nabanggit ni Ross (2011) na ang pagsulat ang pinakamatatag na midyum upang mamalas ang kahusayang replektibo. Gayundin, dahilan sa ang mga mag-aaral ay nakapagsagawa ng “isip-sambit” habang sumusulat ng tula, mapatutunayan ng mananaliksik ang pauna nitong mungkahi na tignan ang pagsulat sa mas malawak na perspektiba, sa pamamagitan ng pagtingin rito bilang lunsaran ng mataas na antas ng pag-iisip o sa aspektong kognitibo. Napatunayan sa pag-aaral na ang pagpapatibay sa ideya na angkop ang tula na magdadala sa mga mag-aaral sa mas mataas na antas ng pagninilay.

Sa pag-aanalisa ng mga datos upang mapalitaw ang mga tema na magiging bahagi ng konsepto sa pag-iiral ng pagnilay, nakatulong ang ideya ni Charmaz (2006) ukol sa *Grounded Theory kung* saan malaking bahagi ang pagsusuri, pag-aanalisa at repleksyon sa pagkakategorya ng mga datos at pagpapakahulugan rito na kinalaunan ay maglalagom o magpapaliwanag sa bawat bahagi ng datos.

**Tema 1: Pag-uugnay ng Karanasan**

Tinawag na **Pag-uugnay ng Karanasan** ang unang tema sapagkat nababakas ito sa halos lahat code na pinagsama-sama dahil kinakitaan ng pagkakatulad na ngayon ay tinawag na elemento. Tumutukoy ito sa mga

naimbak na dating kaalaman at mga dating karanasan na naiugnay ng mga mag-aaral nang sila ay bigyan ng *stimulus*, na sa puntong ito ay ang paksa na pagninilayan nila hanggang sa makasulat ng tula. Makikita rin sa mga naibahaging karanasan ng mga mag-aaral ang mga kalakip na damdamin na nabuo sa kanila tungo sa paksang pinagninilayan. Sa isinakatuparang gawain sa pagninilay, ang mga mag-aaral ay kinakitaan ng mga karanasang may iba't-ibang hugis at anyo ayon sa konteksto at iba't iba pang salik na humulma ng kanilang mga pinagdaanan. Ang mga ito ay naipakita sa pamamagitan ng mga *code* na ngayon ay maituturing nang elemento sa natukoy na tema.

*Paksa: Kahirapan*

Sa paksa ng tulang kahirapan, ang mga elemento na naihanay sa pag-uugnay ng karanasan ay mga sumusunod, inilakip rin dito ang halimbawang isip-sambit na "pag-uugnay ng obserbasyon", "pagbibigay halimbawa na naiugnay sa paksa", "pag-uugnay ng karanasan", "pag-uugnay ng isyung panlipunan", at pag-uugnay ng "dating kaalaman mula sa naging aralin": Mababasa sa sumusunod na ang iba't ibang mag-aaral na sumailalim sa gawain sa replektibong pag-iisip ay nakapag-ugnay ng mga naranasan, naobserbahan, naging dating kaalaman at mga kaugnay na bagay sa nabanggit na paksa.

**Pag-uugnay ng Obserbasyon**

Mag-aaral 2: "*Ang nangyayari nga 'ngayon kaysa makarating sa mga mahihirap nakakarating sa mga tao na… nagpapayaman pa rin nang nagpapayaman mga pulitiko na mayaman na ginagawa pa ring yaman nila ang bayan."*

**Pagbibigay-Halimbawa na Naiugnay sa Paksa**

Mag-aaral 2: "*Ang mahirap minsan nakatira sila sa squatters o kaya nakatira sa ilalim ng mga tulay o kaya sa mga kalsada na lamang mga street runners.*"

**Pag-uugnay ng Karanasan**

Mag-aaral 6: *"Ipinararating nito yung ahm… kumbaga syempre sa karanasan ko din na parang kailangan kapag sa kahirapan kasi marami tayong nagagawang mali may mga nagagawa tayong hindi tama kaya kumakapit tayo sa patalim para matustusan natin kung ano yung pangangailangan natin."*

**Pag-uugnay sa Isyung Panlipunan**

Mag-aaral 6: "*At ano, isa rin dun yung kailangan din tayong ano, yung katarungan. Kasi… yung katarungan mismo yung mabibigay sa atin ng tamang… ano… yung tamang gagawin natin kung ano ba yung, yung mas mabuti nating gawin…"*

**Pag-uugnay ng dating kaalaman mula sa naging aralin**

*Mag- aaral 4: "Bale yung ano siya na yung mamamayan na naisip ko tapos yung itinatago sa mata ng mamimili parang… inisip ko siya na ibang tao o ibang pamahalaan sa ibang bansa kasi naisip ko yung pinag aralan naming sa A.P… yung sa United ano ba yun? Yung parang ASEAN."*

Makikita sa mga halimbawang isip-sambit na ang mga ito ay walang duda na nanggaling sa karanasan at imbak na kaalaman ng mga mag-aaral. Hindi sila malay sa mga naiugnay at naging hugutan nila. Nagmimistula itong nakalatag na lang sa kanilang isip na dadamputin kapag kanila nang kailangan batay sa kahingian ng pagninilay.

Batay sa pag-uugnay o asosasyon ng bawat mag-aaral sa kanilang karanasan, maiuugnay ang konsepto sa pagninilay ni Kolb (1984 na binanggit nina Boud, Keogh & Walker, 1985) ukol sa eksperiyensyal o pangkaranasang pagkatuto kung saan nagkakaroon ng komprehensyon at tumimong impormasyon ang mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito,

nagiging responsible ang mag-aaral sa pagsasaayos ng impormasyon tungo sa makabuluhang pag-unawa.

| **Pagbibigay ng halimbawa ng sitwasyon** |
| --- |
| Mag-aaral 6: *kunwari po galing siya sa bisaya, yung kanyang pananalita is… kakaiba.. parang.. kapag tinrato siya dahil dun sa pananalita niya* |

Samantala, mababasa sa halimbawang isip-sambit ng mag-aaral 6, ito ay nakabuo ng isang halimbawang sitwasyon bunsod ng paksang “Bullying”. Bagama’t hindi nito tuwirang sinabi kung ito ay kanyang karanasan, malinaw itong tumutukoy sa danas kung saan naglatag ang mag-aaral ng isang bagay na *coherent* sa paksang kanyang pinagninilayan.

| **Pag-uugnay ng Kultura at Tradisyon** |
| --- |
| *Mag-aaral 3: “Teknolohiya… ang po at opo ay nakalimutan din… ang mga tradisyon.”* |

Namukod-tangi ang mag-aaral 3 nang bigla nitong maikonekta ang tradisyon at kultura sa paksang Social Media. Sa pagninilay nito, sinambit niya na salik ang Social Media sa pagpepreserba ng ating pagkakakilanlan.

Sa mga naibigay na elemento na nakapaloob sa “Pag-uugnay ng Karanasan”, lumabas at nabigyang hustisya na sa pamamagitan ng isinagawang pagninilay, kinakitaan ang mga mag-aaral ng pangmatagalang pagkatuto mula sa kanilang karanasan na kanilang nagamit nang sila ay bigyan ng paksa.

**Tema 2: Pagkokonsepto**

Mula sa karanasan ng mga mag-aaral, magtutuloy ang pagninilay sa bahagi kung saan bumubuo sila ng mga pagpapakahulugan at konsepto na tinawag sa pag-aaral na ito na **Pagkokonsepto**. Ang temang ito ay tumutukoy sa mga naibigay na mga haypotesis o panukalang paliwanag ng mga mag-aaral ayon sa kanilang limitadong kaalaman. Ang ganitong ideya ay binigyang pakahulugan ni Garisson et. al (2001) bilang *Cognitive Presence* bilang kakayahan ng mga mag-aaral na bumuo at maglinaw ng kahulugan sa pamamagitan ng repleksyon. Samakatuwid, masasabing ang naisakatuparang pagninilay ng mga mag-aaral ay isang napakahalagang komponent ng malalim na pag-unawa o pagbibigay katuturan sa isang impormasyon. Kasabay nito, mapanghahawakan kung ganoon ang ibinigay na pagpapakahulugan ni Moon (1999) ukol sa repleksyon ng isang indibidwal bilang indikasyon o tanda ng malalim na pag-iisip tungkol sa isang bagay.

Tumutukoy rin ang ikalawang tema na pagkokonsepto sa mga set ng mga isip-sambit na naglalaman ng isang tipak ng konsepto na nagbunsod sa mag-aaral upang humantong sa mga elemento na "nagsasaad ng "ideya", "repleksyon mula sa naobserbahan", "solusyon sa paksang kahirapan", "hinaing sa pamahalaan".

Mababasa sa sumusunod na ang mag-aaral 1 ay nakapagbahagi ng kanyang konsepto ukol sa paksang bullying.

| **Ideya sa Paksa** |
|---|
| *Mag-aaral 1: "Ano ma'am, sa unang saknong gusto ko ma'am ano, yung parang dito maaapektuhan sa mga nabubully. Tapos sa pangalawa po, kung ano yung epekto nito."* |

Samantala, sa elementong "ideya sa paksa", ang mag-aaral 6 ay nagsambit ng kanyang napagnilayang ideya sa paksang "Bullying". Mistula itong mapa ng pagpaplano na babaybayin ng kanyang tula.

| **Repleksyon mula sa Obserbasyon** |
|---|
| *Mag-aaral 1: "Naiisip ko ma'am na epekto no'n ano… syempre po nakakasakit, nakakababa ng confidence ng tao. Nakakawala ng tiwala sa sarili… ahm.. tapos nagiging, hindi na siya nakikihalubilo sa ibang kaibigan ganon po."* |

Nabuo naman sa mag-aaral 1 ang isang repleksyon upang susugan ang mga nabanggit nitong epekto ng "Bullying". Wala itong pinagkaiba sa nabuo ng mag-aaral 6 na mga imahe na makikita sa sumusunod na halimbawa:

| **Imahinasyon** |
|---|
| Mag-aaral 4:<br>*…Ilang beses na bang iniluhod sa kanya ang mga pasanin. Mga mga taingang nakasara at mga nakapikit na mata, sa bawat paghingi ng tulong ay… sa paghingi ng tulong ay. Mga… mga taingang nakasara at mga nakapikit na mata, sa bawat paghingi ng tulong ay… sa paghingi ng tulong ay.. ay… wala silang… para sa mga tulong… mga taingang nakasara.. dinig ng taingang nakasara, at saksi ang mga… mga bingi… ang paghingi. Saksi ang mga bulag at dinig ng mga bingi. At… baldog? Haha.. ano ba yung kalampag? Suntok? Suntok at kalampag? Ang tunog ay.. ang tunog… ang tulak… dinig ng mga bingi ang suntok at pagkalampag. Ang bawat… ang bawat… ang bawat sigaw…"* |

Makikita sa nabuong imahe ng mag-aaral 4 na nakabuo ito ng imahinasyon na nagpapakita ng kamalayang panlipunan sa paksang “Bullying”. Dito, nagawang makita ng mag-aaral ang mga nangyayari sa kanyang paligid at ito ay nagamit niya upang umalis rito at bumuo ng kanyang sariling pagninilay. Maaanalisa na ang mag-aaral 4 ay nagpakita rin ng napakataas na antas ng prosesong pampag-iisip, hindi ito madaling gawin sa katotohanang hindi rin lahat ng mag-aaral ay nagpamalas nito.

**Solusyon sa paksang Kahirapan**

Mag-aaral 1: *Siguro po naisip ko po dito, malalampasan naman po ito lahat sa pamamagitan po ni God, kaya po maniwala lang po sila kay God. Kailangan… kailangan ng maayos na pamumuno. Kailangan maayos muna yung gobyerno bago.. ma.. para po maayos yung mabibigay na pondo sa mga mahihirap. Para hindi nila maranasan na mahirap sila.*

Samantala, ang mag-aaral 1 ay nagbigay ng kanyang konsepto sa solusyon ng kahirapan na makikita sa kanyang isip-sambit. Nabanggit at nagamit nito ang sariling konsepto na pagsasadiyos upang malutas ang suliranin sa kahirapan.

Namukod tangi naman ang sumusunod na mag-aaral nang lumitaw ang elementong “hinaing”. Dito, ang mag-aaral ay nagbahagi ng kanyang paniniwala sa anyo ng hinaing na tumutukoy sa nailatag na pananaw ng mag-aaral na nay bahid ng pagiging subhektibo dahil sa damdaming inilakip niya dito.Tingnan ang sumusunod na halimbawa:

**Hinaing sa Pamahalaan**

Mag-aaral 3*: "Ah… pero laging sinisisi ng mga tao… nabuo sa isip ko na, bakit laging sinisisi ng mga tao yung pamumuno ng isang namumuno bilang naging ugat ng kahirapan ng tao? Bakit hindi natin ah… aminin o kaya'y alamin natin na yung mismong katamaran natin ay naging dulot din ng kahirapang nararanasan natin?"*

**Hinaing sa Guro**

*Dapat suriin natin dahil meron namang mga batas… na tumitingin na kahit na mas malaki yung… tulad ng isang.. kapag yung teacher, o yung isang guro ay nambully sa estudyante.. ahh.. hindi naman ano agad… parang 'pag may nagreklamo… parang mali agad sa unang tingin pa lang kasi.. nakita na agad kung gaa… kung malakas na... higit na mas malakas yung guro sa estudyante. Pero wala pa namang estudyante.. wala pa namang naitala o naireport na… yung estudyante nambully sa guro.*

Kaugnay nito, nagbigay rin ang mag-aaral 3 ng kanyang "argumento" na isa sa naitalang elemento sa temang pagkokonsepto. Makikita sa halimbawang isip-sambit na ang mag-aaral ay naglatag na pananaw na may pinapanigan o iginigiit, at ginamit niya ito bilang pang-usig sa pinaniniwalaan ng karamihan.

**Argumento**

Mag-aaral 3: *Ah… pero laging sinisisi ng mga tao… nabuo sa isip ko na, bakit laging sinisisi ng mga tao yung pamumuno ng isang namumuno bilang naging ugat ng kahirapan ng tao? Bakit hindi natin ah… aminin o kaya'y alamin natin na yung mismong katamaran natin ay naging dulot din ng kahirapang nararanasan natin?*

Masusuri mula sa mga naipakitang halimbawa ang ilan sa mga pangkabuuang ideya ng mga mag-aaral sa paksang kanilang pinagnilayan. Masasabing ito rin ang kanilang mga naging pagbubulay-bulay, impresyon, paninindigan bilang tanda rin ng kaunawaan sa sa mga bagay-bagay.

**Tema 3: Paggamit ng Estratehiya (Pagsulat at Pampag-iisip)**

Ang ikatlong tema na lumutang ay tinawag na **Estratehiya.** Dalawa ang natukoy na estratehiya sa pagninilay sa pag-aaral na ito. Ang "istrategik na pag-iisip" at ang ikalawa ay "istrategik na pagsulat". Sa istrategik na pag-iisip, ang mga mag-aaral ay naobserbahang nakapagpamalas na sila ay mistulang nagkakaroon ng "mind game" sa kung paano huhulihin ang kanilang mga naiisip. Ito ay lumitaw sa mga elemento na "Pagtatalo ng Isip", "Pagpapaliwanag ukol sa isinulat", "Paglilinaw o Pagtitiyak sa isinulat", Pagtatanong sa sarili ukol sa isusulat o paksa", at Pagtatanong".

Nabuo ang tema na "Paggamit ng Estratehiya" sapagkat tumutugon ito sa ideya ng paggamit ng kognitibong kasanayan at estratehiya ng mga mag-aaral upang makatugon sa *outcome/*inaasahang produkto o pagsulat ng tula na narinig mula sa kanilang pabigkas na pagninilay. Naihanay rito ang isa sa sumusunod na halimbawang estratehiyang pampag-iisip na ginamit ng mag-aaral 1:

| **Pagtatalo ng Isip** |
|---|
| Mag-aaral 1: *pero yung sa unang saknong po. Kung paano siya or kung… kung ano yung, ah hindi, kung paano siya ah hindi, kung ano yung epekto nito sa mga nabully. Sa unang taludtod… ah hindi… dito na lang sa unang saknong, para sa mga binubully* |

Sa elementong pagtatalo ng isip, ang mag-aaral 1 ay nagkaroon ng estratehiya kung paano nito aayusin ang kanyang tula. Makikita dito na ang mag-aaral ay nagiging malay at gumagamit ng kanyang kakayanan pampag-iisip upang maging ganap ang kanyang pagninilay na mailalapat

sa kanyang tula. Masusuri kung ganoon sa mag-aaral 1 na nagagamit nito ang kognitibong kasanayan sa pamamagitan ng pag-aanalisa ukol sa isinusulat at ito ay maituturing na isang estratehiya o istrategik na pag-iisip.

Sa kabilang banda, nagkaroon rin ng pagpapaliwanag ang mag-aaral 3 kung saan kanyang pinapalawig ang ideya o naiisip upang mabigyan ng kumpirmasyon o paglilinaw ang isinulat. Samakatuwid, ang elementong pagpapaliwanag at paglilinaw ay halos magkaugnay na mga elemento. Maiiugnay rito ang iminungkahi ni Dewey (1933) na ang replektibong pag-iisip ay proseso ng pag-aanalisa kung saan aktibong nakikilahok ang kasangkot at nagtitimbang-timbang ng kanyang imbak na kaalaman upang bumuo ng panibagong porma ng karunungan o pagpapakahulugan. Dito, nagtataya ang mga mag-aaral sa kanilang nalalaman at nais malaman at kung paano nila ito pagdudugtungin habang sumasailalim sa konteksto ng pag-iisip.

**Pagpapaliwanag:**

Mag-aaral 3: *"...buburahin ko yung pagkain, okay lang naman yung pagkain ilagay pero mas mainam sigurong ilagay yung aralin na lang kasi yung ilang mga aralin o mga lesson namimiss ng estudyante o napapabayaan."*

**Paglilinaw:**

Mag-aaral 3: "*So yung kinalabasan nung ahh… nung naging tula ko ay kung ano ba talaga yung isa sa mga dahilan o nagiging ugat nung kahirapan. So… yung katamaran."*

Kapansin-pansin rin ang gawi ng mga mag-aaral sa pagtatanong o pag-uusisa sa sarili habang nagninilay. Ito ay makikita sa sumusunod na halimbawang isip-sambit.:

| **Pagtatanong** |
| --- |
| *Mag-aaral 2:*<br><br>*“Kahirapan, paano kapag kahirapan?”*<br><br>*“Ano bang pwedeng simula natin nito”*<br><br>*“Kapag mahirap ka ano bang madalas meron kapag mahirap”*<br><br>*“Mahirap… ano bang pwedeng… ano bang pwedeng gawin kapag nahihirapan, anong pwedeng solusyon para mawala yung kahirapan.. ano pa?”*<br><br>*“Ano ba?”*<br><br>*Mag-aaral 1:*<br><br>*“Ano kayang pwedeng sunod”*<br><br>*“Paano nga ba ito maiiwasan?”*<br><br>*“Pwede din naman ma’am di’ba kahit wala po sa tula yung title?”* |

Maaanalisa na ang mga mag-aaral ay nagtatanong o nag-uusisa sa sarili bilang kanilang pamamaraan sa pagninilay. Dito, naobserbahan na ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng interaksyon sa kanilang sarili sa pagpoproseso ng kanilang isip habang sumusulat ng tula. Sa naisakatuparang gawain sa replektibong pag-iisip, naobserbahan na kadalasan rin na ito ang pamamaraan ng mga mag-aaral upang mapunan ang mga gap kaysa hindi makapagsalita.

Ilan pa sa estratehiyang pampag-iisip na natukoy ay ang elementong “Pagtataloo ng Isip”. Sa naisagawang pagninilay, litaw na litaw ang paghahanap ng paraan at hakbang ng mag-aaral upang isakatuparan ang isusulat na tula. Masasabing ang mga mag-aaral sa puntong ito ay nag-*iinternalize* sa pasambit na paraan kung saan nagagawa na rin nitong bigyan ng *instruction* at gabay ang sarili upang tugunan ang kahingian ng

kanyang isusulat na tula. Makikita ito sa sumusunod na halimbawa ng isip-sambit:

| **Pagtatalo ng Isip** |
|---|
| Mag-aaral 1: *"…pero yung sa unang saknong po. Kung paano siya or kung… kung ano yung, ah hindi, kung paano siya ah hindi, kung ano yung epekto nito sa mga nabully."* |
| *Title ko ma'am, iibahin ko na lang. Ahm.. kaso ma'am wala naman sa paksa yung bullying, pero kapag naman nabasa siya, dun malalaman yung tungkol sa bullying siya…* |
| *"Pwede kaya yung sakit? Ah hindi, bullying na lang din…"* |
| *"Gusto ko pong… parang ito po is point of view ng ano.. ay hindi!"* |
| **Mag-aaral 2:** "*Title (matagal na antala) Halina't balikan. Hindi."* |
| *"Ang ating tradisyo'y… ay mali!"* |
| **Mag-aaral 5:** |
| *"…simulan ko sa… ah… umusbong.. ah mali."* |
| *"Ahm… nakikipag-usap… nakikipag-usap na tanging, ahm nakikipag-usap… ah hindi, mali."* |
| **Mag-aaral 6:** |
| *"At iniiwan ang gawain 'to, hindi pwede!"* |
| *"Mainam na alam nila ang wasto… mainam na sila'y, ay hindi pwede…"* |
| *"So mainam pa rin na sila'y may kaalaman pagkat hindi puro kabutihan, mali"* |

Sa mga nabanggit na elemento na tumutugon sa "istrategik na pag-iisip" at pagtalakay ukol rito, maaanalisa na naging kapaki-pakinabang ang gawain sa replektibong pag-iisip upang maipamalas ng mga mag-aaral ang kakayahan sa pagninilay na kinapapalooban ng mga elemento tulad ng "Pagtatalo ng Isip", "Pagpapaliwanag ukol sa isinulat", "Paglilinaw o Pagtitiyak sa isinulat", Pagtatanong sa sarili ukol sa isusulat o paksa", at Pagtatanong". Sa pamamagitan nito, nakita ng mananaliksik mula sa obserbasyon na nahamon ang mga mag-aaral upang maisapraktika ang

mataas na antas ng pag-iisip sa tulong ng mga nabanggit na estratehiya kasabay ng lubos na pag-unawa sa sarili kung paano aangkop sa aktwal at mapanghamong gawain.

Ang ikalawang estratehiya na natukoy ay tinawag na “istrategik na pagsulat”. Tumutukoy ito sa mga istilo, pamamaraan, at teknik sa pagsulat na bitbit ng mag-aaral at kaniyang inilapat na namalas sa kaniyang pagninilay. Ito rin ay nagpapamukod-tangi sa mag-aaral sapagkat ipinakikita nito ang kanilang nalinang na kahusayan sa pagsulat.

Mula sa mga nagamit na estratehiya sa pagsulat ng mga mag-aaral na kanila ring nabanggit mula sa kanilang isip-sambit, nasusususgan at napapalakas nila hindi lamang ang kanilang kasanayan sa pagsulat, higit pa rito ay ang kanilang kognitibong kasanayan sa katotohanang ang pagsulat ay mental ring pagpoproseso. Subalit sa puntong ito, ipinag-iba ang “istrategik na pagsulat” sa “istrategik na pag-iisip” sa kadahilanag ang kanilang mga naiisip ay nabubuo at o nagkakaroon ng materyalisasyon sa pamamagitan ng nabuo at nasunod na mga teknikalidad sa pagsulat ng tula.

Makikita sa sumusunod ang mga halimbawa ng mga estratehiya na ginamit ng mga mag-aaral sa pagsulat:

| | | |
|---|---|---|
| **Patanong na Istilo ng Pagsulat** | **M1a**<br><br>**M2a**<br><br>**M5a** | *Sa unang taludtod, patanong.*<br><br>*Dun pwedeng patanong din siya para kahit papaano mag-isip din ang mambabasa.* |

| | | |
|---|---|---|
| | | *Ayun, sunod naman na ano ay… susundan na natin sa patanong. Sinundan naman natin sa ano, sa patanong.* |
| **Pagpaplano sa pagsulat ng tula gamit ang simbolismo** | **M4a** | *bale yung balak ko imbis na tao o yung mismong lipunan yung ano.. ang pupun.. yung gagamitin ko na ano yung.. parang sa palayan, taniman, parang siya yung magsisimbolo ng lipunan tapos yung mga* |
| **Paghahabi ng salita upang madugtungan ang tula** | **M4a** | *ang… iba't… ibang... pananim? (matagal na antala) ang mataas, ang… masdan.. sa malawak na lupain, masdan ang iba't-ibang pananim (matagal na antala) ang… (matagal na antala) may… roong.. (matagal na antala) ahh… mayroong? ahh… (matagal na antala) mayroong mataas at.. ahh.. humahalik? halik sa… (matagal na antala) ano ba yung ibang term ng lupa.. mayroong mataas at humahalik sa... sa... mayroong humahalik sa… (matagal na antala) sa…*<br><br>*Mayroong mataas at humahalik sa.. mabibiyayaan at… mabibiyayaan… may kinukulang* |
| **Pagtalon sa ibang bahagi ng tula bilang indikasyon ng kahirapan sa isinusulat** | **M4a** | *Bale pupunta muna ako sa pang-apat.*<br><br>*Bale ang naisip ko ngayon sa panghuli naman* |
| **Pagsisimula sa dulo ng tula** | **M1b** | *Simulan natin sa dulo,* |
| **Point of view ng nabubully bilang istilo ng tula** | **M1b** | *Ano ma'am tapos ko na, ito ma'am parang sa ano 'to ma'am, point of view ng nabully.* |
| **Pag-uulit ng taludtod ng tula bilang istilo sa pagsulat** | **M2b** | *pwede rin na siguro pwede ring gamitin natin ulit, yung pag-uulit ng taludtod para mas maipakita yung nais sabihin.* |
| **Pagbibigay ng pamagat** | **M3b** | *… pwede rin ipasok na salita… ang nais ko na title ay, "Tama na!"*<br><br>*Ang pamagat ng aking tula ay "Tukso, layuan mo ako."*<br><br>*…ang pamagat ko din ay dahilan ano nga ba? Syempre iniisip natin kung ano nga ba ang dahilan ng pananakit o pambubully ng ibang mga mag-aaral.* |
| **Paghahanay ng mga salita** | **M3b** | *Bago gumawa ng tula, nag-isip-isip muna ako ng mga salitang maaari kong iugnay sa paksang aking napili. Gumawa ako ng mga magkakatugmang salita: Pag-asa, kapwa, pwede ring hinala, tapos ginagawa.*<br><br>*Sa pangalawang taludtod, mag-iisip ulit ako ng mga salitang magkakasing-ugnay. Ah.. kinukutya, mapanghusga, tapos ekspresyon, at ang huli ay depresyon.* |

| | | |
|---|---|---|
| **Paraang pakuwento bilang istilo sa pagsulat ng tula** | **M4b** | *Parang yung author po yung nagsasalita, basta ang gusto ko pong palutangin dito ay ano po… parang kinukuwento ko po yung nararanasan nung bully.* |
| **Pagbubunyag sa huli ng paksa** | **M1c** | *Sa unang taludtod, ang naisip ko ma'am, sa huli ko na lang sasabihin yung paksa* |
| **Pagsisimula ng tula sa pamamagitan ng pamagat** | **M3c** | *So simulan ko ang aking tula dapat sa pamagat.* |
| **Paghahanap ng salitang tugma** | **M5c** | *hahanap muna ako ng salitang tugma dun sa huli kong nagawa tsaka 'ko na lang bubuuin yung pang-apat na taludtod.*<br>*…naghahanap ako ng tugma sa tatlong taludtod na nabuo ko…* |
| **Pagpapalabas ng paksa sa tula** | **M5c** | *Ah binubuo ko 'yung susunod na tatlo kung saan magiging ano ko, sa… social media na.* |
| **Pagsasaalang-alang sa tuntunin ng tugmaan.** | **M6c** | *Teknolohiya ay sumasakanila, kasi dito kasunod niya A din siya, parang A-A-B-B.* |
| **Pag-iiwan ng mensahe sa mga mambabasa** | **M6c** | *ah magtatanong ako, yun yung istilo ko sa pagsulat eh, yung gusto ko may maiwan sa mga mambabasa.* |
| **Paggamit ng dayalogo** | **M6a** | *Naglagay po ako ng line ng ina, sabi kasi ni inay, anak 'di ka makakapagtapos.* |

Maaanalisa na pinakamarami ang naihanay na elemento sa temang "istrategik na pagsula"t. Makikitang halos lahat ng mga mag-aaral ay nakapagpamalas ng kanilang mga istilo sa pagsulat na maaaring kanilang nahasa o nalinang bilang manunulat ng paaralan. Lumalabas rin na mayorya sa mga mag-aaral ay maipagpapalagay na teknikal mag-isip o may matinding pagsasaalang-alang sa teknikalidad ng pagsulat. Bagama't isa sa naging pamantayan sa gawain sa replektibong pag-iisip ay ang tugma, nakasusurpresa ang iba pang teknik at istilo na naipakita ng mga mag-aaral tulad ng paggamit ng simbolismo, istilong pagbubunyag ng

paksa sa huli ng tula at pagsasaalang-alang sa persona, at paglalaro sa maaaring maging istruktura ng isusulat na tula.

**Tema 4: Paghuhusga**

Ang ikaapat o huling tema na natukoy na may malaking salik sa prosesong pampag-iisip ng mga mag-aaral sa pagninilay ay tinawag na **Paghuhusga**. Batay sa mga elementong nagpatunay nito, mabibigyang pagpapakahulugan ang paghuhusga bilang abilidad ng mag-aaral na bumuo ng kanyang konklusyon, desisyon, paghuhusga, pangkatapusang pagtingin sa pinagninilayan na nagbunsod sa kanya upang sambitin ang mga elemento na “Paghihinuha”, “Problema-Solusyon”, “Konklusyon”, “Pagbibigay Komento”, “Paghuhusga”, “Rebisyon at Pagrerekonstrak”. Makikita ito sa sumusunod na halimbawa:

**Paghihihuha o Panghuhula kaugnay sa napagninilayang ideya ukol sa Bullying**

Mag-aaral 2:

*Maaaring nabully rin siya kaya, nabully rin siya, nasaktan ng mga nasa paligid niya. Dun siguro maaari nating gamitin yung ganoong konsepto na kung bakit may bullying.*

Mag-aaral 5:

*…siguro yung ibang nambu-bully, may mga dahilan sila kung bakit sila nakakapanakit ng kapwa nila mag-aaral. Siguro dahil ahm… ganoon din yung ginagawa sa kanila noon ng mga pamilya nila, kung sinuman sa ano, parte ng pamilya nila. O kaya, o baka gusto lang nila na makapanakit sila ng ibang mga ano nila, kapwa kamag-aaral.*

Maaanalisa sa halimbawang elemento ng paghihinuha na ang mga mag-aaral ay nagawang magkaroon ng paglalaro sa isip o panghuhula na

nadevelop mula sa mga impormasyon na mayroon sa kaniyang isip. Sa halimbawa, nagkaroon ng hinuha ang mag-aaral sa maaaring dahilan ng isang nambubully kung bakit ito nakagagawa ng ganitong bagay sa kapwa. Kaugnay nito ang isa pa sa naibigay na elemento, ang konklusyon.

| **Kongklusyon** |
| --- |
| Mag-aaral 2: "*Kapag wala nang korap may pondo na. Pwede ring magkaroon sila ng sarili nilang bahay…"* |

Halos magkatulad at maaaring maipagkamaling parehas ang paghihinuha sa konklusyon. Ang paghihinuha ayon sa isip-sambit ng mag-aaral ay ang hula nito o naiisip na posibilidad na dahilan ng nambubully, samantalang ang konklusyon sa halimbawa sa itaas ay tumutukoy sa nabuong pangkatapusang ideya ng mag-aaral na may pinagmulang pangyayari. Mistulang ang konklusyon ay ang iniisip na kasunod na hakbang na may pinagbatayan.

Ang sumunod na elemento na naihanay sa temang Paghuhusga ay ang "paghuhusga" na maiuugnay rin sa "pagbibigay-komento".

**Paghuhusga**

*Mag-aaral 1:*

*"…puro na lang alam mo ba (natawa). Kasi ma'am parang ampangit lang tingnan kapag paulit-ulit na lang yung words.*

*Tuwing… tuwing binababa mo ang kanilang… hala kumpiyansa na naman ma'am!"*

*Mag-aaral 6:*

*mas mainam na gamitin yung pagsusuri o yung salitang susuriin kaysa sa titingnan.*

**Pagkokomento:**

*Mag-aaral 5: "Tama.. dapat talagang ibigay yun sa kanila!"*

Sa paghuhusga, maaanalisa sa halimbawang-isip sambit na ang mag-aaral ay nagkakaroon ng ebalwasyon sa kanyang isinulat na hahantong sa kanya na makabuo ng palagay o pagsusuri dito. Samantala, sa komento, mailalarawan na ito ay mga sambitlang reaksyon o paghuhusga ng mag-aaral sa ideyang naisip nito.

Pinakamahalagang palatandaan naman ng temang paghuhusga ang elementong "rebisyon at pagrerekonstrak". Dito, ang mag-aaral ay sinambit ang mga pagbabagong kanyang ginawa sa tula upang maiayon ito sa iniisip. Malinaw itong patunay na ang mag-aaral ay nagkaroon na ng patatag na disposisyon na kanyang ilalapat kung kaya't siya ay humantong sa pagrerekonstrak ng isinusulat.

| |
|---|
| **Pagrerekonstrak o Rebisyon ng Tula**<br><br>*Mag-aaral 1: Binago ko yung magsasaka? Kasi kanina magsasaka responsable sa mga pananim pinalitan ko yun ng sa amin, dinugtong ko… ngunit tila nakalimot sa maliliit na pananim*<br>*Mag-aaral 6: buburahin ko yung natin na salita.*<br><br>*Mag-aaral 2: Binura ko yung pangatlong taludtod kasi wala na akong maisip. Pag tumunog tiyak kahit…* ***pagkain****… buburahin ko yung pagkain* |

Batay sa mga naibigay na elemento na naihanay sa temang Paghuhusga, ang naging katuturan nito ay mga ideya na kinahantungan ng mga mag-aaral mula sa naging pag-aanalisa o pagsusuri nito, gayundin, ang mga pagwawasto, pag-eedit na isinakatuparan nito para mapaunlad ang isinusulat.

Ang mga naisa-isa at natalakay na tema ay masasabing pinakamalalaking konsepto ng pag-aaral na salik sa prosesong pampag-iisip sa pagninilay sa pagsulat ng tula. Maipagpapalagay na ang mga Pilipinong mag-aaral ay dumadaan sa mga temang ito habang sumasailalim sa mental na pagpoproseso. Ang mga nabanggit na tema ay hindi lamang nakapagpakita ng kanilang kasanayan sa pagsulat maging ng kanilang kognitibong kakayahan sa pagninilay.

**Nabuong Modelo**

Ang susunod na bahagi ay ang talakay at biswal na presentasyon na makapaglalagom ng nabuong modelo sa replektibong pag-iisip na naglalaman ng mga teoretikal na paliwanag na makapaglalarawan ng pag-iral ng prosesong pampag-iisip sa pagninilay habang sumusulat ang mag-

aaral ng tula. Napatunayan ng mananaliksik at masasabing mapagkakatiwalaan ang naging resulta sapagkat hinagip ang pagninilay sa pamamagitan ng pamaraang “isip-sambit” na sumususog rin sa pananaw ni Schon (1983) sa kaniyang *reflecting-in-action* na kahingian ng pagninilay sa aktuwal na panahon na pagsasagawa nito. Pagkatapos, maingat na sinunod ang pamamaraan ng coding ayon kay Charmaz (2006) kung paanong ang mga *coding* na ito ay magsisilbing komponent na magpapaliwanag ng pangkabuuang proseso ng pagninilay ng mga mag-aaral.

Nagawang mailarawan sa pag-aaral na ito kung paano nagaganap ang prosesong pampag-iisip ng mga mag-aaral sa pagninilay sa pagsulat ng tula. Sa pag-usad ng interpresyon mula sa mga naanalisang datos, lumalabas na may apat na lumutang na tema na may malaking gampanin sa kanilang pagninilay at ito ay natukoy na mga proseso. Ito ay ang **(1) Pag-uugnay ng karanasan; (2) Pagkokonsepto; (3) Paggamit ng Estratehiya; at (4) Paghuhusga.** Ang mga ito ay kasangkot sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

Makikita sa nabuong modelo ang unang tema na tinawag na **Pag-uugnay ng Karanasan** nakapaloob rito ang pag-uugnay ng mga mag-aaral ng kanilang mga dating naranasan at itinuturing na pundasyon sa pagninilay. Sa isinakatuparang gawain sa pagninilay, ang mga mag-aaral ay kinakitaan ng mga karanasang may iba’t-ibang hugis at anyo ayon sa konteksto at iba’t iba pang salik na humulma ng kanilang mga pinagdaanan. Ayon muli kay

Bain (1999), nag-uugnay ang mga mag-aaral kapag sila ay naghahagilap ng mga dating karanasan bilang referens at nagamit ito sa paksang pinagninilayan. Tumutugma rito ang mga elemento na naihanay sa temang ito. Malaking bagay ang dating karanasan ng mga mag-aaral sapagkat ito ay hindi lamang nananatili sa pagiging abstrakto ngunit nagkakaroon ng kaganapan na maging kongkreto. Maiuugnay rin dito ang prinsipyo ng kognitibong pagtula na tinalakay sa literatura ng pag-aaral ukol sa Metaporikal na Pag-iisip (*Metaphorical Thinking*), napag-alaman na may mahalagang gampanin ang malikhaing pag-iisip sa pangkabuuan ng proseso ng kognitibong pagtula. (e.g., Lubart & Getz, 1997; Silvia & Beaty, 2012; Ward et al., 1997). Tumutukoy ito sa pagbuo ng metapora sa pagsulat ng tula. Sinasabing ang pinagmumulan ng pagbuo ng metapora ay ang pag-uugnay at pagkukumpara sa mga sitwasyon (Kharkhurin, 2016). Samakatuwid hindi lamang ito tumutukoy metapora *per se* na isang uri ng tayutay kundi maging sa kalikasan ng mag-aaral na mag-ugnay habang sumusulat ng tula.

Mula sa karanasan ng mga mag-aaral, maaaring sunod na magtutungo ang pagninilay sa kung saan bumubuo sila ng mga pagpapakahulugan at konsepto na tinawag na **Pagkokonsepto**. Sa temang ito, nakapagbibigay na ng mga haypotesis o panukalang paliwanag ayon sa kanilang limitadong kaalaman at batayan ang mga mag-aaral. Ito rin ay mga *set* ng mga isip-sambit na naglalaman ng isang tipak ng konsepto na nagbunsod sa kanya upang humantong sa mga elemento na nagsasaad ng “ideya”, “repleksyon mula sa naobserbahan”, “solusyon sa

paksang kahirapan", "hinaing sa pamahalaan". Sa napatanyag na modelo ni Kolb (1984) na tinawag na *Kolb's Learning Cycle*, may argumento na nagtatamo tayo ng pagkatuto mula sa karanasan sa buhay. Itinuturing niya rin ang repleksyon o pagninilay bilang integral na bahagi nito. Sa modelo ni Kolb (1984), isa ang *conceptualization* sa apat na proseso ng pagkatuto na kaniyang nabanggit. Ito ay binigyan niya ng pagpapakahulugan bilang mga nabuong haypotesis o kahulugan sa ating mga karanasan. Sa pag-aaral na ito, itinuturing ang mga nasambit ng mga mag-aaral na kahulugan at ideya sa paksang kanilang pinagninilayan bilang pagpapakahulugan na tumutugon sa konsepto ni Kolb (1984) tungkol sa konseptuwalisasyon. Samakatuwid, lahat ng manunulat na mag-aaral ay may kani-kaniyang bitbit na konsepto o ideya sa anumang paksa na kanilang pinagnilayan. Ayon pa kay Gibson (2002), sa aspekto ng sikolohikal na pagkatuto, tumutukoy ang pagkokonsepto sa kakayahan ng indibidwal na magamit ang kaniyang mga sensibilidad na tumugon sa *stimuli* na nadebelop mula sa mga naranasan. Samakatuwid, malaking bagay pa rin upang makabuo ng ideya, ay ang paggamit nila ng mga dating kaalaman o karanasan. Sa prinsipyo ng kognitibong pagtula, ang **Pagkokonsepto** ay maaaring iugnay sa "Namumukod-tanging Pag-iisip" (*Divergent Thinking*) (e.g., Lubart, 2000). Ito ay ang pag-iisip na hindi malay ang indibidwal at ang atensyon ay hindi nakapokus. (e.g., Koestler, 1964; Mednick and Mednick, 1967; ward, Smith, & Vaid, 1977). May kinalaman dito ang istrukturang pansemantika at ang impluwensiya nito sa naipoproseso o nabubuo ng indibidwal.

Ang ikatlong tema na lumutang ay tinawag na **Paggamit ng Estratehiya.** Dalawa ang natukoy na estratehiya sa pagninilay sa pag-aaral na ito. Ang *"istrategik na pag-iisip"* at ang ikalawa ay *"istrategik na pagsulat"*. Sa istrategik na pag-iisip, ang mga mag-aaral ay nagpamalas na sila ay mistulang nagkakaroon ng "mind game" sa kung paano huhulihin ang kanilang mga naiisip. Ito ay lumitaw sa mga elemento na "Pagtatalo ng Isip", "Pagpapaliwanag ukol sa isinulat", "Paglilinaw o Pagtitiyak sa isinulat", Pagtatanong sa sarili ukol sa isusulat o paksa", at Pagtatanong". Samantala sa "istrategik na pagsulat", tumutukoy ito sa mga istilo, pamamaraan, at teknik sa pagsulat na bitbit ng mag-aaral at kaniyang inilapat na namalas sa kaniyang pagninilay. Ito rin ay nagpapamukod-tangi sa mag-aaral sapagkat ipinakikita nito ang kanilang nalinang na kahusayan sa pagsulat. Sa prinsipyo ng kognitibong pagtula, maiuugnay ang temang ito sa "Synaesthesia". Sa konseptong ito, ipinaliliwanag na ang indibidwal ay tumutugon sa pagtula dahil sa pag-iral ng *synaesthesia*. Dito umiiral at sensitibo ang senses na nagbibigay-daan sa pagiging malikhain. Halimbawa ay ang iba't ibang pagtingin o pagtanaw ng isang manunulat sa stimulus o paksa na ibibigay sa kanya.

Ang ikaapat o huling tema na natukoy na may malaking salik sa prosesong pampag-iisip ng mga mag-aaral sa pagninilay ay tinawag na **Paghuhusga**. Batay sa mga elementong nagpatunay nito, mabibigyang pagpapakahulugan ang paghuhusga bilang abilidad ng mag-aaral na bumuo ng kanyang konklusyon, desisyon, paghuhusga, pangkatapusang


pagtingin sa pinagninilayan na nagbunsod sa kanya upang sambitin ang mga elemento na “Paghihinuha”, “Problema-Solusyon”, “Konklusyon”, “Pagbibigay Komento”, “Paghuhusga”, “Rebisyon at Pagrerekonstrak”. Sa limang antas ng repleksyon ni Bain (1999), ikalima ang pagrerekonstrak na tumutukoy sa pinakamataas na antas ng pag-iisip partikular sa pagninilay sapagkat ang mga iniisip at mga lagom ng naranasan ay kaniya nang ilalapat upang makabuo ng sariling teorya. Sa pag-aaral na ito, nakita ang pagrerekonstrak sa pamamagitan ng mga akto nito ng pagwawasto at pagrerebisa sa tula dahil sa maraming salik na natutuhang nagbunsod sa kaniya gaya ng realisasyon, estilo, kaangkupan ng tula sa bagong naiisip at marami pang iba. Sa pag-aaral na ito, naging bahagi lamang ng temang paghuhusga ang pagrerekonstrak sapagkat marami pang elementong natukoy na tumutugon rin sa konsepto na mayroon ang pagrerebisa tulad ng mga nabanggit sa itaas.

Makikita sa biswal na presentasyon na ang unang tema na **Pag-uugnay ng Karanasan** ay nasa bilog na hugis sapagkat maituturing itong kaluluwa o ubod (core) upang maging ganap ang konsepto ng mag-aaral sa paksang pinagninilayan ito. Kasunod nito ang mga sumunod na tema, **Pagkokonsepto, Paggamit ng Estratehiya** at **Paghuhusga.**

Bilang katapusan, nagawang mailarawan at maipaliwanag ang pagpoproseso ng mga mag-aaral sa pagninilay. Ito ay maipakikita ng apat na tema na nabanggit na mga salik o malalaking tipak ng konsepto na maaaring pinagdaraanan ng mga mag-aaral sa proseso ng pagninilay. Sa

kabilang banda, sa pamamagitan ng nasambit na pagninilay ng mga mag-aaral, mabibigyang paghuhusga rin kung ganoon ang kalikasan ng pagsulat bilang kognitibong kasanayan na hindi maaaring itali lamang sa tiyak na istruktura kundi pagpapalaya ng kaisipan. Ito rin ay bilang pagpapatunay sa katangian ng katangi-tangi at malikhaing pag-iisip ng indibidwal na maiuugnay sa ideya ni Villafuerte (2007) ukol sa simulain sa pagsulat,

Nililinaw ng pag-aaral na ito, batay na rin sa naging pagsusuri na mananaliksik sa pagninilay ng mga mag-aaral na hindi tiyak kung saan nagsisimula ang mga mag-aaral o alin ang una nilang pinagdadaanan sa mga nabanggit na tema. Ngunit ang malinaw, ang mga mag-aaral ay walang tigil sa pagtalunton, dumaraan sa mga nabanggit na tema at maaaring bumabalik-balik pa, nagsisimula sa umpisa, gitna o huli. Bunga ng inilahad na paglalarawan at mga konsepto na ukol sa pag-iral ng pagninilay, tinawag ang teoretikal na modelong ito na "**Taludtod Talunton: Modelo ng Pagninilay sa Pagsulat ng Tula.**"




Pigura 3: Taludtod-Talunton: Modelo ng Replektibong Pag-iisip sa Pagsulat ng Tula

# KABANATA IV

# LAGOM, KONGKLUSYON, REKOMENDASYON

Alang-alang sa naging resulta, pag-aanalisa, at interpretasyon ng mga datos, ang bahaging ito ay maglalahad ng mga pagpapatibay sa naging palagay at repleksyon nakinahantungan ng pag-aaral. Mababasa rin sa bahaging ito ang mga isinasangguning rekumendasyon na maaaring ilapat sa mga susunod na pag-aaral ng mag-aaral, guro, administrador, eksperto na nasa haligi ng edukasyon.

## 4.1. Lagom ng Pag-aaral

Sa pangkabuuan, ang pag-aaral na ito ay isang deskriptib – debelopmental na uri ng pananaliksik na may pangkalahatang layunin na makabuo ng modelo sa replektibong pag-iisip sa pamaraang isip-sambit gamit ang tula sa pamatnubay ng teoryang grounded ni Charmaz (2006). Kasabay rin na ginamit ang dulog replektibo ni Schön (1983). Ito ay ang ang *reflection-in-action* na tumutukoy sa repleksyong aktuwal sa nasaksihan o naranasan sapagkat nais ng mananaliksik na mahagip ang pagninilay habang nagsusulat ang mag-aaral upang mapanili ang pagiging awtentiko nito. Para agarang mahagip ang mga impormasyon sa pagninilay, naging panghango rito ang pamaraang *verbal protocol o* “isip-sambit” kung saan bibigkasin ng mga mag-aaral ang kanilang naiisip habang sumasailalim sa proseso ng pagsulat ng tula. Mula sa nabanggit na mga dulog, natugon sa pag-aaral na ito ang tatlong tiyak na layunin ng pag-

aaral. Una, **maisa-isa ang mga prosesong pampag-iisip ng mga mag-aaral sa pagninilay habang sumusulat ng tula.**

Bago tuluyang makabuo ang pag-aaral na ito ng modelo sa replektibong pag-iisip, ang mananaliksik ay naisa-isa ang mga prosesong pampag-iisip sa pagninilay na nakita sa mga code ng anim (6) na mag-aaral na tumutugon sa unang layunin ng pag-aaral. Ito ay makikita sa Apendiks F, Talahanayan ng Open Coding.

Ikalawa, **maihanay ang mga natukoy at lumitaw na mga prosesong pampag-iisip ng mga mag-aaral habang sumusulat ng tula.** Pagkatapos, inihanay ang mga prosesong pampag-iisip sa pagninilay na natukoy sa tatlong yugto ng gawain sa replektibong pag-iisip na tumutugon sa ikalawang layunin ng pag-aaral. Ito ay makikita sa Apendiks G, Lagom ng mga Natukoy na Code mula sa Open Coding.

Ikatlo, **mabigyang-kahulugan ayon sa tema ang mga natukoy na prosesong pampag-iisip sa pagninilay**. Mula sa mga naihanay na prosesong pampag-iisip sa pagninilay, ang mananaliksik ay inanalisa at tinukoy ang mga lumitaw na tema na naging bahagi at bubuo sa modelo sa replektibong pampag-iisip na tumutugon sa ikatlong layunin ng pag-aaral. Ito ay makikita sa Apendiks H.

### 4.2 Lagom ng Resulta

Mula sa pinagdaanang proseso ng coding na nakapaloob sa *Grounded Theory* upang matupad ang pangunahing tunguhin na makabuo ng modelo sa

replektibong pag-iisip, bilang resulta, mailalarawan at maipaliliwanag ang pagpoproseso ng mga mag-aaral sa pagninilay. Ito ay maipakikita ng apat na tema na nabanggit na mga salik o malalaking tipak ng konsepto na maaaring pinagdaraanan ng mga mag-aaral sa proseso ng pagninilay.

Sa pag-usad ng interpresyon mula sa mga naanalisang datos, lumalabas na may apat na lumutang na tema na may malaking gampanin sa kanilang pagninilay at ito ay natukoy na mga proseso. Ito ay ang **(1) Pag-uugnay ng karanasan; (2) Pagkokonsepto; (3) Paggamit ng Estratehiya; at (4) Paghuhusga.** Ang mga ito ay kasangkot sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

Nililinaw ng pag-aaral na ito, batay na rin sa naging pagsusuri na mananaliksik sa pagninilay ng mga mag-aaral na hindi tiyak kung saan nagsisimula ang mga mag-aaral o alin ang una nilang pinagdadaanan sa mga nabanggit na tema. Ngunit ang malinaw, ang mga mag-aaral ay walang tigil sa pagtalunton, dumaraan sa mga nabanggit na tema at maaaring bumabalik-balik pa, nagsisimula sa umpisa, gitna o huli. Bunga ng inilahad na paglalarawan at mga konsepto na ukol sa pag-iral ng pagninilay, tinawag ang teoretikal na modelong ito na “Taludtod Talunton: Modelo ng Pagninilay sa Pagsulat ng Tula.”

### 4.3 Limitasyon ng Pag-aaral

Tinahak ng pag-aaral na ito na makabuo ng modelong replektibo sa paraan ng pag-iisip ng mga mag-aaral gamit ang pamaraang isip-sambit habang sumusulat ng tula. Bagama’t hindi mapanghahawakan ang pangkabuuang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagninilay mula sa prosesong kanilang

pinagdaanan, piniling hindi saklawin ng pag-aaral ang antas ng edad, pamumuhay *(social status)*, kultura, at iba pang salik o aspekto na nakaapekto sa replektibong pag-iisip sapagkat pinaniniwalaan ng mananaliksik na anumang unang hakbang ng pagkatuto sa anumang sitwasyon ay maituturing pa ring pagkatuto at natutuhang maging tipak na konsepto sa mga susunod na pag-aaral sa hinaharap. Ginamit naman ang v*erbal protocol* na binigyang katawagan sa pag-aaral na ito bilang "isip-sambit" bilang metodo o pamaraan upang mahagip ang aktuwal na pagninilay ng mga manunulat na mag-aaral.

Ang mga kalahok ay binubuo ng sampung (6) na mag-aaral na manunulat ng publikasyon na "Ang Pagsulong" ng Caruhatan National High School, mula baitang 7 hanggang 10. Sila ay sasailalim sa tatlong yugto ng pagninilay, samakatuwid labinwalong (18) na set na replektibong pag-iisip ang bibigyang interpretasyon. Pinili ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng *purposive sampling* kung saan ang mga kinakailangang kalahok ay may nalinang at mahusay na kasanayan sa pagsulat, sa pag-aaral, napagdesisyunang mga manunulat ang maging kalahok sa pag-aaral. Kaugnay nito, naging espisipiko ang mananaliksik sa tula bilang *genre* ng pagsulat na pagdadaluyan ng pagninilay. Ang paksa na pagbabatayan sa pagsulat ay mula sa lumabas na resulta ng talatanungan tungkol sa saklaw ng interes ng mga mag-aaral sa kasalukuyan.

### 4.4 Kongklusyon

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral at nabuong modelo sa replektibong pag-iisip, nabuo ang sumusunod na konklusyon:

1. Magagamit ang tula bilang mabisang daluyan ng pagninilay sapagkat nakita sa naging resulta ng pag-aaral na ang mga mag-aaral ay nagbunsod sa iba't ibang prosesong pampag-iisip gamit ang nasabing *genre* ng pagsulat. (Makikita sa apendiks G ang mga nalikhang tula ng mga mag-aaral).

   Dahil dito, matatag na pinaniniwalaan na mapagkakatiwalaan ang tula upang magsilbing *tool* na paghuhugutan ng mga mag-aaral upang mas makapagnilay, nang sa gayon ay makalikha ng tula na may lalim at makatuturan.

2. Sa pag-iral ng replektibong pag-iisip, ang mga mag-aaral ay dumaraan, tumatalunton at maaaring nagpapabalik-balik sa alinman sa mga prosesong pampag-iisip sa pagninilay na natukoy sa pag-aaral na ito: Ang **Pag-uugnay ng Karanasan, Pagkokonsepto, Paggamit ng Estratehiya** at **Paghuhusga** na tumutugon sa unang layunin ng pag-aaral. Ang mga ito ay lumitaw na tema na may angking kahulugan na maglalarawan o sumasagot sa kung paano nagninilay ang mga mag-aaral.
3. Ang mga mag-aaral ay may kakayanan na magnilay sa pamaraang isip-sambit. Sa pamamagitan ng pamaraang ito, hindi lamang nahahasa ng mag-aaral ang kasanayan sa pagninilay kundi natutuhan ring tingnan ang potensyal ng kasanayan sa pagsasalita bilang kasabay na kasanayan na malilinang. Nakatulong ito sa mga mag-aaral na makapagsalita nang lohikal, organisado at magkakaugnay. Batay sa obserbasyon ng mananaliksik at resulta ng pag-aaral, mapapansin sa ikatlong yugto ng gawain sa replektibong pag-iisip na nababawasan ang antala ng mga mag-aaral sa pagsasalita. Samakatuwid,

maipagpapalagay na sila ay nasasanay na at magandang tanda ito ng pagsasapraktika ng kasanayan sa pagsasalita.

4. Mamamalas ang malalim na antas ng pag-iisip sa pamamagitan ng pagninilay. Naging indikasyon ang natukoy na apat na tema na **Pag-uugnay ng Karanasan, Pagkokonsepto, Paggamit ng Estratehiya** at **Paghuhusga** bilang mga tumimong impormasyon na kanilang nagamit habang humaharap sa isang tiyak na gawain.

### 4.4 Rekomendasyon

Batay sa naging kongklusyon ng pag-aaral at sa kabila ng sigasig sa paglalahad at pagtalakay ng mga konsepto sa pag-aaral na ito, maaaring sa hinaharap o sa mga susunod na pag-aaral ay makabuo ng panibagong pag-aaral kung saan maaaring isaalang-alang ang sumusunod na mungkahi:

1. Sumubok at tingnan ang potensyal ng ibang *genre* ng pagsulat upang magamit na daluyan ng pagninilay. Kung napatunayan sa pag-aaral na ito ang kabisaan ng tula sa pagninilay, mainam na subukin rin ang potensyal ng iba pang uri ng sulatin gaya ng sanaysay, dagli, balita at iba pa na natutuhang paghugutan ng mga mag-aaral ng pagninilay.

2. Ipagpatuloy ang gawain sa replektibong pag-iisip na nilunsad sa pag-aaral bilang bagong pamamaraan na pupukaw sa interes ng mga mag-aaral sa pagsulat ng tula at iba pang *genre* sa pagsulat. Kung isinasaalang-alang ang oras sa pagsasagawa nito, natutuhan itong gawing tampok na gawain sa mga *remedial classes* na may mahabang panahon ngunit nangangailangan ng pagtutok sa masteri sa kasanayan.

3. Gamiting saligan ang pag-aaral na ito sa mga pag-aaral sa hinaharap upang makahikayat ng mga susunod pang pag-aaral na may kaugnayan sa replektibong pag-iisip tungo sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagninilay na isa sa kasanayang tuon ng kurikulum.
4. Sa mga susunod na pag-aaral na may kaugnayan sa pananaliksik na ito, maaaring subuking tingnan kung saang tema nag-uumpisa ang mga mag-aaral habang nagninilay o kung ito ba ay magkakasunod nilang pinagdadaanan at maituturing na proseso.
5. Magkaroon ng balidasyon ng nabuong modelo sa pamamagitan ng pagsubok nito sa aktwal na seting ng panuruan bilang pagpapatatag sa naging palagay o *assumption* ng pag-aaral na ito.

# TALASANGGUNIAN

Añonuevo, Rebecca T. (2003). *Talinghaga ng Gana: Ang Banal sa mga Piling Tulang Tagalog ng Ika-20 Siglo.* Maynila: UST Publishing House.

Aries, Jed. (2016) *Challenges of Grade 8 Students in Performing Guided Inquiry-Based Activities in Biology*. Philippine Normal University, Manila.

Bain, J.D., Ballantyne, R., Mills, C. & Lester, N.C. (2002) *Reflecting on practice: Student teachers' perspectives*, Post Pressed: Flaxton, Qld

Banal, Jennifer M. A (2015) *Framework for Inquiry-Based Teaching in selected International Baccalaureate Schools*. DLSU.

Baquiran, Romulo Pascual. (2004). *"Lirisismo at Ultra-retorikismo sa mga Bagong Tula ng mga Kabataang Makata sa Filipino." Hulagway, Opisyal na Lathalain ng Oragon Poets' Circle.* Tomo 4. Blg. 1. Pasig: Oragon Poets' Circle. 97-121.

Birney, Rosanne B. & M & Heigeartaigh, M. (2008). *Reflective Writing: Quantitative Assessment and Identification of Linguistic Features.* Waterford Institute of Technology. 49-52. Retrieved from https://www.google.com/search?source=hp&ei=6blyXPXLBZi7wAPSmoCwAQ&q=Reflective+Writing%3A+Quantitative+Assessment+and+Identification+of+Linguistic+Features.+&btnK=Hanapin+sa+Google&oq=Reflective+Writing%3A+Quantitative+Assessment+and+Identification+of+Linguistic+Features.+&gs_l=psy-ab.3...1760.1760..1832...0.0..0.363.363.3-1......0....2j1..gws-wiz.....0.7smT1oisY2k

Broad, Bob (2003). *"What We Really Value: Beyond Rubrics in Teaching and Assessing Writing".* All USU Press Publications. 140. https://digitalcommons.usu.edu/usupress_pubs/140

Borges, Jorge Luis. *This Craft of Verse.* Ed. Calin-Andrei Mihailescu. Cambridge, Mass.: Harvard University Press, 2000. Print.

Bruce, B. C., & Davidson, J. (2008) https://chipbruce.net/resources/inquiry-based-learning/the-inquiry-cycle/ An inquiry model for literacy across the curriculum. *Journal of Curriculum Studies, 28*(3), 281-300.

Charmaz Kathy. (2006) *Constructing Grounded Theory: A Practical Guide through Qualitative Analysis.* London: Sage Publications. http://www.sxf.uevora.pt/wp-content/uploads/2013/03/Charmaz_2006.pdf

Colwell, Alison M. (2010) *Exploration of Inquiry in the English Classroom* https://ed.psu.edu/englishpds/inquiry/projects/Colwell.pdf. 2003 emanilapoetry.http://www.emanilapoetry.com/writersgroup/index.php/about/.

Department of Education. (2013) *K to 12 Gabay Pangkurikulum: Baitang 7-10* Pasig City. Retrieved from https://www.slideshare.net/target23/filipino-curriculum-guide-k-to-12

Department of Education (2017). *Philippine Professional Standard for Teachers.* Research Center for Teacher Quality (RCTQ) with the support from the Australian Government. Retrieved from https://www.scribd.com/document/370466795/professional-standards-for-teachers-in-the-philippines-july2017-pdf

Driscoll, M. P. (2005). *Psychology of Learning and Instruction* (3rd ed.). Boston, MA: Allyn & Bacon.

Duffy, Melissa C. et.al. (2015 November 5). *Team regulation in a simulated medical emergency: An in-depth analysis of cognitive, metacognitive, and affective processess.* Springer Netherlands. doi: 10.1007/s11251-014-9333-6

Epler, Drape, Broyles, Rudd. (2013) *The Influence of Collaborative Reflection and -Aloud Protocols on Pre-Service Teacher's Reflection: A Mixed Methods*

Friesen, Sharon. (2013) *Inquiry-Based Learning: A Review of the Research Literature.* http://galileo.org/focus-on-inquiry-lit-review.pdf.

Gibson, J. J., & Gibson, E. J. (1955). Perceptual learning: Differentiation or enrichment? *Psychological Review, 62*(1), 32-41.doi: 10.1037/h0048826

Guia, Clarissa D. (2012) *Reflective Transformational Supervisory Model (RTSM).* PNU.

Glaser, Barney G & Strauss, Anselm L., (1967). *The Discovery of Grounded Theory: Strategies for Qualitative Research*, Chicago, Aldine Publishing Company.

http://faculty.babson.edu/krollag/org_site/craft_articles/glaser_strauss.html

Gozar, Philadelphia V. (2017) *Paghahanda ng Mga Gawaing Pasulat Gamit ang Digital na Teknolohiya para sa Baitang 5.* Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila.

Gutierez, Sally B. (2015) *Collaborative professional learning through lesson study: Identifying the challenges of inquiry-based teaching* Quezon City: University of the Philippines.

Henderson, James. (1992). *Reflective Teaching: Becoming an Inquiring Educator – Second Edition.* PNU Library.

Kharkurin, Anatoliy V. (2016). *Traditional Thoery of Poetry.* Retrieved from https://www.virtualsalt.com/poetrytheory.html

Kinsella, Elizabeth Anne (2010). *The art of reflective practice in health and social care: Reflections on the legacy of Donald Schön. Reflective Practice: International and Multidisciplinary Perspectives*, 11(4), 565-575. Retrieved from Taylor & Francis Online Journal. https://www.researchgate.net/publication/253235089_The_art_of_reflective_practice_in_health_and_social_care_Reflections_on_the_legacy_of_Donald_Schon_Reflective_Practice_International_and_Multidisciplinary_Perspectives_114_565-575

Kolb, D. A. (1984). *Experiential learning: Experience as the source of learning and development* (Vol. 1). Englewood Cliffs, NJ: Prentice-Hall.

Legaspi, L. Q. (2015) *Mga Resipe sa Pagsulat: Koleksyon ng mga Gawain sa Pagsulat na Magagamit ng Guro sa Lebel Elementarya*. Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila.

Lesson Study Philippines. (2015) *Bridging the challenges of inquiry-based teaching:Commonwealth Elementary School teachers' insights on lesson*

*study.* http://lessonstudy.nismed.upd.edu.ph/2015/05/-inquiry-based-teaching.html.

Lising, Sharon L. (2009) *Apply the Reflective Action Cycle in Teaching English in large classes in a Philippine School.* Philippine Normal University, Manila.

Lopez, Salvador P. (1940) *Literature and Society: Essays on Life and Letters.* Manila: University Publishing Co., Inc., Print

Miggliacio T & Melzer D. (2016) *Using Grounded Theory in Writing Assessment.* California State University, Sacramento. https://wac.colostate.edu/journal/vol22/migliaccio.pdf

Maningas, Glicerio M. (2016). *The Phenomenon of Sakto Lang Academic Performance: A Grounded Theory of Incongruent Low Academic Outcome and High Academic Self-Concept.* Philippine Normal University, Manila.

Matreo, Edlyn. (2013). *Effectiveness of Model-Observe-Reflect-Explain (MORE) thinking frame on the performance of students in high school chemistry*. Philippine Normal University, Manila.

McLeod, S. A. (2017, Oct 24). *Kolb - learning styles*. Retrieved from https://www.simplypsychology.org/learning-kolb.html

Moon, J A (1999). Reflection in learning and professional development: theory and practice. London: Kogan Page.

Mezirow, J (2006). An overview of transformative learning. In P Sutherland and J Crowther (Eds), Lifelong learning: Concepts and contexts (pp 24-38): New York: Routledge

Murphy, Kathleen R. (2014). *The Effect of Reflective Practice on High School Science Students' Critical and Reflective Thinking*. Western Connecticut State University. Retrieved from https://repository.wcsu.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1033&context=educationdis

Patel, Rakesh (2008, November 28). What are Reflective and Lyric Poetry? English Literature. Retrieved from https://englishliterature99.wordpress.com/2008/11/27/what-are-reflective-and-lyric-poetry/

Pecson, Ryan M. (2014). *Localization and Contextualization in Teaching K-12 Social Studies.* http://ryanramoletepecson.blogspot.com/2014/06/localization-and-contextualization-in.html.

Pogado, V. C. (2000). *Proposed Online Writing Portfolio in Teaching and Learning Writing Skills for First Year High School Students.* Philippine Normal University, Manila.

Poindexter, Cynthia C. (2002, December 1). *Research as Poetry: A Couple Experiences HIV.* Sage Journals. doi: 10.1177/1077800402238075

Purganan, Mona J. (2004). *Reflective Practice as a tool in developing the writing skills of engineering students.* Philippine Normal University, Manila.

Ranario, Ceferina H. (2010). *Tulambuhay: ang Tula bilang Saranggola ng Buhay.* De La Salle University, Manila.

Research Methods. (2019). Verbal Protocols. https://education.stateuniversity.com/pages/2363/Research-Methods-VERBAL-PROTOCOLS.html

Ross, Nadine (2011). *Reflective Writing: An Approach to Developing Critical Thinking and Proficient Writing.* Center for Teaching Excellence, United States Military Academy, West Point, NY . Retrieved from https://docplayer.net/10871106-Reflective-writing-an-approach-to-developing-critical-thinking-proficient-writing.html

Speare, Jean & Henshall, Amanda (2014 August 27) **“***Did anyone think the trees were students?’ Using poetry as a tool for critical reflection”.* Taylor & Francis Online. doi: 10.1080/14623943.2014.944138

Salaun-Chamberlain, Jennifer et.al. (2013). *Linking Symbolic Interactionism and Grounded Theory Methods in a Research Design: From Corbin and Strauss’ Assumptions to Action.* School of Nursing, Midwifery and Nutrition, James Cook University, P.O. Box 6811, Cairns, Queensland 4870, Australia. doi: 10.1177/2158244013505757

Schön, D (1991). *Educating the Reflective Practitioner: toward a new design for teaching and learning in the professions*. Oxford: Josey-Bass Publishers

Strauss, A. and Corbin, L (1990). *Basics of Grounded Theory Methods.* Beverly Hills, CA.: Sage.

Tabbada-Rungduin Teresita. (2011). *Isang Paglalakbay patungo sa Pagpapatawad:* Isang perspektibong Debelopmental. Unibersidad ng Pilipinas, Maynila.

The University of Arizona Health Sciences: Educational Framework. (2015). Retrieved from https://fid.medicine.arizona.edu/ed-framework/metacognition

Tolentino, Joyce Ann B. (2014) *BALITULAAN: Sa Pagitan ng Balita at Tula.* (Vol. 54. No.1). DLSU.

University of Wollongong Australia. (2019). *Components of Assessment Rubrics*. Retrieved from https://www.uow.edu.au/curriculum-transformation/aqc/components/index.html

Villafuerte, Patrocinio V. (2007). *"Ang Gurong Manunulat/Ang Manunulat na Guro: Dukal ng Pagkamalikhain at Sosyo-politikal sa Bansa"*. The Normal Lights: Journal in Teacher Education. Vol. No.1. PNU. Manila

Ward, Paul. (2014). Verbal Protocols. https://www.researchgate.net/publication/317638181_VERBAL_PROTOCOLS

Wolpert-Gawron. (2016) *What the Heck is Inquiry-Based Learning?* https://www.edutopia.org/blog/what-heck-inquiry-based-learning-heather-wolpert-gawron.

WNET Education. (2004). *Concept to Classroom: Inquiry-based Learning.* http://www.thirteen.org/edonline/concept2class/inquiry/index_sub2.html.

Whitehead, Amy Elizabeth et.al (2016). *'Think Aloud': Toward a Framework to Facilitate Reflective Practice Amongst Rugby League Coaches. International Sport Coaching Journal* (3, 269-286). Retrieved from http://researchonline.ljmu.ac.uk/3906/

# A P E N D I K S

## Apendiks A: Mga Liham

Republic of the Philippines
Department of Education
National Capital Region
DIVISION OF CITY SCHOOLS- VALENZUELA
Pio Valenzuela St., Marulas,
Valenzuela City
divisionofvalenzuela@yahoo.com
telefax: no. (02) 292-32-47)

January 31, 2019

JAN 31 2019

**Ms. BERNADETTE S. SANTOS**
Researcher
Pamatasang Normal ng Pilipinas
Daang Taft, Sining at Wika

Dear Ms. Santos:

This is to acknowledge receipt of your letter request dated January 7, 2019 to conduct research in Caruhatan National High School.

With regard to your request, this Office interposes no objection thereof provided that proper coordination with the school head concerned is made to avoid disruption of classes.

Furthermore, this office shall be furnished a copy of the findings and recommendations of the research.

Thank you.

Very truly yours,

**ELIZABETH E. QUESADA, CESO V**
School Division Superintendent

Incls.: As Stated

OSDS/che

*Service at its best, Education platform enriched, Achievement without borders, Learning opportunities endless*
**SEAL of Excellence**

Pamantasang Normal ng Pilipinas
*Ang Pambansang Sentro ng Edukasyong Pangguro*
Kolehiyo ng Paglinang Pangguro
Fakulti ng mga Sining at Wika
Daang Taft, Maynila

**LIHAM PAHINTULOT**

February 4, 2019

**VIRGINIA O. ALACON, Ed.D.**
Principal IV
Caruhatan National High School
Division City Schools-Valenzuela City

Ginang:

Magandang Araw!

Ako si Bernadette S. Santos, Master Teacher I ng Caruhatan National High School at kasalukuyang nakaenrol sa Pamantasang Normal ng Pilipinas para sa pagtatamo ng digring masteral sa Sining ng Pagtuturo ng Asignaturang Filipino ay kasalukuyang nagsasagawa ng pananaliksik na pinamagatang **"Replektibong Pag-iisip sa Pamaraang 'Isip-Sambit' Gamit ang Tula: Isang Modelo"**.

Kaugnay nito, ako ay humihingi ng pahintulot sa inyong mabuting tanggapan na makapaglikom ng kakailanganing datos – pagpapasagot ng mga talatanungan at pagsasagawa ng gawain sa replektibong pag-iisip sa sampung manunulat ng ating paaralan. Ang mga datos na makakalap ay aanalisahin upang makabuo ng modelo sa replektibong pag-iisip na maglalarawan at tutukoy sa prosesong pampag-iisip ng mga mag-aaral na may kapakinabangan tungo sa walang maliw na pagkatuto.

Kalakip ng liham na ito ang listahan ng piling mga mag-aaral, sipi ng mga liham pampahintulot at talatanungan para sa inyong kabatiran.

Tinitiyak ng mananaliksik na ang gawain ay isasagawa nang walang naaantalang klase at hindi makaaapekto sa kanilang akademikong istatus. Higit sa lahat, ang anumang makukuhang kasagutan ay pananatilihing pribado at nasa mabuting pangangalaga.

Maraming salamat at ako ay lubos na umaasa sa inyong positibong pagtugon.

Lubos na Gumagalang,

**BERNADETTE S.SANTOS**
Mag-aaral Gwadrado
Pamantasang Normal ng Pilipinas

Noted:

VIRGINIA O. ALACON Ed. D.

*Service at its best, Education platform enriched, Achievement without borders, Learning opportunities endless*
**SEAL of Excellence**

**Pamantasang Normal ng Pilipinas**
*Ang Pambansang Sentro ng Edukasyong Pangguro*
Kolehiyo ng Paglinang Pangguro
Fakulti ng mga Sining at Wika
Daang Taft, Maynila

**LIHAM PAHINTULOT**

February 4, 2019

**EVELYN P. PALERMO**
Puno ng Kagawaran ng Filipino
Caruhatan National High School
Division City Schools-Valenzuela City

Ginang:

Magandang Araw!

Ako si **Bernadette S. Santos**, Master Teacher I ng Caruhatan National High School at kasalukuyang nakaenrol sa Pamantasang Normal ng Pilipinas para sa pagtatamo ng digring masteral sa Sining ng Pagtuturo ng Asignaturang Filipino ay kasalukuyang nagsasagawa ng pananaliksik na pinamagatang **"Replektibong Pag-iisip sa Pamaraang 'Isip-Sambit' Gamit ang Tula: Isang Modelo".**

Kaugnay nito, ako ay humihingi ng pahintulot sa inyong mabuting tanggapan na makapaglikom ng kakailanganing datos – pagpapasagot ng mga talatanungan at pagsasagawa ng gawain sa replektibong pag-iisip sa sampung manunulat ng ating paaralan. Ang mga datos na makakalap ay aanalisahin upang makabuo ng modelo sa replektibong pag-iisip na maglalarawan at tutukoy sa prosesong pampag-iisip ng mga mag-aaral na may kapakinabangan tungo sa walang maliw na pagkatuto.

Kalakip ng liham na ito ang listahan ng piling mga mag-aaral, sipi ng mga liham pampahintulot at talatanungan para sa inyong kabatiran.

Tinitiyak rin ng mananaliksik na ang anumang makukuhang kasagutan ay pananatilihing pribado at nasa mabuting pangangalaga.

Maraming salamat at ako ay lubos na umaasa sa inyong positibong pagtugon.

Lubos na Gumagalang,

**BERNADETTE S.SANTOS**
Mag-aaral Gwadrado
Pamantasang Normal ng Pilipinas

Noted
Evelyn P. Palermo

## KASUNDUANG PAMPAHINTULOT

**Basahin nang maigi ang papel pahintulot bago magdesisyong makilahok sa pag-aaral.**

| | |
|---|---|
| **Pamagat ng Pananaliksik:** | Replektibong Pag-iisip sa Pamaraang 'Isip-sambit' Gamit ang Tula: Isang modelo |
| **Layunin ng Pananaliksik:** | Layunin sa pananaliksik na ito na makabuo ng isang modelo sa replektibong pag-iisip gamit ang tula |
| **Panuto:** | Sagutan ang talatanungan na binubuo ng (a) Demograpikong Impormasyon ng Mag-aaral; (b) Kaalaman sa Kasanayan sa Replektibong Pag-iisip o Pagninilay; (c) Rubrik sa Naipamalas na Pagninilay, (d) Suliraning Kinaharap sa Gawain sa Replektibong Pag-iisip (e) iba pang katanungan. |
| **Pangangalaga ng Dokumento:** | Mananatiling pribado ang mga impormasyong makukuha sa pag-aaral at masisiguradong ito ay nasa pangangalaga ng mananaliksik. Ang mananaliksik lamang ang makakakita sa mananagot sa datos na nalikom. Opsyunal ang paglalagay ng pangalan, baitang at seksyon, o anumang impormasyong maglalarawan ng pagkakakilanlan. Hindi rin ilalagay sa paglalathala ang resulta ng pag-aaral na ito. |
| **Kusang-loob ng Paglahok:** | Ang pakikibahagi sa pag-aaral na ito ay kusang-loob. Iginagalang din ng mananaliksik kung ito ay tatanggihan, kung hindi man nais ng kalahok, Malaya ang bawat isa na hindi ito sagutan. Gayunpaman, hinihikayat ang lahat na makilahok at tumugon sa inihandang sarbey. |
| **Mananaliksik:** | Maaaring magtanong o maglinaw ng anumang kaugnay na gawain sa mananaliksik na nasa ibaba. |
| | Bernadette S. Santos |
| **Tagapayo:** | Joel C. Malabanan |

# KASUNDUAN SA PAGPAPAHINTULOT NG MAG-AARAL

Ako si, ______________________________, kusang loob na nakikilahok, bilang respondent ng papel pananaliksik na ito na pinamagatang "Replektibong Pag-iisip sa Pamaraang "Isip-Sambit" Gamit ang Tula: Isang Modelo na tumutugon sa paglinang ng modelo sa replektibong pag-iisip.

Sa pagsagot nito, naiintindihan kong:

Nasa akin ang desisyon kung tatanggapin ko ang pakikibahagi sa pag-aaral na ito at malinaw na naipaliwanag sa akin ng mananaliksik ang mga partisipasyon na aming gagampanan sa pag-aaral na ito. Pinagkakatiwalaan ko ang mananaliksik sa anumang impormasyong kanyang makukuha ay hindi gagamitin laban sa paaralan at para lamang sa layuning makabuo ng modelo sa replektibong pag-iisip.

Lagda ng Kalahok: ____________________________ Petsa: _____________

**KASUNDUAN SA PAGPAPAHINTULOT NG MAGULANG**

Ako si, ________________________, magulang ni _______________________ ay kusang-loob na pinahihintulutan ang aking anak na makilahok sa pananaliksik na pinamagatang “Replektibong Pag-iisip sa Pamaraang ‘Isip-Sambit’ Gamit ang Tula: Isang Modelo

Sa paglahok sa pag-aaral na ito, naiintindihan kong:

Nalalaman ko na protektado ang aking anak sa anumang gawain na kaniyang isasagawa at hindi ito ikasisira ng kaniyang pag-aaral at akademikong istatus. Pinagkakatiwala ko rin sa mananaliksik na magiging pribado at hindi babanggitin ang identidad o anumang bagay na maglalarawan ng kaniyang pagkakakilanlan na magdudulot sa kaniya ng anumang kapahamakan.

Lagda ng Magulang: _________________________ Petsa: ________________

## Apendiks B:Talatanungan

(Mag-aaral)

**Talatanungan para sa Mag-aaral**

Pangalan :_______________________________
Paaralan: _______________________________ Baitang at Pangkat: ________________
Edad: ________ Kasarian: _____________ Nasyonalidad: _______________
Wikang Sinasalita: ____________

Mahal na Mag-aaral:

Pagbati!

Alam kong abala ka sa iyong pag-aaral ngunit humihingi ako ng kaunting sandali ng iyong oras upang masagutan ang talatanungang ito.

Ang talatanungang ito ay nabuo bilang bahagi ng pananaliksik na pinamagatang ***Replektibong Pag-iisip sa Pamaraang 'Isip-Sambit' Gamit ang Tula: Isang Modelo***. Nakikiusap akong sagutin mo nang may buong kahusayan at katapatan ang mga nakasaad sa talatanungang ito.

Malaking tulong ang iyong pakikiisa sa pagtatagumpay ng pananaliksik na ito. Huwag kang mag-alala dahil ang makukuhang kasagutan ay mananatiling pribado at nasa mabuting pangangalaga ng mananaliksik.

Maraming salamat at pagpalain ka ng ating Panginoon!

Lubos na gumagalang,

BERNADETTE S. SANTOS
Mag-aaral Gwadrado
Pamantasang Normal ng Pilipinas

## A. DEMOGRAPIKONG IMPORMASYON

**Panuto: Lagyan ng tsek (√) ang patlang na akma sa iyong sagot.**

1. Aling genre sa pagsulat ang pinakahilig mong isulat?

   ______ maikling kuwento
   ______ sanaysay
   ______ tula
   ______ nobela
   ______ at iba pa (tukuyin) ______________

2. Kailan mo nadiskubre ang potensyal mo sa pagsulat?

   ______ 1 buwan nang nakalilipas
   ______ 1 taon nang nakalilipas
   ______ 2 taon nang nakalilipas
   ______ 3 taon nang nakalilipas
   ______ higit sa apat na taon nang nakalilipas

3. Gaano katagal ka nang sumusulat sa opisyal na jornal/pahayagan ng paaralan?

   ______ buwan
   ______ 1 taon
   ______ 2 taon
   ______ 3 taon
   ______ higit sa apat na taon

4. Anong kategorya sa *journalism* o pamamayahag ang iyong isinusulat?

   ______ balita
   ______ balitang isports
   ______ editoryal
   ______ lathalain
   ______ at iba pa (tukuyin) ______________

## B. KAALAMAN UKOL SA REPLEKTIBONG PAG-IISIP O PAGNINILAY

**Panuto: Lagyan ng tsek (√) ang patlang na akma sa iyong sagot.**

1. Alin sa mga sumusunod na salita ang may kasingkahulugan sa salitang replektibong pag- iisip o pagninilay?

______ pangangarap
______ paghuhusga
______ pagmumuni-muni
______ pagtitimbang-timbang
______ Iba pa (tukuyin) ________________________

2. Sa mga gawaing pasulat sa asignaturang Filipino, aling genre ng panitikan ang kadalasang ibinibigay ng iyong guro upang masubok ang iyong kahusayan sa pagninilay?

______ Maikling Kuwento
______ Sanaysay
______ Tula
______ Nobela
______ Iba pa (tukuyin) ________________________

3. Alin sa mga sumusunod na genre ng panitikan ang palagay mo ay maaari pang gamitin para mahasa o mapaghusay ang iyong kasanayan sa pagninilay?

______ Maikling Kuwento
______ Sanaysay
______ Tula
______ Nobela
______ Iba pa (tukuyin) ________________________

4. Pumili ng lima sa mga paksa na saklaw ng iyong interes at hihimok sa iyo na makapagnilay.

| | |
|---|---|
| ______ Dengvaxia | ______ Selfie |
| ______ Millenial | ______ Kahirapan |
| ______ Troll | ______ Modernisasyon |
| ______ Tokhang | ______ Social Media |
| ______ Fake News | ______ Bullying |
| ______ Famous (Kasikatan) | ______ Pamumuno |

## APENDIKS C: Talahanayan ng Resulta ng Balidasyon ng Gawain sa Replektibong Pag-iisip

| KRAYTERYA | (3) Lubos na Naaangkop | (2) Naaangkop | (1) Hindi Naaangkop | KABUUAN | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| *1. PAGGAMIT NG SALITA* | | | | | |
| *1.1* Gumamit ng mga salitang nagpapahayag ng isang diwa. | 1 | 2 | | 2.33 | Naangkop |
| *1.2* Hindi paligoy-ligoy ang pagkakalahad ng mga pahayag | 1 | 2 | | 2.33 | Naangkop |
| *1.3* Wasto ang paggamit ng mga salitang teknikal. | 1 | 2 | | 2.33 | Naangkop |
| *1.4* Angkop ang salita at wasto ang gamit ng wika | 1 | 2 | | 2.33 | Naangkop |
| *2. LAYUNIN* | | | | | |
| *2.1.* Malinaw at madaling maunawaan ang inilahad na layunin sa nabuong gawain | 2 | 1 | | 2.67 | Lubos na Naaangkop |
| *2.2.* Organisado ang pagkakalahad ng mga kaisipan. | 2 | 1 | | 2.67 | Lubos na Naaangkop |
| *2.3.* Angkop ang layunin sa kahingian ng pag-aaral | 2 | 1 | | 2.67 | Lubos na Naaangkop |
| *2.4.* Makatotohanan ang inilahad na layunin sa nabuong gawain | 2 | 1 | | 2.67 | Lubos na Naaangkop |
| *3. PAMAMARAAN* | | | | | |
| *3.1.* Malinaw ang pagkakalahad ng pamamaraan sa gawain | 2 | 1 | | 2.67 | Lubos na Naaangkop |
| *3.2.* Organisado at nasa tamang pagkakasunod-sunod ang hakbang ng gawain | 2 | 1 | | 2.67 | Lubos na Naaangkop |
| *3.3.* Nakatulong ang pamamaraan tungo sa maalwan na pagsasagawa ng gawain | 2 | 1 | | 2.67 | Lubos na Naaangkop |
| *3.4.* Tugma ang pamamaraan sa prinsipyo ng replektibong pag-iisip at pamaraang isip-sambit | 2 | 1 | | 2.67 | Lubos na Naaangkop |
| *4. KAANGKUPAN AT KAWASTUHAN NG GAWAIN AYON SA PRINSIPYO NG DULOG REPLEKTIBO* | | | | | |
| *4.1.* Angkop at wasto ang nabuong gawain sa paglinang ng kasanayang replektibo. | 3 | | | 3 | Lubos na Naaangkop |
| *4.2.* Nakahihikayat sa mga mag-aaral ang gawain upang maipamalas ng mga mag-aaral ang kasanayan sa replektibong pag-iisip | 3 | | | 3 | Lubos na Naaangkop |
| *4.3.* Angkop ang ginamit na mga tanong upang maipamalas ng mga mag-aaral ang | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| kasanayan sa replektibong pag-iisip | 3 | | | 3 | Lubos na Naaangkop |
| *4.4.* Nakaayon ang nabuong gawain sa prinsipyo ng dulog replektibo | 3 | | | 3 | Lubos na Naaangkop |
| ***5. KAANGKUPAN AT KAWASTUHAN NG GAWAIN AYON SA PRINSIPYO NG PAMARAANG 'ISIP-SAMBIT'*** | | | | | |
| *5.1.* Angkop ang nabuong gawain sa prinsipyo ng pagsasagawa ng pamaraang isip-sambit | 3 | | | 3 | Lubos na Naaangkop |
| *5.2.* Angkop ang nabuong gawain upang mahikayat ang mga mag-aaral na gamitin ang pamaraang isip-sambit sa replektibong pag-iisip | 3 | | | 3 | Lubos na Naaangkop |
| *5.3.* Angkop ang ginamit na tanong upang maisagawa ng mga mag-aaral ang pamaraang isip-sambit | 3 | | | 3 | Lubos na Naaangkop |
| *5.4.* Nakaayon ang nabuong gawain sa prinsipyo ng pamaraang isip-sambit | 3 | | | 3 | Lubos na Naaangkop |
| ***6 SETTING/ SITWASYON/ GAMIT*** | | | | | |
| *6.1* Angkop ang ginamit na lugar sa pagsasagawa ng gawain | 2 | 1 | | 2.67 | Lubos na Naaangkop |
| *6.2* Sapat ang ibinigay na oras sa pagsasagawa ng gawain | 2 | 1 | | 2.67 | Lubos na Naaangkop |
| *6.3* Angkop ang inilaang gamit o materyales para sa mga mag-aaral | 2 | 1 | | 2.67 | Lubos na Naaangkop |
| *6.4* Sapat ang nabuong gawain upang maging magaan at maginhawang maisagawa ito ng mga mag-aaral | 2 | 1 | | 2.67 | Lubos na Naaangkop |
| KABUUAN | | | | 2.67 | Lubos na Naaangkop |

Mababasa sa talahanayan bilang 2 na lubos na naangkop ang nabuong talatanungan para sa pagtataya ng gawain sa replektibong pag-iisip sa pamaraang isip-sambit gamit ang tula na may kabuuang katumbas na 2.67. Ngunit sa bahagi naman ng paggamit ng salita nakakuha ito ng 2.33 na may interpretasyong naangkop dahil sa ilang tipograpikong pagkakamali.

## Apendiks D: Nabuong Gawain sa Replektibong Pag-iisip

**Pangalan:** ______________________________
**Baitang at Seksyon:** ______________________
**Petsa:** __________________________________
**Yugto:** _____

### *GAWAIN SA REPLEKTIBONG PAG-IISIP SA PAMARAANG 'ISIP-SAMBIT' GAMIT ANG TULA*

**LAYUNIN**

Sa pagtatapos ng gawaing ito, magagawa ng mga mag-aaral na:

a. maipamalas ang kasanayan sa replektibong pag-iisip habang sumusulat ng tula;

b. makalikha ng tula sa pamaraang isip-sambit.

**Ang Replektibong pag-iisip o pagninilay ay isang kasanayan na tanda ng malalim na pag-iisip ukol sa isang bagay. Nagbibigay daan ito sa mas tumitimong kaalaman tungo sa mas mainam na pagkatuto ng mga mag-aaral. Pinaniniwalaan sa gawaing ito na ang kahusayan sa replektibong pag-iisip ay maaaring maging tuntungan tungo sa mas epektibong pagsulat sa hinaharap.**

**Ngayong araw, ikaw ay inaasahang magpamalas ng iyong kasanayan sa pagninilay sa pamaraang 'isip-sambit' habang sumusulat ng tula. Ang nakahihikayat na pamaraang ito ay makatutulong upang mahagip ng iyong guro ang iyong husay sa pagninilay. Ang pamaraang isip-sambit, sa ingles ay *think-aloud protocol* ay pamaraan kung saan sinasambit o sinasalita mo ang iyong naiisip sa aktwal na panahon. Ang mga susunod na bahagi ay ang hakbang kung paano ito isasagawa nang matagumpay na may gabay ng iyong guro.**

**PAMAMARAAN**

a. Bumunot ng paksa para sa lilikhaing tula.

b. Ang lilikhaing ay tulang malaya na bubuuin ng dalawang saknong na binubuo ng tig-apat na taludtod. Hindi hihilingin ang sukat ngunit maaaring isaalang-alang ang tugma. Pagkatapos, pag-isipan ng angkop na pamagat.

c. Simulan ang pagsulat ng dalawang saknong ng tula, pagkatapos magtatanong ang guro ng ilang katanungan ukol sa sinulat. Ang tanong ng guro ay hihimok tungo sa mas mahusay na pagninilay.

d. Magpapatuloy ang kabuuan ng proseso hanggang sa matapos ang mag-aaral. Pagkatapos, babalikan at babasahin niyang muli ang natapos na tula sa guro.

e. Ang kabuuang takbo ng gawain ay irerekord ng guro para sa transkripsyon at pag-aanalisa.

## Apendiks E: Talahanayan ng Resulta ng Pagsasanay sa Gawain sa Replektibong Pag-iisip

| KRAYTERYA | (4) Lubos na Sumasang-ayon | (3) Sumasang-ayon | (2) Hindi Gaanong Sumasang-ayon | (1) Hindi Sumasang-ayon | KABUUAN | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. Nailahad nang malinaw ng aking guro ang layunin ng pagsasanay | 10 | | | | 4 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 2. Angkop ang lugar at inilaang oras sa pagsasakatuparan ng pagsasanay | 10 | | | | 4 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 3. Nabigyan ako ng sapat na mga kagamitan na gagamitin sa pagsasanay | 10 | | | | 4 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 4. Naglaan ang aking guro ng halimbawa na natutuhan kong maging gabay sa pagsasanay | 10 | | | | 4 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 5. Naunawaan ko kung paano isagawa ang gawain sa replektibong pag-iisip sa pamaraang 'isip-sambit' habang nagsusulat ng tula | 10 | | | | 4 | Lubos na Sumasang-ayon |
| KABUUAN | | | | | 4 | Lubos na Sumasang-ayon |

Mababasa sa talahanayan bilang 3 na lubos na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa naisagawang pagsasanay ng guro sa gawain sa replektibong pag-iisip na may kabuuang katumbas na 4.0. Samakatuwid, naging matagumpay ang pagsasanay na isinagawa ng guro upang ang mga mag-aaral ay mapamilyarisado sa pagninilay sa pamaraang isip-sambit.

## Apendiks F: Talahanayan ng Open Coding (Layunin Blg.1)

1. Talahanayan ng Open Coding para sa Unang Yugto

Paksa: Kahirapan

| Bilang ng Mag-aaral at Isip-Sambit | Isip-Sambit | Code | Tula |
|---|---|---|---|
| M1a<br><br>M3a<br><br>M4a | *Ang paksang gagawaan ko po ng tula ay kahirapan.*<br><br>*Ang aking paksa sa araw na ito yung… ah kahirapan.*<br><br>*Ang paksa ko yung kahirapan* | Pagpapakilala ng paksa | |
| M1a<br><br><br><br><br><br><br>M2a | *Sa unang saknong gusto ko pong ilagay 'dun yung… yung mang… yung impak po ng kahirapan sa mga naaapektuhan nito tulad po ng— karamihan kasi ma'am sa ano… naaapektuhan po ng kahirapan, mga bata. Yung mga hindi na po makapag-aral.*<br><br>*Sa pangalawang saknong po… yun po gusto ko po 'dun na hindi po dahilan ang kahirapan para sumuko o para isuko yung pangarap.*<br><br>*Madalas pumapasok kapag kahirapan, walang trabaho. Walang trabaho, walang magtutustos sa pamilya kaya madalas naghihirap.*<br><br>*Ayan…pinararating ko sa tula na madalas wala namang maghihirap kung, kahit sabihin natin na wala namang trabaho ang isang tao.*<br><br>*sa unang saknong nakapaloob dito yung ahm… kung sino ba yung dapat nating sisihin sa kahirapan.* | Ideya kaugnay ng paksa | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | *Sa unang taludtod, patanong.*<br><br>*Dun pwedeng patanong din siya para kahit papaano mag-isip din ang mambabasa.*<br><br>*Ayun, sunod naman na ano ay… susundan na natin sa patanong. Sinundan naman natin sa ano, sa patanong.* | Patanong na Istilo ng Pagsulat | |
| | | | ***Ano nga ba ang kahirapan?*** |
| **M1a**<br><br><br><br><br><br><br>**M4a**<br><br><br>**M5a**<br><br><br>**M6a** | *Sa unang taludtod pa lang ma'am alam na 'yung, yung topic. Yun nga po, yun nga pong karamihan sa naaapektuhan niya ano, puro bata.*<br><br>*Nakatapos na po ako ng isang saknong.*<br><br>*Parang mas magandang pakinggan 'pag binasa yung pangalawang taludtod naman…*<br><br>*Hmm.. ampangit.. sa… pananim…*<br>*Hindi angkop.*<br><br>*Kaya't sa patalim ay kumakapit, tama.*<br><br>*Tama nga ba to?*<br><br>*Parang mas magandang po siyang ano, may hangganan ba ang lupa, at ang lalim ng dagat ay maabot ko kaya? Kung ang liwanag ay mawaglit sa akin, paano ko tatahakin ang tadhana para sa akin?*<br><br>*Ay… parang magkatugma.. wait…*<br>*Parehas dapat yung pangatlo at pang-apat na taludtod, so…* | Paghuhusga | |
| | | | ***Ito ang pumapatay sa pangarap ng kabataan.*** |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **M1a**<br><br><br><br><br>**M2a**<br><br><br>**M3a**<br><br>**M4a**<br><br><br><br>**M5a** | *Pero po ano, pag nasa tao naman po 'yun eh. Pero karamihan po sa mahihirap may dedikasyon pa rin silang makamtan ang pangarap nila, para po sa pamilya.*<br><br>*Tapos hindi naman po nangyayari sa kanila 'yun ng hindi naplano ni God. Nasa kanila din naman po yun kung ano po yung ginawa nila kung bakit sila naapektuhan ng kahirapan.*<br>*Mabubuhay pa rin naman ang tao kung nabibigay ng pamahalaan yung pangangailangan*<br><br>*So alam naman natin na yung kahirapan ay nararanasan, hindi lang dito sa Pilipinas kundi laganap sa ibang bansa.*<br><br>*ahhh… yung pamahalaan kasi ano parang syempre… parang nahihiya sila na ahh… may pangit na dala yung bansa natin kumpara sa kanila..*<br><br>*yung bunga ng pamamahala hindi naman nalutas kung saan… yung kahirapan*<br><br>*. Dahil talagang tayo kasi nabubuhay tayo sa mundong ahm… puno ng kasalanan, ah ng ano ng, hindi ka kaagad nakakakilos kaya ano, malupit… yung mundong kinabibilangan natin.* | Opinyon kaugnay sa paksa | |
| | | | ***Ngunit ito ay pilit nilang nilalabanan.*** |
| **M1a**<br><br>**M4a**<br><br><br>**M5a** | *Nilalabanan nila ito para sa pamilya. Dahil para… para sa pamilya… ay hindi!*<br><br>*. Binago ko yung magsasaka? Kasi kanina magsasaka responsable sa mga pananim pinalitan ko yun ng sa amin, dinugtong ko… ngunit tila nakalimot sa maliliit na pananim*<br><br>*papalitan ko yung unang saknong ng, may hangganan, ay parang ano… may hangganan ba ang lupa…* | Rebisyon o Pagrerekonstrak | ***Dahil para sa pamilya sila ay lalaban.*** |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | ***Ngunit ito ay hindi dahilan upang mawalan*** |
| **M1a**<br><br>**M5a**<br><br>**M6a** | *Upang mawalan, para 'di mawalan ng pag-asa.*<br><br>*Ano nga ba ang daan tungo sa magandang kinabukasan, kung ang hadlang ay kahirapan sa malupit na mundong kinabibilangan*<br><br>*Tayo ay nabubuhay.. hindi. Sabi kasi ni inay, anak 'di ka makakapagtapos. Sabi kasi ni inay, anak 'di ka makakapagtapos. Pagsubok. Sa ating buhay, sa ating buhay…* | Pag-uulit ng bahagi ng tula | |
| **M1a**<br><br>**M3a**<br><br>**M4a**<br><br>**M5a** | *May mga way naman po eh para makuha nila yung pangarap nila. Upang 'di mawalan ng pag-asa*<br><br>*Kasi po dun na rin po kasi umiikot yung tula, para hindi na rin po mahirap, para alam na rin po ng mambabasa yung paksa.*<br><br>*Tapos sa pangalawa ng saknong, ahh… nakapaloob dito yung, yung kung ano talaga yung naging ugat nung kahirapan ng tao.*<br><br>*Yung parang ASEAN… yung mga gobyerno may karapatan silang ma.. ahh.. magkaroon ng parang koneksyon sa kung anong mayroon tayo kaya yung mamimili parang yung pamahalaan kasi… ahhh… yung pamahalaan kasi ano parang syempre… parang nahihiya sila na ahh… may pangit na dala yung bansa natin kumpara sa kanila..*<br><br>*kaya naisip ko na tinatakpan ng bulok na ani?*<br><br>*…naisip ko na bunga kasi… yung pag.. yung pagtatanim naman inano ko siya sa pamamahala*<br><br>*Kasi… yung katarungan mismo yung mabibigay sa atin ng tamang… ano… yung tamang gagawin natin kung ano ba yung, yung mas mabuti nating gawin* | Pagpapaliwanag ukol sa isinulat | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **M1a**<br><br>**M5a**<br><br>**M6a** | *Ay yung title… yung paksa na lang din po yung title po.*<br><br>*Tapos ang aking title o titulo ay kahirapan din*<br><br>*Pangarap… natupok na pangarap.* | Pagbibigay ng pamagat | |
| **M1a**<br><br><br>**M2a**<br><br><br><br><br><br><br><br>**M4a**<br><br><br><br><br>**M5a**<br><br>**M6a** | *Upang makamtan? Ah hindi… ng pag-asang makamtan? Makamtan. Upang makamtan ang ano?*<br><br>*Kahirapan, paano kapag kahirapan?*<br>*Ano bang pwedeng simula natin nito?*<br>*Kapag mahirap ka ano bang madalas meron kapag mahirap?*<br>*Mahirap… ano bang pwedeng… ano bang pwedeng gawin kapag nahihirapan, anong pwedeng solusyon para mawala yung kahirapan.. ano pa?*<br>*Ano ba?*<br><br>*Kulang ang tubig para sa… magsasaka?*<br><br>*paano ba? Nagbunga?*<br><br>*ahh… paano ko madudugtungan? …tinatago sa mata. Sa?*<br><br>*Kahirapan… ano bang magandang i-ano dito?*<br><br>*Hanggang… hanggang saan nga ba ang lupa?*<br><br>*Paano ko tatahakin ang tadhana para sa akin?*<br>*Tadhana para sa akin? Hanggang saan nga ba ang lupa at ang lalim ng dagat ay… ay…* | Pagtatanong sa sarili ukol sa isusulat/ paksa | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **M1a**<br><br><br><br>**M2a** | *Karamihan din naman po sa mahihirap gusto pong makamtan yung karangyaan para hindi na sila.., karamihan po sa naaapektuhan ng kahirapan nasa squatter area po*<br><br>*Minsan sa gobyerno din madalas kasi ma-corrupt, dahilan kaya hindi nabibigay yung para sa mga tao kaya madalas naghihirap sila.*<br><br>*Ang nangyayari nga 'ngayon, kaysa makarating sa mga mahihirap, nakakarating sa mga tao na… nagpapayaman pa rin nang nagpapayaman, mga pulitiko na mayaman na, ginagawa pa ring yaman nila ang bayan.* | Pag-uugnay ng obserbasyon | |
| | | | ***Ng pag-asang makamtan. Ang pinapangarap na karangyaan.*** |
| **M1a**<br><br>**M2a** | *Siguro po naisip ko po dito, malalampasan naman po ito lahat sa pamamagitan po ni God, kaya po maniwala lang po sila kay God.*<br><br>*Kailangan… kailangan ng maayos na pamumuno. Kailangan maayos muna yung gobyerno bago.. ma.. para po maayos yung mabibigay na pondo sa mga mahihirap. Para hindi nila maranasan na mahirap sila.* | Solusyon ukol sa paksang kahirapan | |
| | | | ***Maniwala ka lamang sa Panginoon at ito ay iyong malalagpasan.*** |
| **Tula Blg. 2** | | | ***Walang pondo, walang proyekto.<br>Ano ba ito?*** |
| **M2a** | *Ang mahirap minsan nakatira sila sa squatters, o kaya nakatira sa ilalim ng mga tulay, o kaya sa mga kalsada na lamang, mga street runners.*<br><br>*Pwede na sigurong ipasok natin yung mga… mga… mga korap na politiko para magkaroon din ng ideya yung babasa, bakit may mga mahihirap.* | Pagbibigay ng halimbawa na maiuugnay sa paksa | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | ***Bakit ba nasa ilalim ng tulay ang bahay mo?***<br><br>***Gobyerno, 'yan muna ang ayusin n'yo***<br>***Bago kaming mga mahihirap dito.***<br>***Alisin… muna ang mga korap… na politiko.*** |
| **M2a** | *Kapag wala nang korap may pondo na. Pwede ring magkaroon sila ng sarili nilang bahay…* | Konklusyon | |
| | | | ***Nang… makamit ko na ang bahay… na pangarap ko.*** |
| **M3a** | *Ah… pero laging sinisisi ng mga tao… nabuo sa isip ko na, bakit laging sinisisi ng mga tao yung pamumuno ng isang namumuno bilang naging ugat ng kahirapan ng tao? Bakit hindi natin ah… aminin o kaya'y alamin natin na yung mismong katamaran natin ay naging dulot din ng kahirapang nararanasan natin?*<br><br>*…hindi ba natin nasusuri yung kung sino talaga yung isa sa mga dahilan nung nararanasan nating paghihirap. Nasuri mo ba?*<br><br>*Hindi natin naisip na isa rin tayo, yung katamaran din natin yung nagiging dahilan ng paghihirap na nararanasan natin.* | Hinaing | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Tula Blg.3** | | | ***Pinuno raw ang dahilan<br>Ng di matapos-tapos na kahirapan<br>Nasuri mo ba?<br>O may masisi ka lang talaga?<br>Bakit 'di mo aminin<br>Na ang katamaran mo<br>Ay tunay na<br>Pinag-ugatan nito*** |
| **M3a**<br><br><br><br><br>**M4a**<br><br>**M6a** | *So yung kinalabasan nung ahh… nung naging tula ko ay kung ano ba talaga yung isa sa mga dahilan o nagiging ugat nung kahirapan. So… yung katamaran.*<br><br>*Bale yung sa magsasaka ang gagamitin ko*<br><br>*balak ko naman ipoint na dito yung sa kahirapan talaga*<br><br>*ito naman tinutukoy naman nito sa mga kabataan na paano ba nila makukuha yung gusto nilang makamit sa, yung gusto nilang makamit, kung sino yung gusto nilang maging* | Paglilinaw/ Pagtitiyak o Kumpirmasyon sa isinulat | |
| **M3a** | *. Dapat 'wag din nating sisihin yung maling pamumuno ng ilan sa mga namumuno dahil hindi naman lahat ng namumuno ay.. ah lahat naman siguro ng namumuno, ang kanilang hangarin ay mapaunlad yung ating bansa. Kaya't itanong din natin sa sarili natin kung ano talaga yung ugat ng kahirapan na nararanasan natin.* | Argumento | |
| **M4a**<br><br><br><br>**M6a** | *bale yung balak ko imbis na tao o yung mismong lipunan yung ano.. ang pupun.. yung gagamitin ko na ano yung.. parang sa palayan, taniman, parang siya yung magsisimbolo ng lipunan tapos yung mga*<br><br>*Parang nagsi-symbolize po siya sa pangarap na namatay po eh.*<br><br>*Parang nagsi-symbolize po siya sa pangarap na namatay po eh.* | Paggamit ng simbolismo | |
| **Tula Blg. 4** | | | ***Malawak na lupain masdan*** |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **M4a** | *ang… iba't… ibang... pananim? (matagal na antala) ang mataas, ang… masdan.. sa malawak na lupain, masdan ang iba't-ibang pananim (matagal na antala) ang… (matagal na antala) may… roong.. (matagal na antala) ahh… mayroong? ahh… (matagal na antala) mayroong mataas at.. ahh.. humahalik? halik sa… (matagal na antala) ano ba yung ibang term ng lupa.. mayroong mataas at humahalik sa... sa... mayroong humahalik sa… (matagal na antala) sa…*<br><br>*Mayroong mataas at humahalik sa.. mabibiyayaan at… mabibiyayaan… may kinukulang* | Paghahabi ng salita upang madugtungan ang tula | |
| **M4a** | *Bale pupunta muna ako sa pang-apat.*<br><br>*Bale ang naisip ko ngayon sa panghuli naman* | Pagtalon sa ibang bahagi ng tula bilang indikasyon ng kahirapan sa isinusulat | |
| | | | ***Mayroong mataas at humahalik sa lupang tigang*** |
| **M4a** | *Ahm… nag-iisip ako nung pangsunod na saknong*<br>*Di ko maitugma ang pangatlo at pang-apat na taludtod… nag-iisip ako ng… salita na pwedeng madugtong… at… para maging buo na yung ideya ng mismong tula*<br><br>*Ahh.. hindi ko mahanap ang angkop na salita para mas maganda pakinggan? Hmm… 'di ko.. di ko alam kung madudugtong ko yung binabalak ko na pag… (matagal na antala) hmm…* | Problema-Solusyon | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **M4a**<br><br><br><br><br>**M6a** | *…binubuo ko sa imahe ko yung ano kung ano ba yung kaganapan sa lupain ng isang magsasaka na pwede kong maihalintulad sa kalagayan ng lipunan natin.*<br><br>*…sino ba yung maaaring magkontrol o siya yung mas magiging ano ng lipunan natin, di'ba parang sa pamahalaan sila yung humahawak sa lipunan tapos yung sa lupain naman o sa taniman yung sa magsasaka*<br><br>*Yung naiisip ko po habang sinasabi yung paksang kahirapan, parang yung, yung isang bata po na nasa dalampasigan parang iniisip niya kung hanggang saan ba yung… kung makakamit ba niya yung pangarap niya.* | Imahinasyon | |
| **M4a**<br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br>**M6a** | *Iniisip ko paano ko mahahalintulad yung pakikinabang ng magsasaka sa mga pananim sa pakikinabang ng pamahalaan sa mamamayan o sa atin*<br><br>*Inani ang bunga… inani ang bunga… ng.. mali.. inani ang bunga… galing? Ah mali mali.. ngunit tila nakalimot sa maliliit na pananim… (matagal na antala) Ahh.. ano ba?*<br><br>*"Ah bale nakaisip ulit ako pamalit sa ano.. kasi parang hindi na siya… aahh.. hindi na siya masyadong magtutugma sa una kong nagawa bale ang nababalak ko ngayon yung sa kahirapan na parang imbis na ahh.. masolusyunan siya ng pamahalaan… parang… tinatago lang siya.. ganon parang naisip ko na… ahh… ahm… ang bulok.. ang bulok… ay tinatago… hindi mali… (nagbura) binubunot… binubunot ang… iniiisip ko yung ibang termino ng sira…"*<br><br>*Parang mas magandang i-una nga yung patanong, pero parang mas maganda ngang i-una yung ano, yung mismong sa tao, yung dinidirekta.*<br><br>*Ay hindi, mawaglit sa akin.* | Pagtatalo ng isip | |
| **M4a** | *Bale yung ano siya na yung mamamayan na naisip ko tapos yung itinatago sa mata ng mamimili parang… inisip ko siya na ibang tao o ibang pamahalaan sa ibang bansa kasi naisip ko yung pinag-aralan naming sa A.P… yung sa United ano ba yun? Yung parang ASEAN* | Pag-uugnay ng dating kaalaman mula sa naging aralin | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | ***Itinatago sa mata ng mamimili.*** |
| **Tula Blg. 5** | | | ***Milyong tao ang nagigipit***<br>***Kaya't sa patalim ay kumakapit***<br>***Sukdulan ang nararanasan***<br>***Makamit lang ang katarungan*** |
| **M5a** | *Ipinararating nito yung, ahm… kumbaga syempre sa karanasan ko din na parang, kailangan kapag sa kahirapan kasi, marami tayong nagagawang mali, may mga nagagawa tayong hindi tama kaya kumakapit tayo sa patalim para matustusan natin kung ano yung pangangailangan natin.*<br><br>*mga bagay rin kasi na halimbawa ahm… kailangan ko ng isang… pera dahil nangangailangan nga ako, manghihingi ka kung kanino ba dapat talaga tayong humingi dahil bilang isang anak, nangangailangan din tayo sa ating mga magulang, ganyan.patanon* | Pag-uugnay sa karanasan | |
| **M5a** | *At ano, isa rin dun yung kailangan din tayong ano, yung katarungan. asi… yung katarungan mismo yung mabibigay sa atin ng tamang… ano… yung tamang gagawin natin kung ano ba yung, yung mas mabuti nating gawin* | Pag-uugnay sa isyung panlipunan | |
| **M6a** | *Naglagay po ako ng line ng ina, sabi kasi ni inay, anak 'di ka makakapagtapos.* | Paggamit ng dayalogo | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | ***Ano nga ba ang daan<br>Tungo sa magandang kinabukasan<br>Kung ang hadlang ay kahirapan<br>Sa malupit na mundong kinabibilangan*** |
| **Tula ng Mag-aaral Blg. 6** | | | ***May hangganan ba ang lupa?<br>At ang lalim ng dagat ay maabot ko kaya?<br>Kung ang liwanag ay kinakain ng dilim<br>Paano ko tatahakin ang itinadhana sa akin?***<br><br>***Kasabay ng pangarap na unti-unting natutupok<br>Sabi kasi ni inay, "anak di' ka makakapagtapos".<br>Sa ating buhay ay labis ang mga pagsubok.*** |

## 2. Talahanayan ng Open Coding para sa Ikalawang Yugto

Paksa: Bullying

| Bilang ng Mag-aaral at Isip-Sambit | Isip-Sambit | Code | Tula |
|---|---|---|---|
| **M1b**<br><br>**M3b**<br><br>**M5b**<br><br>**M6b** | *Yung paksa ko po ay tungkol sa bullying.*<br><br>*Ang paksang aking pinili ay tungkol sa bullying.*<br><br>*Ang paksang aking pinili ay tungkol sa bullying.*<br><br>*Yung paksa po na napili ko is yung pambubully o bullying…* | Pagpapakilala ng paksa | |
| **M1b**<br><br>**M6b** | *Nakaranas din ako nito ma'am,*<br><br>*.. isa po akong president ng silid-aralan, napapansin ko po na kapag mali yung… parang.. kakaiba yung pinagmulan ng isang estudyante tsaka po mag-aaral, parang pinagtatawanan po nila ng mga kaklase ko.*<br><br>*. Tapos syempre ako po, dahil isa rin po akong tubong ano… probinsyano din po 'ko, nakaranas din po 'ko ng pambubully. May mga time na hindi ka maka.. ano… hindi ka na makikinig sa guro kasi minsan may mga guro din na… pakikisamahan ng mga estudyante kahit mali. Tapos yung matatawa pa sila… dun sa pananalita.. kahit pa mismo yung guro yung mangungunang matatawa… kahit.. simpleng pagtawa lang alam mo na, na… natawa din yung guro na 'yun na naging pasimuno ng… araw-araw na pambubully sa'ken…* | Pag-uugnay sa karanasan | |
| **M1b**<br><br>**M2b**<br><br>**M3b** | *Ano ma'am, sa unang saknong gusto ko ma'am ano, yung parang dito maaapektuhan sa mga nabubully. Tapos sa pangalawa po, kung ano yung epekto nito.*<br><br>*Ahm… maging konsepto bakit nagagawa ng bullying ang isang tao.*<br><br>*Pananakot syempre sinasaktan…* | Ideya kaugnay sa paksa | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **M6b** | *Kung saan, ang mga taong nakakaranas nito ay nawawalan ng pag-asa. dahil napagtanto-tanto ko na ang mga tao ay patuloy na nararanasan ang ganitong sitwasyon, nawawalan sila ng pag-asa sa sarili.*<br><br>*… dapat po na kalabasan ng tula is… ano.. dapat po yung makikita dito kung ano yung mga dahilan kung bakit nabubully ang isang tao tapos kung ano ba yung nagiging impact* | | |
| **M1b** | *pero yung sa unang saknong po. Kung paano siya or kung… kung ano yung, ah hindi, kung paano siya ah hindi, kung ano yung epekto nito sa mga nabully.*<br><br>*Sa unang taludtod… ah hindi… dito na lang sa unang saknong, para sa mga binubully*<br><br>*Alam mo ba ang sakit na nadarama nila… alam mo ba ah hindi,*<br><br>*Dahil sa sakit na nadarama, ay hindi. Ay tama pala.. nadarama*<br><br>*Title ko ma'am, iibahin ko na lang. Ahm.. kaso ma'am wala naman sa paksa yung bullying, pero kapag naman nabasa siya, dun malalaman yung tungkol sa bullying siya…*<br><br>*Pwede kaya yung sakit? Ah hindi, bullying na lang din…*<br><br>*Gusto ko pong… parang ito po is point of view ng ano.. ay hindi!* | Pagtatalo ng isip | |
| **M1b**<br><br>**M2b** | *Naiisip ko ma'am na epekto non ano… syempre po nakakasakit, nakakababa ng confidence ng tao. Nakakawala ng tiwala sa sarili… ahm.. tapos nagiging, hindi na siya nakikihalubilo sa ibang kaibigan ganon po.*<br><br>*Pag bullying, sinasaktan, madalas… pisikal o kaya yung sa emotional nangyayari ang bullying. Bullying? Pwedeng maaaring klase ng bullying, maaaring pisikal kasi ganon madalas yung nangyayari, na bullying.*<br><br>*…dahil ang mga tao naman ay hindi alam ang personalidad ng isang tao, patuloy pa rin nilang pinipintasan ang tao kahit hindi naman nila alam ang buong istorya nito.* | Repleksyon mula sa Obserbasyon | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **M6b** | *Ah iniugnay ko 'tong unang taludtod sa mga taong patuloy na ginagawa ang bullying.*<br><br>*ang tao kasi kapag nakikita nila na ahh.. na ikaw ay nanggaling sa ganitong uri ng pamilya, magkakaroon sila ng kaisipan… o yung… o ideya na i-bully ka dahil dun sa pinanggalingan mo.*<br><br>*Yung pagdating naman sa hitsura, pangit… nagkakaroon ng ahh.. diskriminasyon o bullying dun sa isang tao dahil dun sa kanyang panlabas na kaanyuan.* | | |
| **M1b** | *Ang una po, patanong.* | Patanong na Istilo sa pagsulat | |
| **Tula ng Mag-aaral Blg. 1** | | | ***Alam mo ba ang sakit na nadarama nila?*** |
| **M1b**<br><br><br><br>**M6b** | *…puro na lang alam mo ba (natawa). Kasi ma'am parang ampangit lang tingnan kapag paulit-ulit na lang yung words.*<br><br>*Tuwing… tuwing binababa mo ang kanilang… hala kumpiyansa na naman ma'am!*<br><br>*mas mainam na gamitin yung pagsusuri o yung salitang susuriin kaysa sa titingnan.* | Paghuhusga | |
| **M1b** | *Simulan natin sa dulo,* | Pagsisimula sa dulo ng tula | |
| | | | ***Bumababa ang kumpiyansa***<br>***Dahil sa sakit na nadarama*** |
| **M1b**<br><br><br><br><br><br>**M2b** | *Kailangan ko bang magdusa?*<br><br>*Tuwing kinukutya at inaasar mo sila, alam mo bang… wait. Ano bang pwedeng isunod dito?*<br><br>*Tuwing pinapahiya mo sila? Pwede kaya yun?*<br><br>*Bullying, paano 'pag sinabing bullying? Bullying kasi… 'yun, bakit pumapasok yung bullying sa isang tao? Bakit nagagawa ng isang tao na* | Pagtatanong sa sarili kaugnay sa paksa o isusulat | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| M4b<br><br>M5b | *mambully? Ano bang maaaring pumasok dun sa… nangyari sa tao para mambully siya sa ibang tao rin?*<br><br>*Bakit ba? Ano bang maaaring idugtong? Bakit ba kapag… ano bang maaari?*<br><br>*Yung, ano bang maaari nating idugtong? Pwede nating gawin na istilo na para maging mas maayos yung tula?*<br><br>*Ano ba?*<br><br>*Sa kanya ang mga daing?*<br><br>*Sunod… anong pwedeng sunod dun?*<br><br>*Pananakit. Pananakit?* | | |
| | | | ***Ito lang ang aking kaya Kailangan ko bang magdusa?*** |
| M1b<br><br>M6b | *Kailangan ko bang magdusa, tama ba? Bumababa ang kumpiyansa, dahil sa sakit na nadarama. Ito lang ang aking kaya, kailangan ko bang magdusa?*<br><br>*Alam mo ba ang sakit na nadarama nila tuwing kinukutya at inaasar mo sila, hindi ka ba nakukunsensya kapag…*<br><br>*Ng pagkaka…kilan-lan. Panlabas na kaanyuan, pinandidirihan at pinagsisigawan, nabuo sa maling konsepto ng pagkakakilanlan* | Pagbabasa ng nalikhang tula | |
| M1b | *Ano ma'am tapos ko na, ito ma'am parang sa ano 'to ma'am, point of view ng nabully.* | Point of view ng nabubully bilang istilo ng tula | |
| M1b | *Sa dulo, puro A* | Pagtutugma sa dulo ng taludtod ng tula | |
| | | | **Alam mo ba ang sakit na nadarama nila tuwing inaasar at kinukutya mo sila?** |

| | | | ***Hindi ka ba nakukunsensya?*** |
|---|---|---|---|
| **M1b**<br><br>**M3b**<br><br><br>**M5b**<br><br><br><br>**M6b** | *last na 'to ma'am, dito na naman ako sa last natatagalan.*<br><br>*Sa unang taludtod, hindi ako masyadong nahirapan kasi wala akong masyadong bura.*<br><br>*Ang una ko talagang naisip dito, pagkat manloloko, mapanghusga ngayon ay, pero napagtanto tanto ko na medyo lumayo ito sa paksa at napakagulo nito tingnan kaya binago ko at ito ang kinalabasan,*<br><br>*Dapat siguro ay… (matagal na antala) Ipis. Bakit po ipis yung napili ko? Kasi yung ipis pinandidirihan ito ng tao..*<br><br>*Kung sa dahilan kung bakit siya binubully ng… kapwa… ang mga tao sa paligid niya tulad ng isang estudyante na nakaranas ng bullying.. nabully siya sa pamamaraan ng… ng kanyang pagbigkas.. ng kanyang pananalita tapos yung katangian niya.*<br><br>*..dahil hindi naman tinitingnan, dahil alam nila na mas mahina yung ahhh.. mas mahina yung estudyante para mabully yung… yung guro na higit na may mas kakayanan kaysa estudyante.*<br><br>*nakalagay din dito yung panlabas na kaanyuan, pinandidirihan at pinagsisigawan, kung mapapan.. kung yung ipis.. tulad ng ipis na pandidirihan tapos pagsisigawan pa sa iba na ahh.. nabuo 'to sa maling konsepto ng pagkakakilanlan.*<br><br>*Tapos nakalagay dito… ngunit kung susuriin dapat huwag maliitin, anumang katangian na taglay ng sinuman. Pagkat hindi naman natin dapat tingnan sa pisikal na kaanyuan yung katangian ng tao – nasa ano ito.. nasa pananalita niya, sa kanyang gawa siyempre.*<br><br>*Pagkat hindi naman natin dapat tingnan sa pisikal na kaanyuan yung katangian ng tao – nasa ano ito.. nasa pananalita niya, sa kanyang gawa siyempre.* | Pagpapaliwanag | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | ***Tuwing sila ay umiiyak at nagmamakaawa.*** |
| **M1b**<br><br><br><br>**M6b** | *Tuwing… tuwing… ayun… tuwing sila ay umiiyak. Tuwing umiiyak sila. Ay! Tuwing umiiyak… tuwing ano, tuwing… tuwing… ayan… tuwing sila ay umiiyak at nagmamakaawa.*<br><br>*Panlabas na kaanyuan… (matagal na antala) panlabas na kaanyuan… (matagal na antala) Pinandidirihan… pinandidirihan… (matagal na antala) pinagsisigawan… panlabas na kaanyuan, pinandidirihan at pinagsisigawan (mataga na antala). Nabuo… sa maling konsepto… nabuo sa maling konsepto ng pagkakakilanlan.* | Paghahabi ng mga salita upang madugtungan ang tula | |
| **M1b**<br><br>**M2b**<br><br><br><br><br><br><br>**M4b** | *Ganon yun sila eh, para tumigil. Tumigil na kasi nagmamakaawa.*<br><br>*Di'ba madalas nahihirapan na yung nabubully. Na darating na sa isip nila na, isipin nilang mamatay na lang para ma… matapos na yung nararamdamang poot sa kanila.*<br><br>*…dun sa madalas na nabubully, na isa sa mga paraan para matapos, na naisip niya, magsuicide na lang.*<br><br>*Ilang beses na bang iniluhod*<br>*Sa kanya ang mga pasanin.*<br><br>*Mga mga taingang nakasara at mga nakapikit na mata, sa bawat paghingi ng tulong ay… sa paghingi ng tulong ay. Mga mga taingang nakasara at mga nakapikit na mata, sa bawat paghingi ng tulong ay… sa paghingi ng tulong ay.. ay… wala silang… para sa mga tulong… mga taingang nakasara.. dinig ng taingang nakasara, at saksi ang mga…*<br><br>*Mga bingi… ang paghingi. Saksi ang mga bulag at dinig ng mga bingi. At… baldog? Haha.. ano ba yung kalampag? Suntok? Suntok at kalampag? Ang tunog ay.. ang tunog… ang tulak… dinig ng mga bingi ang suntok at pagkalampag. Ang bawat… ang bawat… ang bawat sigaw* | Imahinasyon | |
| **M2b** | *Maaaring nabully rin siya kaya, nabully rin siya, nasaktan ng mga nasa paligid niya.* | Paghihihuha o Panghuhula kaugnay sa napagninilayang ideya ukol sa Bullying | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **M5b** | *Dun siguro maaari nating gamitin yung ganoong konsepto na kung bakit may bullying.*<br><br>*…siguro yung ibang nabu-bully, may mga dahilan sila kung bakit sila nakakapanakit ng kapwa nila mag-aaral. Siguro dahil ahm… ganoon din yung ginagawa sa kanila noon ng mga pamilya nila, kung sinuman sa ano, parte ng pamilya nila. O kaya, o baka gusto lang nila na makapanakit sila ng ibang mga ano nila, kapwa kamag-aaral* | | |
| **Tula ng Mag-aaral 2b** | | | ***Tama na! Pakiusap tama na!***<br><br>***Ano bang nagawa ko para ako'y iyong saktan*** |
| **M2b** | *pwede rin na siguro pwede ring gamitin natin ulit, yung pag-uulit ng taludtod para mas maipakita yung nais sabihin.* | Pag-uulit ng taludtod ng tula bilang istilo sa pagsulat | |
| | | | ***Tama na, pakiusap tama na!***<br>***Lubha na akong nahihirapan***<br><br>***Yan ang mga salitang ayoko nang marinig pa***<br>***Mga sigaw ng pag-awat at pagmamakaawa***<br>***Ngayon ay nawala na***<br>***Dahil kasama ko na si ama*** |
| **M3b** | *… pwede rin ipasok na salita… ang nais ko na title ay, "Tama na!"*<br><br>*Ang pamagat ng aking tula ay "Tukso, layuan mo ako."*<br><br>*…ang pamagat ko din ay dahilan ano nga ba? Syempre iniisip natin kung ano nga ba ang dahilan ng pananakit o pambubully ng ibang mga mag-aaral.* | Pagbibigay ng pamagat | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **M3b** | *Bago gumawa ng tula, nag-isip-isip muna ako ng mga salitang maaari kong iugnay sa paksang aking napili. Gumawa ako ng mga magkakatugmang salita: Pag-asa, kapwa, pwede ring hinala, tapos ginagawa.*<br><br>*Sa pangalawang taludtod, mag-iisip ulit ako ng mga salitang magkakasing-ugnay. Ah.. kinukutya, mapanghusga, tapos ekspresyon, at ang huli ay depresyon.* | Paghahanay ng mga salita | |
| | | | ***Ang dala ay mali't kawalan ng pag-asa<br>Kung minsa'y salitang pampatay ng kapwa*** |
| **M3b** | *…dahil na rin sa mga salitang inuugnay sa bullying, alam naman natin na ang mga salitang ito ay napakabalbal kapag pinakinggan.* | Opinyon | |
| | | | ***Mga kathang isip at mga hinala.<br>Buong lakas-loob ginagawa<br>Pisikal na katangian kinukutya<br>Sapagkat mga labi ay mapanghusga<br>Mag-ingat sa mga ekspresyon<br>Pagka't ito'y nagdudulot ng depresyon*** |
| **M3b** | *si Joaquin Montes ng Ateneo ay nambully at nagkalat ang isyu sa social media dahil dun sa video at nagano siya, nadepress siya kaya'y ito ang naisipan kong gawaan ng tula.* | Pag-uugnay sa napapanahong isyu | |
| **Tula ng Mag-aaral 4b** | | | ***Ilang beses na bang idinulog<br>Sa kanya ang mga daing*** |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **M4b** | *Parang yung author po yung nagsasalita, basta ang gusto ko pong palutangin dito ay ano po… parang kinukuwento ko po yung nararanasan nung bully.* | Paraang pakuwento bilang istilo sa pagsulat ng tula | |
| | | | ***Ilang beses na bang iniluhod<br>Sa kanya ang mga pasanin.<br>Saksi ang mga bulag<br>At dinig ng mga bingi<br>Ang bawat pakiusap ko na "Huwag!"<br>Sa mga taong mapang-api.*** |
| **M5b** | *Ahm syempre tungkol ito sa mga kabataan. Simulan ko na lang 'don sa ano ni… ano ni Dr. Jose Rizal.* | Pagsisimula ng tula sa tanyag na pahayag mula kay Rizal | |
| **Tula ng Mag-aaral 5b** | | | ***Di ba't kabataan ang pag-asa ng bayan?<br>Na dapat sa kanila ay ibigay ang pangangailangan*** |
| **M5b** | *Tama.. dapat talagang ibigay yun sa kanila!* | Komento ukol sa naisulat | |
| | | | ***Upang sila'y 'di malugmok sa kasakiman<br>At hindi makapanakit ng sinuman<br>Ngunit tila bakit ginagawang kasiyahan<br>Ng mga kabataang 'di malaman ang dahilan<br>Pananakit nga ba ang kasagutan,*** |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | ***O sadyang dahil sa kanilang madilim na nakaraan?*** |
| **M6b** | *mas mainam sigurong unahin yung pamagat para maiangkop ito sa pamagat* | Pagsisimula sa pamamagitan ng pamagat | |
| **M6b** | *So… unang salita dapat dito is… yung mga katangian dapat ng ipis.* | Paglalarawan ng paksa bilang panimula ng pagsulat | |
| **Tula ng Mag-aaral Blg.6** | | | ***Panlabas na kaanyuan pinandidirihan at pinagsisigawan nabuo sa maling konsepto ng pagkakakilanlan. Dapat na huwag maliitin*** |
| **M6b** | *buburahin ko yung natin na salita.* | Pagrerekonstrak | |
| **M5b**<br><br>**M6b** | *Ah ano, pinaparating ko ito para sa kabataan na.. nabu-bully sa eskwelahan*<br><br>*Yung lumabas na konsepto dito… is yung… huwag dapat nating ah.. tingnan sa labas na kaanyuan ang isang tao.. o yung binubully nat.. ng iba.. ng ilan.*<br><br>*kaya Dun ko po nabuo yung.. ahh yung tula ko na pinamagatang ipis na… pambubully po.* | Paglilinaw/ Pagtitiyak o Kumpirmasyon kaugnay sa isinulat | |
| **M6b** | *Dapat suriin natin dahil meron namang mga batas… na tumitingin na kahit na mas malaki yung… tulad ng isang.. kapag yung teacher, o yung isang guro ay nambully sa estudyante.. ahh.. hindi naman ano agad… parang 'pag may nagreklamo… parang mali agad sa unang tingin pa lang kasi.. nakita na agad kung gaa… kung malakas na... higit na mas malakas yung guro sa estudyante. Pero wala pa namang estudyante.. wala pa namang naitala o naireport na… yung estudyante nambully sa guro..*<br><br>*dapat huwag maliitin, anumang katangian na taglay ng sinuman.* | Hinaing ukol sa pambubully ng isang guro | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **M6b** | *yung estudyante nambully sa guro..* | Pag-uugnay sa konteksto ng paaralan | |
| **M6b** | *kunwari po galing siya sa bisaya, yung kanyang pananalita is… kakaiba.. parang.. kapag tinrato siya dahil dun sa pananalita niya* | Pagbibigay ng halimbawa ng sitwasyon | |

D.Talahanayan ng Open Coding para sa Ikatlong Yugto

Paksa: Social Media

| Bilang ng Mag-aaral at Isip-Sambit | Isip-Sambit | Code | Tula |
|---|---|---|---|
| **M1c**<br><br>**M2c**<br><br>**M3c**<br><br>**M5c** | *Ang paksa ko ay tungkol sa social media.*<br><br>*Ang paksang gagawan ko ng tula ay Social Media. Social Media.*<br><br>*Yung napili kong ah paksa sa araw na ito ay yung social media.*<br><br>*Ah bale yung paksa ko social media* | Pagpapakilala ng paksa | |
| **M1c**<br><br><br><br>**M2c**<br><br>**M4c** | *So ang una ko pong ilalagay sa unang saknong, tama sa unang saknong ahm… yung epekto po*<br><br>Sa pangalawang saknong naman ma'am kung paano 'to, kung paano 'to maiiwasan.<br><br>*Gusto kong gawa'n ng tula yung pagbabago ng mga tao mismo na yung mismong tao hindi na makagawa ng mga natural na bagay na ginagawa nung katulad noon.*<br><br>*Ano po parang nai… nai… naiisip ko po kasi yung parang dahil po sa social media, parang yung kina.. nakagawian natin ngayon, yung kagawian o yung ano natin, nakasanayan natin is hindi na po natin nagagawa, parang nagbago na po kasi di'ba nagiging modern na po 'yung ano natin…* | Ideya ukol sa Paksa | |
| **M1c**<br><br>**M2c** | *Ang naisip ko po ay fake news po, ay nabiktima na rin po ako nito.*<br><br>*Ito ma'am base lang din po maam sa experience. Kasi po sa facebook po marami pong basher na nagsasabi po sa isang, sa isang star, sa isang artista po, binabash po nila tapos nagkakalat po sila ng fake news tungkol sa kanila.* | Pag-uugnay sa karanasan | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **M3c** | *tulad ko kapag may ginagawa kong lesson o may pinag-aaralan ko tapos tumunog yung cellphone ko, parang titingnan ko agad yung notification, na kahit yung ginagawa ko ititigil ko muna saglit.* | | |
| **M1c**<br><br><br><br><br><br><br><br><br>**M4c** | *Sa facebook, madaming nagkakalat ng maling balita tapos hindi naman po totoo.*<br><br>*Masyado na silang tutok sa technology, umaasa sila sa technology.*<br><br>*Tapos yung mga kabataan ngayon miski yung kapatid ko hindi na marunong magpiko, hindi na nila alam yung patintero, na dati ginagawa naming kasi hindi naman kami nagse-cellphone cellphone lang. Sila puro gadgets na dahil sa social media.*<br><br>*yung nagiging iba na rin po yung pamumuhay natin at mga paniniwala natin kaya yung dati po nating pinaniniwalaan na pinasasabi ng mga ninuno eh nakalimutan na natin.* | Obserbasyon sa social media | |
| **M1c** | *Sa unang taludtod, ang naisip ko ma'am, sa huli ko na lang sasabihin yung paksa* | Pagbubunyag sa huli ng paksa | |
| **Tula ng Mag-aaral 1** | | | ***Marami itong nabibiktima*** |
| **M1c** | *…tulad ko, nabibiktima? Dahil marami, ah hindi.* | Pag-uugnay sa sariling karanasan | |
| **M1c**<br><br>**M4c**<br><br><br><br><br><br>**M6c** | *Over use na yung marami.*<br><br>*Ay! Kailangan may rhyme.*<br><br>*Parang mamamali kasi yung pagbuo ko ng tula tapos hindi siya tutugma dun sa mga nabuo kong taludtod.*<br>*Social media ahm… mahirap na paksa sobra!*<br><br>*Pagkat ito ri'y may masamang laan.* | Komento ukol sa isinulat o ideya | |
| **M1c** | *Marami itong nabibiktima dahil marami rin ang… naniniwala? Marami itong nabibiktima… dahil ito ay kapani-paniwala.*<br><br>*Dahil ito ay kapani-paniwala, marami itong nabibiktima dahil ito ay kapani-paniwala. Kapani-paniwala. Ano kayang pwedeng sunod? Pwede* | Paghahabi ng salita upang madugtungan ang isinulat na tula | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | *kong isunod ay..dahil ito ay kapani-paniwala, kahit… kahit… anong pwedeng isunod? Marami itong nabibiktima dahil ito ay kapani-paniwala. Marami itong… anong pwedeng isunod? Dahil ito ay kapani-paniwala. Kaya't ating… wait. Kung sa una, kung bakit madaming naniniwala sa fake news, kung paano? Marami itong nabibiktima dahil ito ay kapani-paniwala. Marami ang nabibiktima… marami ding… tapos karamihan din sa gumagawa ng fake news, hindi din nila, wait okay. Marami ding nabibiktima dahil…* | | |
| | *Modernisasyon. Modernisasyon? Internet? Technology. Teknolohiya, Teknolohiya. Ang mga tao ngayon ay gumagamit ng teknolohiya. Teknolohiya…* | | |
| | *Nawawala na ang paggawa? Paggawa. Teknolohiya, dito na tayo unti-unting umaasa. Nawawala na ang paggawa. Paggawa gawa gawa. Wait lang… Paggawa… Nawawalan ng oras, paggawa.* | | |
| **M2c** | *Ang… ang mga kabataan hindi na alam ang ganda, ang saya? Ang saya sa kalikasan. Hindi na alam ang saya sa kalikasan. Mga kabataan* | | |
| **M4c** | *di ko na makit… Anino… anino'y* | | |
| | *Dahil nga ba… dahil nga ba sa mga…* | | |
| **M5c** | *Takbuhan tuwing nais ng aliw… takbuhan tuwing nais ng aliw.* | | |
| | *…oras ay 'di napapansin, ah… mga taong nasa paligid… ah… (matagal na antala) mali… mga taong nasa pali…* | | |
| **M6c** | *Teknolohiya (matagal na antala) teknolohiya, Mga kabataan ngayon na tumatangkilik sa modernisasyon… teknolohiya…* | | |
| | *Ito ba talaga ay naaayon o sadyang dala… O sadyang agos lamang ng panahon.* | | |
| | *Mainam pa rin sila'y may kaalaman , kaalaman… pagkat may masama itong, masama…* | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | ***Dahil ito ay kapani-paniwala*** |
| **M1c** | *Karamihan kasi sa gumagawa ng fake news ano… anggaling!* | Komento ukol sa iniisip na ideya | |
| **M1c**<br><br><br><br><br><br>**M4c** | *Ano kayang pwedeng sunod?*<br><br>*Paano nga ba ito maiiwasan?*<br><br>*…pwede din naman ma'am di'ba kahit wala po sa tula yung title?*<br><br>*Pwede po ito ma'am dito?*<br><br>*At… at ang ating tradisyo'y, atin bang kinalimutan?* | Pagtatanong sa sarili ukol sa idudugtong | |
| | | | ***Marami ring nabibiktima Dahil sa maling akala*** |
| **M1c**<br><br><br><br><br><br><br><br><br><br>**M4c**<br><br><br><br><br><br><br>**M5c**<br><br><br><br><br>**M6c** | *Marami ring nabibiktima dahil sa, dahil sa maling akala.*<br><br>*Paano natin ito maiiwasan?*<br><br>*Ngayon tayo'y gumagamit ng teknolohiya, dito na tayo unti-unting umaasa. Nawawala na.. nawawala an gang paggawa, tiyaga. Dito na tayo unti-unting umaasa…*<br><br>*Nawawala na ang tiyaga, hindi na tayo, hindi na tayo gumagawa.*<br><br>*yapak ng mga anino ay di ko na makita, dahil nga ba sa pagbabago at sa makabagong teknolohiya.*<br><br>*Ang ating tradisyon ay atin bang nakalimutan, mga uso'y atin nang sinundan.*<br><br>*Nagkaroon ako ng bagong mundo, nakipag-ugnayan sa mga di nakakasalamuhang tao. Ah… nagkaroon ako ng…*<br><br>*nakipag-ugnayan sa mga di nakakasalamuhang tao, tuwing nais ng aliw ito ang tatakbuhan.* | Pagbabasa/ Pag-uulit ng isinulat | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | *Mga kabataan ngayon, na tumatangkilik sa modernisasyon. Sasyon. Mga kabataan ngayon, na tumatangkilik sa modernisasyon… Mga kabataan ngayon na tumatangkilik sa modernisasyon…*<br><br>*Mga kabataan ngayon na tumatangkilik sa modernisasyon. Teknolohiya ay sumasakanila, ito ba talaga ay umaayon…*<br><br>*Yan… ito ba talaga ay naaayon o sadyang agos lamang ng panahon.* | | |
| **M1c** | *Natapos na po ako ng isang talud… ay ng isang saknong.*<br><br>*At ating… ating.. tayo ay.. at… at… ating.. ano 'yun? Hindi, hindi siya kapani-paniwala. Ito ay hindi rin, ano bang pwedeng sunod.. at kung ito… at kung ito ay galing sa tao na ayun…* | Paghuhusga sa isinulat | |
| **M1c**<br><br>**M2c**<br><br>**M4c**<br><br>**M5c**<br><br>**M6c** | *Ating siguraduhin kung… ah hindi!*<br>*Tayo'y mag-ingat sa mga balita na ating… ah mali,*<br><br>*Tayo ay maging matalino sa paggamit ng… hindi, fake news to eh. At kung… last na taludtod na… ating siguraduhin ang ating pinaniniwalaan at kung ito ay sa taong mapagkakatiwalaan. Hindi… mali… ito ay galing sa taong mapagkakatiwalaan.*<br><br>*…nahanap? Ah mali… ah…*<br><br>*Title (matagal na antala) Halina't balikan. Hindi,*<br><br>*Ang ating tradisyo'y… ay mali!*<br><br>…*simulan ko sa… ah… umusbong.. ah mali.*<br><br>*Ahm… nakikipag-usap… nakikipag-usap na tanging, ahm nakikipag-usap… ah hindi, mali.*<br><br>*At iniiwan ang gawain 'to, hindi pwede!*<br><br>*Mainam na alam nila ang wasto… mainam na sila'y, ay hindi pwede…* | Pagtatalo ng isip | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | *So mainam pa rin na sila'y may kaalaman pagkat hindi puro kabutihan, mali* | | |
| | | | ***Paano natin ito maiiwasan*** |
| | | | ***Ating siguraduhin ang ating pinaniniwalaan<br>At kung ito ay galing sa taong mapagkakatiwalaan.*** |
| **M1c**<br><br><br><br>**M5c** | *Ay kailangan S din, sa huli na lang nga, sa huling taludtod na lang*<br><br>*Wala na lang po, hindi na lang po mababanggit sa tula ko yung paksa, nasa title na lang po.*<br><br>*Ah bale babaguhin ko na lang yung pagkakabuo nun para mas madalian akong hanapan ng tugma.* | Pagdedesisyon ukol sa gagawin sa tula | |
| | | | ***Para sa ating kapayapaan.*** |
| **M1c**<br><br>**M2c**<br><br>**M3c**<br><br>**M4c**<br><br>**M5c** | *Yan ma'am. Ayan na. Ang title nito ay… fake news. Yan, okay na po.*<br><br>*Teknolohiya*<br><br>*Yung pamagat na naisip ko ay yung notification.*<br><br>*Naglahong-bakas.*<br><br>*Ah, pamagat ko sa paksang social media, "Bagong mundo".* | Pagbibigay ng pamagat | |
| **Tula ng Mag-aaral Blg. 2** | | | ***Ngayon tayo'y gumagamit ng teknolohiya<br>Dito na tayo unti-unting umaasa.*** |
| **M2c**<br><br><br><br>**M5c** | *Binura ko yung pangatlong taludtod kasi wala na akong maisip.*<br><br>*Pag tumunog tiyak kahit…* ***pagkain****… buburahin ko yung pagkain*<br><br>*Bale binura ko para..* | Pagrerekonstrak | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | *Sa bagong mundo.. mali mali* | | |
| | | | ***Nawawala na ang tyaga***<br>***Hindi na tayo gumagawa***<br>***Hindi na alam ang saya, ang taglay na saya ng kalikasan.***<br>***Nawa'y tayo ay gumawa ng paraan***<br>**Upang mabalik ang nakaraan.** |
| **M2c**<br><br>**M4c**<br><br>**M5c** | *So yung pino-point ko dito yung… ayun nga, sa paglipas ng panahon, masyado nang natututok sa teknolohiya lahat ng tao.*<br><br>*Dito po, tulad ng sinabi ko kanina, yung dahil nga po sa pagbabago ng mundo tapos, na nagiging modern na, naaano… yung nagiging iba na rin po yung pamumuhay natin at mga paniniwala natin*<br><br>*bale nilalarawan ko na yung parang social media kung saan yung paksa ko.*<br><br>*Bale yung ano ko, nung sa unang talud… ay.. sa unang saknong ko parang dinis… inilarawan ko muna yung social media kung saan parang ginawa na siyang bagong mundo ng mga tao. Pangalawa naman, inano ko yung isang epekto nung social media kung saan yung pagkakawala ng oras, yung parang hindi na niya napapansin na n'andon lang siya sa mundong 'yon, kung saan yung social media.*<br><br>*gusto kong sabihin dito ano eh, parang mainam pa rin na sila'y may kaalaman kasi ano eh, kasi gusto kong sabihin yung, yung negative effect nito sa kanila.* | Paglilinaw ukol sa isinulat | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **M3c** | *Alam naman natin na ang social media ay napakalaki ng nagiging bahagi nitong parte sa araw-araw na ginagawa ng teen-ager o ng mga kabataan ngayon.*<br><br>*yung notification na yun tungkol yun sa social media marahil, so agad, kahit ano po yung ginagawa ng estudyante, titingnan at titingnan niya yung notification na yun tungkol sa social media kung ano yung nagaganap dun.*<br><br>*…parang tuloy-tuloy na, dahil din siguro sa pagkakaroon ng modernisasyon o teknolohiya kaya mahirap din itigil yung social media, lalo na't mas napapadali nito yung komunikasyon ng bawat isa kahit malayo. Na kapag nangyari 'yun, kapag nagpatuloy pa yung panahon, parang yung mga nangyari noon, mga tulad ng mga kasaysayan parang nababalewala na 'yun sa mga kabataan, na miski basahin, bigyan ng konting oras hindi na nila magawa.* | Pagbibigay Opinyon | |
| **M3c** | *So simulan ko ang aking tula dapat sa pamagat.* | Pagsisimula ng tula sa pamamagitan ng pamagat | |
| **M3c** | *So yung nabuo yung notification sa ah isip ko dahil kapag 'yun naririnig ko o kaya naririnig ng isang teen ager*<br><br>*So dahil siya ay halos kabataan ang gumagamit, mostly po yung kabataan po yung nakikinabang sa social media. Ito yung nagiging patok sa kabataan…*<br><br>*buburahin ko yung pagkain, okay lang naman yung pagkain ilagay pero mas mainam sigurong ilagay yung aralin na lang kasi yung ilang mga aralin o mga lesson namimiss ng estudyante o napapabayaan.*<br><br>*Dahil tungkol 'to sa kabataan, yung pangalawang saknong… dahil parang sa tingin ko hindi na talaga natin maititigil yung social media. Kabataa'y,*<br><br>*So nabuo ko yung tula na' to dahil unang pumasok sa utak ko, naimagine ko kaagad yung sarili ko 'dun na ganoon yung naidudulot ng social media sa'kin, kapag may tumunog titingnan ko kaagad. Kahit yung may ginagawa ako ititigil ko kaagad.* | Pagpapaliwanag | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | ***Patok sa kabataan*** |
| **M3c**<br><br><br>**M5c** | *Pangalawa yung kapag ano, kapag kunwari kumakain tayo tapos biglang may tumunog na toot toot, parang yung notification agad yun kaya kahit pagkain natin pinapabayaan natin, pati pag-aaral…*<br><br>*Yung ibang taong nakapaligid sa kanya hindi niya na napapansin tapos yung sa likhang mundo'y inangkin, parang dun na lang siya sa mismong mundo na yun kaya parang hindi na siya, parang sa totoong mundo kung saan tayo nag-e-exist, hindi na natin, hindi na siya nakikipag-interact dun.* | Pagbibigay ng halimbawang sitwasyon | |
| | | | ***Di saglit na maiwanan***<br>***Pag tumunog, tiyak kahit aralin pababayaan***<br>***Kabataa'y di na mapipigilan***<br>***Lilipas ang panahon***<br>***Na ang mga bagay noon***<br>***Ay lalaon*** |
| **Tula ng Mag-aaral Blg. 4** | | | **Yapak ng anino ay di ko na makita…**<br>***Dahil nga ba sa pagbabago at makabagong teknolohiya*** |
| **M3c** | *Teknolohiya… ang po at opo ay nakalimutan din…*<br>*Ang mga tradisyon..* | Pag-uugnay ng kultura at tradisyon | |
| | | | ***Ang ating tradisyon ba'y kinalimutan?***<br>***At ang mga uso'y atin nang sinusundan?***<br>***Makabagong mundo para sa makabagong tao***<br>***At ang mga dating nakagawian ay burado.*** |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | |
| **Tula ng Mag-aaral Blg. 5** | | | ***Nagkaroon ako ng bagong mundo<br>Nakipag-ugnayan sa mga di nakakasalamuhang tao.*** |
| **M5c** | *hahanap muna ako ng salitang tugma dun sa huli kong nagawa tsaka 'ko na lang bubuuin yung pang-apat na taludtod.*<br>*...naghahanap ako ng tugma sa tatlong taludtod na nabuo ko,* | Paghahanap ng salitang tugma | |
| **M5c** | *Hm… iniisip ko kung paano ko madudugtungan yung nahuli kong taludtod. Hmm… bale parang nahihirapan akong hanapin ang tugma…*<br><br>*Kaalaman pagkat di lahat, pagkat, kami ay… nahihirapan ako sa terminology na gagamitin ko* | Suliranin sa pagsulat | |
| | | | ***Tuwing nais ng aliw ito ang tatakbuhan***<br><br>***Gadgets agad kong hahawakan<br>Oras ay 'di napapansin*** |
| **M5c** | *Ah binubuo ko 'yung susunod na tatlo kung saan magiging ano ko, sa… social media na.* | Pagpapalabas ng paksa sa tula | |
| | | | ***Mga taong nakapaligid sa'kin<br>Tila nakalimot pansinin<br>Likhang mundo'y inangkin.*** |
| **M6c** | *Siguro ahm, gagawa na muna ako ng tula bago ko siya lalagyan ng sarili kong paksa o ng titulo.* | Paglikha ng tula bago ang pamagat | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **M6c** | *Ah maglalarawan muna ako. Ayan maglalarawan muna ako.* | Paglalarawan ng ideya ukol sa paksa | |
| **Tula ng Mag-aaral Blg. 6** | | | ***Mga kabataan ngayon<br>Na tumatangkilik sa modernisasyon<br>Teknolohiya ay sumasakanila*** |
| **M6c** | *Teknolohiya ay sumasakanila, kasi dito kasunod niya A din siya, parang A-A-B-B.* | Pagsasaalang-alang sa tuntunin ng tugmaan. | |
| | | | ***Mga kasanayan nila noo'y wala na.*** |
| **M6c** | *ah magtatanong ako, yun yung istilo ko sa pagsulat eh, yung gusto ko may maiwan sa mga mambabasa.* | Pag-iiwan ng mensahe sa mga mambabasa | |
| | | | ***Ito ba talaga ay naaayon?<br>O sadyang agos lamang ng panahon?<br>Mainam pa ring sila'y may kaalaman<br>Pagkat ito ri'y may masamang laan.*** |

## Apendiks G: Lagom ng mga Natukoy na Code sa Open Coding (Layunin Blg. 2)

| Unang Yugto<br>"Kahirapan" | Ikalawang Yugto<br>"Bullying" | Ikatlong Yugto<br>"Social Media" |
|---|---|---|
| 1. Ideya kaugnay ng paksa<br>2. Patanong na Istilo sa pagsulat<br>3. Paghuhusga<br>4. Opinyon kaugnay sa paksa<br>5. Rebisyon o Pagrerekonstrak<br>6. Pagbabasa ng isinulat<br>7. Pagpapaliwanag ukol sa isinulat<br>8. Pagbibigay ng pamagat<br>9. Pagtatanong sa sarili ukol sa isusulat/ paksa<br>10. Pag-uugnay ng obserbasyon<br>11. Solusyon ukol sa paksang kahirapan<br>12. Pagbibigay ng halimbawa na maiuugnay sa paksa<br>13. Konklusyon<br>14. Hinaing sa pamahalaan<br>15. Paglilinaw/ Pagtitiyak o Kumpirmasyon sa isinulat<br>16. Argumento<br>17. Pagpaplano sa pagsulat ng tula gamit ang simbolismo<br>18. Paghahabi ng salita upang madugtungan ang tula | 1. Pagpapakilala ng paksa<br>2. Pag-uugnay sa karanasan<br>3. Ideya kaugnay sa paksa<br>4. Pagtatalo ng isip<br>5. Repleksyon mula sa obserbasyon<br>6. Patanong na Istilo sa pagsulat<br>7. Paghuhusga<br>8. Pagbuo ng Konsepto<br>9. Pagsisimula sa dulo ng tula<br>10. Pagtatanong sa sarili kaugnay sa paksa o isusulat<br>11. Pag-uugnay sa karanasan<br>12. Ideya kaugnay sa paksa<br>13. Pagtatalo ng isip<br>14. Pagbabahagi ng ideya mula sa obserbasyon<br>15. Patanong na Istilo sa pagsulat<br>16. Paghuhusga<br>17. Pagtatanong sa sarili kaugnay sa paksa o isusulat<br>18. Pagbabasa ng nalikhang tula<br>19. Point of view ng nabubully bilang istilo ng tula<br>20. Pagtutugma sa dulo ng taludtod ng tula | 1. Pagpapakilala ng paksa<br>2. Ideya ukol sa Paksa<br>3. Pag-uugnay sa karanasan<br>4. Obserbasyon<br>5. Pagbubunyag sa huli ng paksa<br>6. Pag-uugnay sa sariling karanasan<br>7. Komento ukol sa isinulat o ideya<br>8. Paghahabi ng salita upang madugtungan ang isinulat na tula<br>9. Pagtatanong sa sarili ukol sa idudugtong<br>10. Pagbabasa<br>11. Paghuhusga sa isinulat<br>12. Pagbabago ng isip<br>13. Pagdedesisyon ukol sa gagawin sa tula<br>14. Pagtatalo ng isip<br>15. Pagbibigay ng pamagat<br>16. Pagrerekonstrak<br>17. Paglilinaw ukol sa isinulat<br>18. Opinyon<br>19. Pagsisimula ng tula sa pamamagitan ng pamagat<br>20. Pagpapaliwanag |

| | | |
|---|---|---|
| 19. Pagtalon sa ibang bahagi ng tula bilang indikasyon ng kahirapan sa isinusulat<br>20. Problema-Solusyon<br>21. Imahinasyon<br>22. Pagtatalo ng isip<br>23. Pag-uugnay ng dating kaalaman mula sa naging aralin<br>24. Pag-uugnay sa karanasan<br>25. Pag-uugnay sa isyung panlipunan<br>26. Paggamit ng dayalogo | 21. Pagpapaliwanag<br>22. Paghahabi ng mga salita upang madugtungan ang tula<br>23. Imahinasyon<br>24. Kawalan ng ideya<br>25. Paghihinuha<br>26. Panghuhula o Paghihinuha kaugnay sa napagninilayang ideya ukol sa Bullying<br>27. Pag-uulit ng taludtod ng tula bilang istilo sa pagsulat<br>28. Pagbibigay ng pamagat<br>29. Paghahanay ng mga salita<br>30. Opinyon kaugnay sa paksa<br>31. Pag-uugnay sa napapanahong isyu<br>32. Paraang pakuwento bilang istilo sa pagsulat ng tula<br>33. Pagsisimula ng tula sa tanyag na pahayag mula kay Rizal<br>34. Komento ukol sa naisulat<br>35. Pagsisimula sa pamamagitan ng pamagat<br>36. Paglalarawan ng paksa bilang panimula ng pagsulat<br>37. Pagrerekonstrak<br>38. Paglilinaw/ Pagtitiyak o Kumpirmasyon kaugnay sa isinulat<br>39. Hinaing ukol sa pambubully ng isang guro | 21. Pagbibigay ng halimbawang sitwasyon<br>22. Pag-uugnay ng kultura at tradisyon<br>23. Paghahanap ng salitang tugma<br>24. Suliranin sa pagsulat<br>25. Pagpapalabas ng paksa sa tula<br>26. Paglikha ng tula bago ang pamagat<br>27. Paglalarawan ng ideya ukol sa paksa<br>28. Pagsasaalang-alang sa tuntunin ng tugmaan.<br>29. Pag-iiwan ng mensahe sa mga mambabasa<br>30. Pagpaplano sa paggamit ng simbolismo bilang istilo sa pagsulat |

| | | |
|---|---|---|
| | 40. Pag-uugnay sa konteksto ng paaralan<br>41. Pagbibigay ng halimbawa ng sitwasyon | |
| **26 CODES** | **14 KARAGDAGANG CODES**<br>1. Pagtutugma sa dulo ng taludtod ng Tula<br>2. Panghuhula o Paghihinuha kaugnay sa napagninilayang ideya ukol sa Bullying<br>3. Paghahanay ng mga salita<br>4. Paraang pakuwento bilang istilo sa pagsulat ng tula<br>5. Pagsisimula ng tula sa tanyag na pahayag mula kay Rizal<br>6. Komento ukol sa naisulat<br>7. Pagsisimula sa pamamagitan ng Pamagat<br>8. Paglalarawan ng paksa bilang panimula ng pagsulat<br>9. Hinaing ukol sa pambubully ng isang Guro<br>10. Pag-uugnay sa konteksto ng paaralan<br>11. Pagbibigay ng halimbawang Sitwasyon<br>12. Pag-uulit ng taludtod ng tula bilang istilo sa pagsulat | **6 KARAGDAGANG CODES**<br>1. Pagbubunyag ng paksa sa hulihan<br>2. Pagsisimula ng tula sa pamamagitan ng pamagat<br>3. Pag-uugnay ng Kultura at Tradisyon<br>4. Paglikha ng tula bago ang pamagat<br>5. Pag-iiwan ng mensahe sa mga mambabasa<br>6. Pagpaplano sa paggamit ng simbolismo bilang istilo sa pagsulat |

| | | |
|---|---|---|
| | 13. Point of view ng nabubully bilang istilo ng tula<br>14. Repleksyon mula sa obserbasyon | |

## Apendiks H: Mga Lumitaw na Tema mula sa Naihanay na Code (Layunin Blg. 3)

| | PAG-UUGNAY NG KARANASAN | PAGKOKONSEPTO | ESTRATEHIYA (Pagsulat at Pampag-iisip) | PAGRERESOLBA |
|---|---|---|---|---|
| **Unang Yugto** | • Pag-uugnay ng obserbasyon<br>• Pagbibigay ng halimbawa na maiuugnay sa paksa<br>• Pag-uugnay sa karanasan<br>• Pag-uugnay sa isyung panlipunan<br>• Pag-uugnay ng dating kaalaman mula sa dating aralin | • Ideya sa Paksa<br>• Solusyon ukol sa konsepto ng Kahirapan<br>• Konklusyon<br>• Imahinasyon<br>• Opinyon<br>• Hinaing sa pamahalaan<br>• Argumento | ***<u>Istrategik na Pag-iisip</u>***<br>• Pagpapaliwanag ukol sa isinulat<br>• Paglilinaw/ Pagtitiyak o Kumpirmasyon sa isinulat<br>• Pagtatanong sa sarili ukol sa isusulat/ paksa<br>• Pagbabasa ng isinulat<br><br>***<u>Istrategik na Pagsulat</u>***<br>• Patanong na Istilo sa Pagsulat<br>• Pagbibigay ng Pamagat<br>• Pagpaplano sa pagsulat ng tula gamit ang simbolismo<br>• Paghahabi ng salita upang madugtungan ang tula<br>• Pagtalon sa ibang bahagi ng tula bilang indikasyon ng kahirapan sa isinusulat<br>• Paggamit ng dayalogo | • Problema-Solusyon<br>• Rebisyon o Pagrerekonstrak<br>• Pagtatalo ng isip<br>• Paghuhusga |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Ikalawang Yugto** | • Pag-uugnay sa konteksto ng paaralan<br>• Pagbibigay ng halimbawa ng sitwasyon | • Hinaing ukol sa pambubully ng isang guro<br>• Komento ukol sa isinulat<br>• Repleksyon mula sa obserbasyon | ***Istrategik na Pagsulat***<br><br>• Pagtutugma sa dulo ng taludtod ng tula<br>• Paghahanay ng mga salita<br>• Paraang pakuwento bilang istilo sa pagsulat ng tula<br>• Pagsisimula sa pamamagitan ng pamagat<br>• Paglalarawan ng paksa bilang panimula ng pagsulat<br>• Pag-uulit ng taludtod ng tula bilang istilo sa pagsulat<br>• Point of view ng nabubully bilang istilo sa tula<br>• Pagsisimula ng tula sa tanyag na pahayag mula kay Rizal<br>• Patanong na istilo sa pagsulat | • Panghuhula o Paghihinuha kaugnay sa napagninilayang ideya ukol sa Bullying |
| **Ikatlong Yugto** | • Pag-uugnay ng Kultura at Tradisyon | | ***Istrategik na Pag-iisip***<br><br>• Pagpaplano sa paggamit ng | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | simbolismo bilang istilo sa pagsulat<br><br>***<u>Istrategik na Pagsulat</u>***<br><br>• Pagbubunyag ng paksa sa hulihan<br>• Pagsisimula ng tula sa pamamagitan ng pamagat<br>• Pag-iiwan ng mensahe sa mga mambabasa<br>• Paglikha ng tula bago ang pamagat | |

## APENDIKS I: Transkripsyon ng Isip-Sambit sa Pagninilay

## UNANG YUGTO

| **Mag-aaral Blg. 1** |
|---|
| **Yugto: Kahirapan** |
| Ang paksang gagawaan ko po ng tula ay kahirapan. Sa unang saknong gusto ko pong ilagay 'dun yung… yung mang… yung impak po ng kahirapan sa mga naaapektuhan nito tulad po ng—karamihan kasi ma'am sa ano… naaapektuhan po ng kahirapan, mga bata. Yung mga hindi na po makapag-aral. Sa unang taludtod, patanong.<br>Ano nga ba ang…<br>***Ano nga ba ang kahirapan?***<br>Sa unang taludtod pa lang ma'am alam na 'yung, yung topic. Yun nga po, yun nga pong karamihan sa naaapektuhan niya ano, puro bata.<br>***Ito ang pumapatay sa pangarap ng kabataan.***<br>Pero po ano, pag nasa tao naman po 'yun eh. Pero karamihan po sa mahihirap may dedikasyon pa rin silang makamtan ang pangarap nila, para po sa pamilya.<br>Ngunit ito ay…<br>***Ngunit ito ay pilit nilang nilalabanan.***<br>Nilalabanan nila ito para sa pamilya. Dahil para… para sa pamilya… ay hindi!<br>**Dahil para sa pamilya sila ay lalaban.**<br>Nakatapos na po ako ng isang saknong. Sa pangalawang saknong po… yun po gusto ko po 'dun na hindi po dahilan ang kahirapan para sumuko o para isuko yung pangarap. Ngunit ito…<br>**Ngunit ito ay hindi dahilan upang mawalan**<br>Upang mawalan, para 'di mawalan ng pag-asa. May mga way naman po eh para makuha nila yung pangarap nila. Upang 'di mawalan ng pag-asa (matagal na antala). Upang makamtan? Ah hindi… ng pag-asang |

makamtan? Makamtan. Upang makamtan ang ano? Karamihan din naman po sa mahihirap gusto pong makamtan yung karangyaan para hindi na sila.., karamihan po sa naaapektuhan ng kahirapan nasa squatter area po. Mas gusto po nilang maexperience 'yung hindi nakatira sa ganoon.

***Ng pag-asang makamtan.***

***Ang pinapangarap na karangyaan.***

Siguro po naisip ko po dito, malalampasan naman po ito lahat sa pamamagitan po ni God, kaya po maniwala lang po sila kay God. Tapos hindi naman po nangyayari sa kanila 'yun ng hindi naplano ni God. Nasa kanila din naman po yun kung ano po yung ginawa nila kung bakit sila naapektuhan ng kahirapan.

***Maniwala ka lamang sa Panginoon at ito ay iyong malalagpasan.***

Ay yung title… yung paksa na lang din po yung title po.

Kasi po dun na rin po kasi umiikot yung tula, para hindi na rin po mahirap, para alam na rin po ng mambabasa yung paksa.

**Transkripsyon ng Isip-Sambit sa Pagninilay**

| **Mag-aaral Blg. <u>2</u>** |
|---|
| **Yugto 1: <u>Kahirapan</u>** |
| Kahirapan, paano kapag kahirapan? (matagal na antala) Madalas pumapasok kapag kahirapan, walang trabaho. Walang trabaho, walang magtutustos sa pamilya kaya madalas naghihirap. Ano bang pwedeng simula natin nito? (matagal na antala) Minsan sa gobyerno din madalas kasi ma-*corrupt*, dahilan kaya hindi nabibigay yung para sa mga tao kaya madalas naghihirap sila. Tsaka… subukan nating… (sisimulan ang pagsulat) Walang… (matagal na antala) walang pondo,<br>***Walang pondo,* walang proyekto**.<br>'Dun pwedeng patanong din siya para kahit papaano mag-isip din ang mambabasa.<br>***Ano ba ito?***<br>(matagal na antala) Kapag mahirap ka ano bang madalas meron kapag mahirap? Ang mahirap minsan nakatira sila sa *squatters*, o kaya nakatira sa ilalim ng mga tulay, o kaya sa mga kalsada na lamang, mga street runners. (matagal na antala)<br>***Bakit ba nasa ilalim ng tulay***<br>***ang bahay mo?***<br>Mahirap… ano bang pwedeng… ano bang pwedeng gawin kapag nahihirapan, anong pwedeng solusyon para mawala yung kahirapan.. ano pa? Kailangan… kailangan ng maayos na pamumuno. Kailangan maayos muna yung gobyerno bago.. ma.. para po maayos yung mabibigay na pondo sa mga mahihirap. Para hindi nila maranasan na mahirap sila. (matagal na antala)<br>***Gobyerno, 'yan muna ang ayusin n'yo***<br>***Bago… bago… kaming… mga… mahihirap dito.***<br>Ano ba? Pwede na sigurong ipasok natin yung mga… mga… mga korap na politiko para magkaroon din ng ideya yung babasa, bakit may mga mahihirap. |

***Alisin… muna ang mga korap… na politiko.***

Nang… (matagal na antala) Ano ba? Kapag wala nang korap may pondo na. Pwede ring magkaroon sila ng sarili nilang bahay…

***Nang… makamit ko na ang bahay… na pangarap ko.***

Ayan…pinararating ko sa tula na madalas wala namang maghihirap kung, kahit sabihin natin na wala namang trabaho ang isang tao. Mabubuhay pa rin naman ang tao kung nabibigay ng pamahalaan yung pangangailangan, di'ba nga yung mga serbisyo na dapat ibigay. Ang nangyayari nga 'ngayon, kaysa makarating sa mga mahihirap, nakakarating sa mga tao na… nagpapayaman pa rin nang nagpapayaman, mga pulitiko na mayaman na, ginagawa pa ring yaman nila ang bayan.

**Transkripsyon ng Isip-Sambit sa Pagninilay**

| **Mag-aaral Blg. 3** |
|---|
| **Yugto 1: Kahirapan** |
| Ang aking paksa sa araw na ito yung… ah kahirapan. So alam naman natin na yung kahirapan ay nararanasan, hindi lang dito sa Pilipinas kundi laganap sa ibang bansa. Ah… pero laging sinisisi ng mga tao… nabuo sa isip ko na, bakit laging sinisisi ng mga tao yung pamumuno ng isang namumuno bilang naging ugat ng kahirapan ng tao? Bakit hindi natin ah… aminin o kaya'y alamin natin na yung mismong katamaran natin ay naging dulot din ng kahirapang nararanasan natin? Ahm… dahil katamaran ang naging ugat nung kahirapan, yung napili kong pamagat ay yung salitang, "ugat". Ahm dahil sinisisi rin natin yung pinuno, sa unang saknong nakapaloob dito yung ahm… kung sino ba yung dapat nating sisihin sa kahirapan. Laging sinisisi ng mga tao na…<br>***Pinuno raw ang dahilan***<br>***Ng di matapos-tapos na kahirapan***<br>…ng kahirapan… pero hindi ba natin nakita… dahil ah na-feel ko yung, hindi ba natin nasusuri yung kung sino talaga yung isa sa mga dahilan nung nararanasan nating paghihirap. Nasuri mo ba?<br>***Nasuri mo ba?***<br>***O may masisi ka lang talaga?***<br>Hindi natin naisip na isa rin tayo, yung katamaran din natin yung nagiging dahilan ng paghihirap na nararanasan natin. Tapos sa pangalawa ng saknong, ahh… nakapaloob dito yung, yung kung ano talaga yung naging ugat nung kahirapan ng tao. Isa sa mga dahilan… bakit 'di mo aminin…<br>***Bakit 'di mo aminin***<br>***Na ang katamaran mo***<br>***Ang tunay na***<br>***Pinag-ugatan nito*** |

So yung kinalabasan nung ahh… nung naging tula ko ay kung ano ba talaga yung isa sa mga dahilan o nagiging ugat nung kahirapan. So… yung katamaran. Dapat ‘wag din nating sisihin yung maling pamumuno ng ilan sa mga namumuno dahil hindi naman lahat ng namumuno ay.. ah lahat naman siguro ng namumuno, ang kanilang hangarin ay mapaunlad yung ating bansa. Kaya’t itanong din natin sa sarili natin kung ano talaga yung ugat ng kahirapan na nararanasan natin.

## Transkripsyon ng Isip-Sambit sa Pagninilay

| Mag-aaral 4 |
| --- |
| **Yugto 1: Kahirapan** |
| Ang paksa ko yung kahirapan, bale yung balak ko imbis na tao o yung mismong lipunan yung ano.. ang pupun.. yung gagamitin ko na ano yung.. parang sa palayan, taniman, parang siya yung magsisimbolo ng lipunan tapos yung mga pananim yung magiging simbolo ng mga tao na nakakaranas ng kahirapan kaya sinimulan ko siya sa… sa malawak na lupain, masdan? (matagal na antala) ang… iba't… ibang... pananim? (matagal na antala) ang mataas, ang… masdan.. sa malawak na lupain, masdan ang iba't-ibang pananim (matagal na antala) ang… (matagal na antala) may… roong.. (matagal na antala) ahh… mayroong? ahh… (matagal na antala) mayroong mataas at.. ahh.. humahalik? halik sa… (matagal na antala) ano ba yung ibang term ng lupa.. mayroong mataas at humahalik sa... sa... mayroong humahalik sa… (matagal na antala) sa… (matagal na antala)<br><br>Bale pupunta muna ako sa pang-apat. (patungkol sa ikaapat na taludtod) Mayroong mataas at humahalik sa.. mabibiyayaan at… mabibiyayaan… may kinukulang. Ah bale nung nabuo ko na yung pang-apat parang may naisip na akong tugma para sa pangatlo. Mayroong mataas at humahalik sa lupang tigang. Mabibiyayaan at may kinukulang (matagal na antala). |

Ahm… nag-iisip ako nung pangsunod na saknong? Hmm… (matagal na antala) ahh.. binubuo ko sa imahe ko yung ano kung ano ba yung kaganapan sa lupain ng isang magsasaka na pwede kong maihalintulad sa kalagayan ng lipunan natin. (matagal na antala) Ahh.. (matagal na antala) Mag-ahh.. Bale ang naisip ko ngayon sa panghuli naman, sino ba yung maaaring magkontrol o siya yung mas magiging ano ng lipunan natin, di'ba parang sa pamahalaan sila yung humahawak sa lipunan tapos yung sa lupain naman o sa taniman yung sa magsasaka. Bale yung sa magsasaka ang gagamitin ko. Simulan ko sa… magsa… magsasaka... hmmm… (matagal na antala) magsasakang binabahagian ng lahat, nangangalaga.. ahh.. nagpapatakbo (pabulong) nag-iingat (pabulong) (matagal na antala) magsasaka… magsasaka. Kulang ang tubig para sa… magsasaka? Saka ang… responsibilidad, responsable sa mga pananim, pananim, ngunit, responsible… (pabulong) responsable sa mga pananim… ngunit tila nakalimot sa mga maliliit.. aahh.. magsasaka responsable sa ahh.. nagbabalak ako na baguhin ang nagawa ko sa unang taludtod ng pangalawang saknong? Parang mas magandang pakinggan 'pag binasa yung pangalawang taludtod naman… magsasaka responsable sa amin ngunit tila nakalimot sa mga? Sa.. amin… sa… ngunit tila nakalimot sa maliliit na pananim. Binago ko yung magsasaka? Kasi kanina magsasaka responsable sa mga pananim pinalitan ko yun ng sa amin, dinugtong ko… ngunit tila nakalimot sa maliliit na pananim ang… ang… (matagal na antala) balak ko naman ipoint na dito yung sa

kahirapan talaga. Hmmm… ngunit tila nakalimot sa maliliit na pananim, hmm.. naghirap? hindi. Nagbunga ng.. ngunit tila nakalimot sa maliliit na pananim (pabulong). Ah… paano ba? (matagal na antala). Ahh… ano, ngunit tila nakalimot sa maliliit na pananim. Nagbunga? Hmm. Iniisip ko paano ko mahahalintulad yung pakikinabang ng magsasaka sa mga pananim sa pakikinabang ng pamahalaan sa mamamayan o sa atin. Hmmm… bahagi ng lipunan… ngunit tila nakalimot sa maliliit na pananim… ngunit tila nakalimot sa maliliit na pananim… (matagal na antala) nagbunga ng paghihirap… inani? Inani ang bunga… inani ang bunga… ng.. mali.. inani ang bunga… galing? Ah mali mali.. ngunit tila nakalimot sa maliliit na pananim… (matagal na antala) Ahh.. ano ba?

Ahh.. hindi ko mahanap ang angkop na salita para mas maganda pakinggan? Hmm… ‘di ko.. di ko alam kung madudugtong ko yung binabalak ko na pag… (matagal na antala) hmm… Ah bale nakaisip ulit ako pamalit sa ano.. kasi parang hindi na siya… aahh.. hindi na siya masyadong magtutugma sa una kong nagawa bale ang nababalak ko ngayon yung sa kahirapan na parang imbis na ahh.. masolusyunan siya ng pamahalaan… parang… tinatago lang siya.. ganon parang naisip ko na… ahh… ahm… ang bulok.. ang bulok… ay tinatago… hindi mali… (nagbura) binubunot… binubunot ang… iniiisip ko yung ibang termino ng sira. Hmm.. ampangit.. sa… pananim… sa maliit na pananim… sa pananim… binubunot ang pangit sa pananim… tinatago sa mata ng… sa

mata ng.. binubunot ang pangit sa pananim.. tinatago… itinatago sa mata ng… ahhh.. ahh… paano ko madudugtungan? …tinatago sa mata. Sa? Hmmm.. binabalak kong palitan yung pananim, binubunot… sa?... bulok… hindi ko mahanap ang… binubunot ang pangit sa?... Hindi angkop. (matagal na antala) Tinatago sa mata… hmmm.. tinatago sa mata ng… nais? ‘Di ko maitugma ang pangatlo at pang-apat na taludtod… nag-iisip ako ng… salita na pwedeng madugtong… at… para maging buo na yung ideya ng mismong tula kaya… (matagal na antala) Binabago… Tinatakpan? Ahh.. bale pinalitan ko yung binubunot ng tinatakpan. Takpan… ang bulok na ani, itinatago sa mata ng... sa mata ng mamimili. Ayan! Bale yung ano siya na yung mamamayan na naisip ko tapos yung itinatago sa mata ng mamimili parang… inisip ko siya na ibang tao o ibang pamahalaan sa ibang bansa kasi naisip ko yung pinag-aralan naming sa A.P… yung sa United ano ba yun? Yung parang ASEAN… yung mga gobyerno may karapatan silang ma.. ahh.. magkaroon ng parang koneksyon sa kung anong mayroon tayo kaya yung mamimili parang yung pamahalaan kasi… ahhh… yung pamahalaan kasi ano parang syempre… parang nahihiya sila na ahh… may pangit na dala yung bansa natin kumpara sa kanila.. kaya naisip ko na tinatakpan ng bulok na ani? Itinatago sa mata ng mamimili.

Hmmm… pamagat ko… tigang… (pabulong) ngunit tila nakalimot sa maliit.. parang naisip ko na… ang pamagat ay… ito ang bunga… ng… pagtatanim. Hmmm… ito ang bunga ng pagtatanim.. naisip ko na bunga

kasi… yung pag.. yung pagtatanim naman inano ko siya sa pamamahala.. yung bunga.. ang.. yung bunga ng pamamahala hindi naman nalutas kung saan… yung kahirapan. (muling babasahin ang nalikhang tula)

## Transkripsyon ng Isip-Sambit sa Pagninilay

| **Mag-aaral 5** |
| --- |
| **Yugto 1: Kahirapan** |
| Kahirapan… ano bang magandang i-ano dito? Parang mas magandang i-una nga yung patanong, pero parang mas maganda ngang i-una yung ano, yung mismong sa tao, yung dinidirekta. Mas maganda siguro ano…<br><br>***Milyong tao ang nagigipit***<br><br>Kaya't sa patalim ay kumakapit, tama.<br><br>***Kaya't sa patalim ay kumakapit***<br><br>***Sukdulan ang nararanasan***<br><br>Hm…<br><br>***Makamit lang ang katarungan***<br><br>Ipinararating nito yung, ahm… kumbaga syempre sa karanasan ko din na parang, kailangan kapag sa kahirapan kasi, marami tayong nagagawang mali, may mga nagagawa tayong hindi tama kaya kumakapit tayo sa patalim para matustusan natin kung ano yung pangangailangan natin. At ano, isa rin dun yung kailangan din tayong ano, yung katarungan. Kasi… yung katarungan mismo yung mabibigay sa atin ng tamang… ano… yung tamang gagawin natin kung ano ba yung, yung mas mabuti nating gawin at may mga bagay rin kasi na halimbawa ahm… kailangan ko ng isang… pera dahil nangangailangan nga ako, manghihingi ka kung kanino ba dapat talaga tayong humingi dahil bilang isang anak, nangangailangan din tayo sa ating mga magulang, ganyan. Ayun, sunod naman na ano ay… susundan na natin sa patanong. Sinundan naman natin sa ano, sa patanong. Ano bang maganda?<br><br>***Ano nga ba ang daan***<br><br>Tungo? |

***Tungo sa magandang kinabukasan***

Kung ang…

***Kung ang hadlang ay kahirapan***

Sa malupit!

***Sa malupit na mundong kinabibilangan***

Ano nga ba ang daan tungo sa magandang kinabukasan, kung ang hadlang ay kahirapan sa malupit na mundong Tama nga ba to? kinabibilangan. Di naman siya masakit sa tainga kapag pinakinggan. Tapos… ibig sabihin lang din nito, parang ito naman tinutukoy naman nito sa mga kabataan na paano ba nila makukuha yung gusto nilang makamit sa, yung gusto nilang makamit, kung sino yung gusto nilang maging. Kung… o yung kahirapan nga ba yung nagiging hadlang sa pagtupad ng mga pangarap na iyon. Dahil talagang tayo kasi nabubuhay tayo sa mundong ahm… puno ng kasalanan, ah ng ano ng, hindi ka kaagad nakakakilos kaya ano, malupit… yung mundong kinabibilangan natin. Tapos ang aking title o titulo ay kahirapan din, para ‘di naman masyadong ano ahm… ‘di rin masyadong ano yung isipan para ‘pag nabasa yung title agad, malalaman mon a na yung tulang ginawa ko ay tungkol talaga sa kahirapan.

| **Mag-aaral 6** |
|---|
| **Paksa: Kahirapan** |
| |
| Yung naiisip ko po habang sinasabi yung paksang kahirapan, parang yung, yung isang bata po na nasa dalampasigan parang iniisip niya kung hanggang saan ba yung… kung makakamit ba niya yung pangarap niya. Hanggang… parang nagsasalita po kasi siya dito. Hanggang… hanggang saan ng aba ang lupa?<br>***Hanggang saan nga ba ang lupa***<br>***At ang lalim ng dagat ay maaabot ko kaya?***<br>Dapat ay maabot ko kaya?<br>***Kung ang liwanag ay… liwanag ay mawaglit sa akin.***<br>Ay hindi, mawaglit sa akin.<br>Paano ko tatahakin ang tadhana para sa akin?<br>Tadhana para sa akin? Hanggang saan nga ba ang lupa at ang lalim ng dagat ay… ay… papalitan ko yung unang saknong ng, may hangganan, ay parang ano… may hangganan ba ang lupa…<br>***May hangganan ba ang lupa?***<br>Parang mas magandang po siyang ano, may hangganan ba ang lupa, at ang lalim ng dagat ay maabot ko kaya? Kung ang liwanag ay mawaglit sa akin, paano ko tatahakin ang tadhana para sa akin?<br>***Ilang kandila na ba ang naupos?***<br>Parang nagsi-symbolize po siya sa pangarap na namatay po eh. Ilang kandila na baa ng naupos para sa…<br>***Kasabay ng pangarap***<br>Kandila na lang po para sa… parang nagsi-symbolize sa kahirapan. Kasabay ng pangarap<br>***Na unti-unting natutupok.***<br>***Sabi kasi ni inay, "anak di' ka makakapagtapos"***<br>Naglagay po ako ng line ng ina, sabi kasi ni inay, anak 'di ka makakapagtapos. Tapos. Tayo ay nabubuhay.. hindi. Sabi kasi ni inay, anak 'di ka makakapagtapos. Sabi kasi ni inay, anak 'di ka makakapagtapos. Pagsubok. Sa ating buhay, sa ating buhay… |

***Sa ating buhay ay sobra, ay labis ang mga pagsubok.***

May hangganan ba ang lupa at ang lalim ng dagat ay maabot ko kaya? Kung ang liwanag ay kinakain ng dilim

Ay… parang magkatugma.. wait… paano ko tatahakin ang tinadhana para sa akin? Parehas dapat yung pangatlo at pang-apat na taludtod, so…

***Kung ang liwanag ay kinain ng dilim.***

***Paano ko tatahakin ang tinadhana para sa'kin?***

***Ilang kandila na ba ang naupos***

***Kasabay ng pangarap***

***Na unti-unting natutupok.***

***Sabi kasi ni inay, "anak di' ka makakapagtapos"***

***Sa ating buhay ay labis ang mga pagsubok.***

So… title? Ahm… (matagal na antala). Pangarap… natupok na pangarap.

(Guro: So sa natapos mong tula, ano sa palagay mo, nagtagumpay ka ba sa imaheng nais mong iparating?

Opo. Kasi po parang kahirapan po kasi ano eh, parang yung sa bansa po natin is, ano siya… marami pong mahihirap sa bansa natin kaya pag na, syempre pag nakikita mo sa T.V, sa mga telebisyon, sa social media, kasi di'ba mga imahe ng mga bata. Ang naaano kop o kasi dito yung batang babae na ano eh, na nangangarap. Kaso nga lang parang ano, yung mga pangarap na 'yon nahihirapan siyang abutin dahil nga po sa pagsubok sa buhay tapos sa kahirapan na nga po. Tsaka yung kahirapan po kasi madali na lang po siyang isipin dahil napapanahon po yung isyu dito eh.

## Transkripsyon ng Isip-Sambit sa Pagninilay

## IKALAWANG YUGTO: BULLYING

**Mag-aaral 1**

**Paksa: Bullying**

Yung paksa ko po ay tungkol sa bullying. Bullying. Nakaranas din ako nito ma'am, pero yung sa unang saknong po. Kung paano siya or kung… kung ano yung, ah hindi, kung paano siya ah hindi, kung ano yung epekto nito sa mga nabully. Yon.

Naiisip ko ma'am na epekto non ano… syempre po nakakasakit, nakakababa ng *confidence* ng tao. Nakakawala ng tiwala sa sarili… ahm.. tapos nagiging, hindi na siya nakikihalubilo sa ibang kaibigan ganon po. Sa unang taludtod… ah hindi… dito na lang sa unang saknong, para sa mga binubully (matagal na antala). Ang una po, patanong.

***Alam mo ba ang sakit na nadarama nila?***

Alam mo ba ang sakit na nadarama nila… alam mo ba ah hindi, alam mo ba ang… puro na lang alam mo ba (natawa). Kasi ma'am parang ampangit lang tingnan kapag paulit-ulit na lang yung words.

Ano ma'am, sa unang saknong gusto ko ma'am ano, yung parang dito maaapektuhan sa mga nabubully. Tapos sa pangalawa po, kung ano yung epekto nito. Simulan natin sa dulo, parang mas madali po sa dulo eh. Dito… ahm…

Pangalawang Saknong:
***Bumababa ang kumpiyansa***
***Dahil sa sakit na nadarama***

Dahil sa sakit na nadarama, ay hindi. Ay tama pala.. nadarama (matagal na antala). Kailangan ko bang magdusa?

***Ito lang ang aking kaya***
***Kailangan ko bang magdusa?***

Kailangan ko bang magdusa, tama ba? Bumababa ang kumpiyansa, dahil sa sakit na nadarama. Ito an gang aking kaya, kailangan ko bang magdusa? Ano ma'am tapos ko na, ito ma'am parang sa ano 'to ma'am, point of view ng nabully. Dito naman po, (ituturo ang huling taludtod na ginawa) kasi ma'am di'ba kapag nabully ka para kang nagdudusa? Dun naman po sa unang saknong, dun na nga sa… dun naman sa nambubully. Sa dulo, puro A. Ah…

Tuwing sila, ah hindi. Tuwing… (matagal na antala)
***Tuwing kinukutya at inaasar mo sila***

Tuwing kinukutya at inaasar mo sila, alam mo bang… wait. Ano bang pwedeng isunod dito? Alam mo ba ang sakit na nadarama nila tuwing inaasar at kinukutya mo sila? Ayun…

***Hindi ka ba nakukunsensya?***

Tuwing… tuwing binababa mo ang kanilang… hala kumpiyansa na naman ma'am! (Natatawa) Alam mo ba ang sakit na nadarama nila tuwing kinukutya at inaasar mo sila, hindi ka ba nakukunsensya kapag… last na 'to ma'am, dito na naman ako sa last natatagalan.

Tuwing pinapahiya mo sila? Pwede kaya yun? Alam mo ba ang sakit na nadarama nila tuwing kinukutya at inaasar mo sila, hindi ka ba nakukunsensya. Hala, nakalimutan ko yung sinabi ko kanina (Tatawa). Tuwing… tuwing… ayun… tuwing sila ay umiiyak. Tuwing umiiyak sila. Ay! Tuwing umiiyak… tuwing ano, tuwing… tuwing… ayan… tuwing sila ay umiiyak at nagmamakaawa.

***Tuwing sila ay umiiyak at nagmamakaawa.***

Ganon yun sila eh, para tumigil. Tumigil na kasi nagmamakaawa. Title ko ma'am, iibahin ko na lang. Ahm.. kaso ma'am wala naman sa paksa yung bullying, pero kapag naman nabasa siya, dun malalaman yung tungkol sa bullying siya. Anong pwedeng ano. Bullying na lang 'din ma'am! (Tatawa) Pwede kaya yung sakit? Ah hindi, bullying na lang din.

**Transkripsyon ng Pagninilay sa Pamaraang Isip-Sambit**

| **Mag-aaral 2** |
|---|
| **Paksa: Bullying** |
| Bullying, paano ‘pag sinabing bullying? Bullying kasi… ‘yun, bakit pumapasok yung bullying sa isang tao? Bakit nagagawa ng isang tao na mambully? Ano bang maaaring pumasok dun sa… nangyari sa tao para mambully siya sa ibang tao rin? Ahm… maging konsepto bakit nagagawa ng bullying ang isang tao. Maaaring nabully rin siya kaya, nabully rin siya, nasaktan ng mga nasa paligid niya. Dun siguro maaari nating gamitin yung ganoong konsepto na kung bakit may bullying. Ano pa? ‘Pag bullying, sinasaktan, madalas… pisikal o kaya yung sa emotional nangyayari ang bullying. Bullying? Pwedeng maaaring klase ng bullying, maaaring pisikal kasi ganon madalas yung nangyayari, na bullying.<br><br>***Tama na! Pakiusap tama na!***<br><br>Bakit ba? Ano bang maaaring idugtong? Bakit ba kapag… ano bang maaari? Ahm… Pananakot syempre sinasaktan…<br><br>***Ano bang nagawa ko para ako’y iyong saktan***<br><br>(matagal na antala)<br><br>Ahm… pwede rin na siguro pwede ring gamitin natin ulit, yung pag-uulit ng taludtod para mas maipakita yung nais sabihin.<br><br>***Tama na, pakiusap tama na!***<br>***Lubha na akong nahihirapan***<br><br>(buntong hininga) Di’ba madalas nahihirapan na yung nabubully. Na darating na sa isip nila na, isipin nilang mamatay na lang para ma… matapos na yung nararamdamang poot sa kanila. Lubha na akong nahihirapan. (matagal na antala) Yung, ano bang maaari nating idugtong? Pwede nating gawin na istilo na para maging mas maayos yung tula? |

***Yan ang mga salitang ayoko nang marinig pa***

***Mga sigaw ng pag-awat at pagmamakaawa***

Ano pa kaya madalas, para maipasok natin sa bullying, dun sa madalas na nabubully, na isa sa mga paraan para matapos, na naisip niya, magsuicide na lang.

***Ngayon ay nawala na***
***Dahil kasama ko na si ama***
Ano ba magandang title sa bullying… pwede rin ipasok na salita… ang nais ko na title ay, “Tama na!”

## Transkripsyon ng Pagninilay sa Pamaraang Isip-Sambit

| **Mag-aaral <u>3</u>** |
|---|
| **Paksa: <u>Bullying</u>** |
| |
| Ang paksang aking pinili ay tungkol sa bullying. Bago gumawa ng tula, nag-isip-isip muna ako ng mga salitang maaari kong iugnay sa paksang aking napili. Gumawa ako ng mga magkakatugmang salita. Pag-asa, kapwa, pwede ring hinala, tapos ginagawa. Sa unang saknong…<br>***Ang dala ay mali't kawalan ng pag-asa***<br>(matagal na antala)<br>Kung saan, ang mga taong nakakaranas nito ay nawawalan ng pag-asa. Dahil napagtanto-tanto ko na ang mga tao ay patuloy na nararanasan ang ganitong sitwasyon, nawawalan sila ng pag-asa sa sarili. Sa pangalawang taludtod,<br>***Kung minsa'y salitang pampatay ng kapwa***<br>…dahil na rin sa mga salitang inuugnay sa bullying, alam naman natin na ang mga salitang ito ay napakabalbal kapag pinakinggan. Pangatlong taludtod…<br>***Mga kathang isip at mga hinala.***<br>…dahil ang mga tao naman ay hindi alam ang personalidad ng isang tao, patuloy pa rin nilang pinipintasan ang tao kahit hindi naman nila alam ang buong istorya nito. Sa pang-apat na taludtod…<br>***Buong lakas-loob ginagawa***<br>Sa unang taludtod, hindi ako masyadong nahirapan kasi wala akong masyadong bura. Ah iniugnay ko 'tong unang taludtod sa mga taong patuloy na ginagawa ang bullying. Sa pangalawang taludtod, mag-iisip ulit ako ng mga salitang magkakasing-ugnay. Ah.. kinukutya, mapanghusga, tapos ekspresyon, at ang huli ay depresyon. Bubuo na ulit ako sa ikalawang saknong…<br>***Pisikal na katangian kinukutya***<br>***Sapagkat mga labi ay mapanghusga***<br>(matagal na antala)<br>***Mag-ingat sa mga ekspresyon***<br>***Pagka't ito'y nagdudulot ng depresyon***<br>… sa ikalawang saknong medyo nahirapan ako, dahil sa huling dalawang taludtod nagugulo-gulo ako. Ang una ko talagang naisip dito, pagkat manloloko, mapanghusga ngayon ay, pero napagtanto tanto ko na medyo lumayo ito sa |

paksa at napakagulo nito tingnan kaya binago ko at ito ang kinalabasan, mag-ingat sa mga ekspresyon pagkat ito'y nagdudulot ng depresyon, sapagkat alam naman natin na nitong nagdaang buwan lang, ahh.. si Joaquin Montes ng Ateneo ay nambully at nagkalat ang isyu sa social media dahil dun sa video at nagano siya, nadepress siya kaya'y ito ang naisipan kong gawaan ng tula. Babasahin ko na ulit…

Ang dala ay mali't kawalan ng pag-asa
Kung minsa'y salitang pampatay ng kapwa
Mga kathang-isip at mga hinala
Buong lakas-loob ginagawa

Pisikal na katangian kinukutya
Sapagkat mga labi ay mapanghusga
Mag-ingat sa mga ekspresyon
Pagkat ito'y nagdudulot ng depresyon

Ang pamagat ng aking tula ay tukso, layuan mo ako.

**Transkripsyon ng Pagninilay sa Pamaraang Isip-Sambit**

| **Mag-aaral 4:** |
|---|
| **Yugto 2: <u>Bullying</u>** |
| |
| Ano ba? Ano bang…<br><br>***Ilang beses na bang idinulog***<br><br>***Sa kanya ang mga daing***<br><br>Sa kanya ang mga daing?<br><br>(Guro: Bakit sa ganyan mo sinimulan?)<br><br>Gusto ko pong… parang ito po is point of view ng ano.. ay hindi! (Muling babasahin ang nasimulan) Ilang beses na bang idinulog sa kanya ang mga daing. Parang yung author po yung nagsasalita, basta ang gusto ko pong palutangin dito ay ano po… parang kinukuwento ko po yung nararanasan nung bully.<br><br>Ilang beses na bang idinulog sa kanya ang mga daing.<br><br>***Ilang beses na bang iniluhod***<br><br>Iniluhod…<br><br>***Sa kanya ang mga pasanin.***<br><br>Pasanin. Mga taingang nakasara, mga taingang nakasara sa bawat… nakasara… sa bawat… paghingi ng tulong. Mga taingang nakasara<br><br>Saksi.. at bu.. mga taingang nakasara. Wait… mga taingang nakasara… para sa paghingi ng tulong… mali. Mga taingang nakasara, at mga bulag, at saksi. Mga taingang nakasara, mga taingang nakasara… nakasara… at mga nakapikit na mata. Nakapikit na mata.<br><br>Sa bawat paghingi ng tulong. Mahirap i-ano yung… mga taingang nakasara at mga nakapikit na mata, sa bawat paghingi ng tulong… |

Ay…

(muling babasahin ang nagawa) Mga mga taingang nakasara at mga nakapikit na mata, sa bawat paghingi ng tulong ay… sa paghingi ng tulong ay. Mga mga taingang nakasara at mga nakapikit na mata, sa bawat paghingi ng tulong ay… sa paghingi ng tulong ay.. ay… wala silang… para sa mga tulong… mga taingang nakasara.. dinig ng taingang nakasara, at saksi ang mga… ay mali. (Buburahin lahat)

Yung ikalawang saknong…

***Saksi ang mga bulag***

***At dinig ng mga bingi***

Mga bingi… ang paghingi. Saksi ang mga bulag at dinig ng mga bingi. At… baldog? Haha.. ano ba yung kalampag? Suntok? Suntok at kalampag? Ang tunog ay.. ang tunog… ang tulak… dinig ng mga bingi ang suntok at pagkalampag. Ang bawat… ang bawat… ang bawat sigaw.

***Ang bawat pakiusap ko na "Huwag!"***

Saksi ang mga bulag at dinig ng mga bingi ang bawat pakiusap ko na huwag. Ano ba? Hmm.. hmmm… ang huwag… mga pakiusap ko na huwag… nanunumbat? Na huwag… Huwag.

***Sa mga taong mapang-api.***

Mapang-api. (Uulitin ang buong tula)

**Transkripsyon sa Pagninilay sa Pamaraang Isip-Sambit**

| **Mag-aaral 5** |
|---|
| **Paksa: Bullying** |
| Ano bang magandang simula dito sa paksang bullying? Ahm syempre tungkol ito sa mga kabataan. Simulan ko na lang ‘don sa ano ni… ano ni Dr. Jose Rizal.<br><br>***Di ba’t kabataan ang pag-asa ng bayan?***<br><br>Hmm..<br><br>***Na dapat sa kanila ay ibigay ang pangangailangan***<br><br>Tama.. dapat talagang ibigay yun sa kanila (pabulong). Sunod ay, hm…<br><br>***Upang sila’y ‘di malugmok sa kasakiman***<br><br>***At hindi makapanakit ng sinuman***<br><br>Sunod… anong pwedeng sunod dun?<br>Ngunit!<br>***Ngunit tila bakit ginagawang kasiyahan***<br>***Ng mga kabataang ‘di malaman ang dahilan***<br>Pananakit. Pananakit?<br>***Pananakit nga ba ang kasagutan,***<br>***O sadyang dahil sa kanilang madilim na nakaraan?***<br>Hay… tama ba? Ano na kayang magandang i-title dito o pamagat…<br>Ah ano, pinaparating ko ito para sa kabataan na.. nabu-bully sa eskwelahan… siguro yung ibang nabu-bully, may mga dahilan sila kung bakit sila nakakapanakit ng kapwa nila mag-aaral. Siguro dahil ahm… ganoon din yung ginagawa sa kanila noon ng mga pamilya nila, kung sinuman sa ano, parte ng pamilya nila. O kaya, o baka gusto lang nila na makapanakit sila ng ibang mga ano nila, kapwa kamag-aaral kaya… tsaka yung ano, ang pamagat ko din ay dahilan ano nga ba? Syempre iniisip natin kung ano nga ba ang dahilan ng pananakit o pambubully ng ibang mga mag-aaral. |

**Transkripsyon sa Pagninilay sa Pamaraang Isip-Sambit**

| |
|---|
| **Mag-aaral 6** |
| **Paksa: Bullying** |
| **Yugto: 2** |
| Yung paksa po na napili ko is yung pambubully o bullying… so… dapat po na kalabasan ng tula is… ano.. dapat po yung makikita dito kung ano yung mga dahilan kung bakit nabubully ang isang tao tapos kung ano ba yung nagiging impact o nagiging ahh… resulta ng pambubully ng isang tao sa isang taong binubully. So dapat po unahin yung, mas mainam sigurong unahin yung pamagat para maiangkop ito sa pamagat… yung mga susunod na salita na bibitawan o ilalagay ko dito. (matagal na antala) Dapat siguro ay… (matagal na antala) Ipis. Bakit po ipis yung napili ko? Kasi yung ipis pinandidirihan ito ng tao.. yung anyo nito… yung kung saan man ito pinanggalingan… at kung ano kung paano kaliit yung ipis hindi naisip ng ibang tao na ganoon kaliit na isang insekto ay ah… kaya nit.. pinanliliitan nila… ang tao kasi kapag nakikita nila na ahh.. na ikaw ay nanggaling sa ganitong uri ng pamilya, magkakaroon sila ng kaisipan… o yung… o ideya na i-bully ka dahil dun sa pinanggalingan mo. Yung pagdating naman sa hitsura, pangit… nagkakaroon ng ahh.. diskriminasyon o bullying dun sa isang tao dahil dun sa kanyang panlabas na kaanyuan. Pero kung titingnan natin yung ipis ay.. bagamat pangit yung kanyang katangian siguro titingnan mo sa… kung titingnan natin anlaki ng tao para ah… bully-hin yung isang ipis na parang titingnan natin yung panlabas na kaanyuan niya o pinanggalingan. (matagal na antala) So… unang salita dapat dito is… yung mga katangian dapat ng ipis. Kung sa dahilan kung bakit siya binubully ng… kapwa… ang mga tao sa paligid niya tulad ng isang estudyante na nakaranas ng bullying.. nabully siya sa pamamaraan ng… ng kanyang pagbigkas.. ng kanyang pananalita tapos yung katangian niya. So… una… (Sisimulan ang pagsulat). Panlabas na |

kaanyuan…. Panlabas na kaanyuan… (matagal na antala) panlabas na kaanyuan… (matagal na antala) Pinandidirihan… pinandidirihan… (matagal na antala) pinagsisigawan… panlabas na kaanyuan, pinandidirihan at pinagsisigawan (mataga na antala). Nabuo… sa maling konsepto… nabuo sa maling konsepto ng pagkakakilanlan. Ng pagkaka…kilan-lan. Panlabas na kaanyuan, pinandidirihan at pinagsisigawan, nabuo sa maling konsepto ng pagkakakilanlan (matagal na antala). Ngunit kung iyong titingnan… kung iyong susuriin… kung iyong susuriin mas mainam na gamitin yung pagsusuri o yung salitang susuriin kaysa sa titingnan. Ngunit kung… kung… susuriin… ngunit kung susuriin… dapat na huwag… dapat na huwag… maliitin? Dapat na huwag maliitin (matagal na antala). Anumang katangian... anumang katangian (matagal na antala) anumang katangiang taglay… taglay natin… panlabas na kaanyuan pinandidirihan at pinagsisigawan, nabuo sa maling konsepto ng maling pagkaka.. ng pagkakakilanlan.. kilanlan. Ngunit kung susuriin, ngunit kung susuriin dapat na huwag maliitin anumang katangiang taglay… ng sinuman. Huwag… anumang katangiang taglay natin… buburahin ko yung natin na salita. Anumang katangian… taglay ng sinuman. Ng sinuman na lang.. dahil ito yung tumutukoy sa mga.. kung sinuman yung mga nabubully. So.. panlabas na kaanyuan, pinandidirihan at pinagsisigawan. Nabuo sa maling konsepto ng pagkakakilanlan, ngunit kung susuriin, dapat na huwag maliitin, anumang katangiang taglay ng sinuman. Yung lumabas na konsepto dito… is yung… huwag dapat nating ah.. tingnan sa labas na kaanyuan ang isang tao.. o yung binubully nat.. ng iba.. ng ilan. Dapat suriin natin dahil meron namang mga batas… na tumitingin na kahit na mas malaki yung… tulad ng isang.. kapag yung teacher, o yung isang guro ay nambully sa estudyante.. ahh.. hindi naman

ano agad… parang ‘pag may nagreklamo… parang mali agad sa unang tingin pa lang kasi.. nakita na agad kung gaa… kung malakas na... higit na mas malakas yung guro sa estudyante. Pero wala pa namang estudyante.. wala pa namang naitala o naireport na… yung estudyante nambully sa guro.. dahil hindi naman tinitingnan, dahil alam nila na mas mahina yung ahhh.. mas mahina yung estudyante para mabully yung… yung guro na higit na may mas kakayanan kaysa estudyante. At… nakalagay din dito yung panlabas na kaanyuan, pinandidirihan at pinagsisigawan, kung mapapan.. kung yung ipis.. tulad ng ipis na pandidirihan tapos pagsisigawan pa sa iba na ahh.. nabuo ‘to sa maling konsepto ng pagkakakilanlan. Kung mali yung pagkakakilala natin sa isang tao, naniniwala tayo dun sa mga ahhh… usap-usapan sa lipunan, na nabubuo natin sa isipan.. na nagkakaroon tayo ng ideya na pandirihan pa.. tapos pagkalat yung ganoong kaanyuan ng isang nilalang.. isang tao. Tapos nakalagay dito… ngunit kung susuriin dapat huwag maliitin, anumang katangian na taglay ng sinuman. Pagkat hindi naman natin dapat tingnan sa pisikal na kaanyuan yung katangian ng tao – nasa ano ito.. nasa pananalita niya, sa kanyang gawa siyempre.

…yung pinaghuhugutan po nito ano.. isa po akong president ng silid-aralan, napapansin ko po na kapag mali yung… parang.. kakaiba yung pinagmulan ng isang estudyante tsaka po mag-aaral, parang pinagtatawanan po nila ng mga kaklase ko. Na… kunwari po galing siya sa bisaya, yung kanyang pananalita is… kakaiba.. parang.. kapag tinrato siya dahil dun sa pananalita niya, mali rin yung.. nagkakaroon ng maling konsepto. Tapos syempre ako po, dahil isa rin po akong tubong ano… probinsyano din po ‘ko, nakaranas din po ‘ko ng pambubully. May mga time na hindi ka maka.. ano… hindi ka na makikinig sa guro kasi minsan may mga guro din na… pakikisamahan ng mga estudyante

kahit mali. Tapos yung matatawa pa sila… dun sa pananalita.. kahit pa mismo yung guro yung mangungunang matatawa… kahit.. simpleng pagtawa lang alam mo na, na… natawa din yung guro na ‘yun na naging pasimuno ng… araw-araw na pambubully sa’ken. Tapos yung… lalo na kapag may mga hindi ka alam na bagay dun sa Maynila. Parang, sabi nila wala naman sa bundok siguro noh? Wala sa bundok. Dun ko po nabuo yung.. ahh yung tula ko na pinamagatang ipis na… pambubully po.

**Transkripsyon ng Isip-Sambit sa Pagninilay**

**IKATLONG YUGTO: SOCIAL MEDIA**

| **Mag-aaral <u>1</u>** |
|---|
| **Paksa: <u>Social Media</u>** |
| Ang paksa ko ay tungkol sa social media. Ang naisip ko po ay fake news po, ay nabiktima na rin po ako nito. Sa facebook, madaming nagkakalat ng maling balita tapos hindi naman po totoo. So ang una ko pong ilalagay sa unang saknong, tama sa unang saknong ahm… yung epekto po. Ahm… epekto? Ay…. dulot nito sa tao, kaya yun nga, epekto. Sa unang taludtod, ang naisip ko ma'am, sa huli ko na lang sasabihin yung paksa. Okay. So… dito maraming nabibiktima, okay…<br>***Marami itong nabibiktima***<br>…tulad ko, nabibiktima? Dahil marami, ah hindi. Over use na yung marami. Marami itong nabibiktima dahil marami rin ang… naniniwala? Marami itong nabibiktima… dahil ito ay kapani-paniwala.<br>***Dahil ito ay kapani-paniwala***<br>Karamihan kasi sa gumagawa ng fake news ano… anggaling! Dahil ito ay kapani-paniwala, marami itong nabibiktima dahil ito ay kapani-paniwala. Kapani-paniwala. Ano kayang pwedeng sunod? Pwede kong isunod ay..dahil ito ay kapani-paniwala, kahit… kahit… anong pwedeng isunod? Marami itong nabibiktima dahil ito ay kapani-paniwala. Marami itong… anong pwedeng isunod? Dahil ito ay kapani-paniwala. Kaya't ating… wait. Kung sa una, kung bakit madaming naniniwala sa fake news, kung paano? Marami itong nabibiktima dahil ito ay kapani-paniwala. Marami ang nabibiktima… marami ding… tapos karamihan din sa gumagawa ng fake news, hindi din nila, wait okay. Marami ding nabibiktima dahil…<br>***Marami ring nabibiktima***<br>…nabibiktima...<br>***Dahil sa maling akala***<br>Marami ring nabibiktima dahil sa, dahil sa maling akala. Natapos na po ako ng isang talud… ay ng isang saknong. Sa pangalawang saknong naman ma'am kung paano 'to, kung paano 'to maiiwasan. Kaya parang.. ay hindi! Sa pangalawang saknong at unang taludtod dito na 'yung ano… yung paksa. Ay |

kailangan S din, sa huli na lang nga, sa huling taludtod na lang. Paano nga ba ito maiiwasan? Ating siguraduhin kung… ah hindi!

***Paano natin ito maiiwasan***

…tapos question mark. Paano natin ito maiiwasan?

***Ating siguraduhin ang ating pinaniniwalaan***

Ating siguraduhin, ang ating pinaniniwalaan. At ating… ating.. tayo ay.. at… at… ating.. ano 'yun? Hindi, hindi siya kapani-paniwala. Ito ay hindi rin, ano bang pwedeng sunod.. at kung ito… at kung ito ay galing sa tao na ayun…

***At kung ito ay galing sa taong mapagkakatiwalaan.***

…pwede din naman ma'am di'ba kahit wala po sa tula yung title?

(Guro: Nasa sa'yo…)

Wala na lang po, hindi na lang po mababanggit sa tula ko yung paksa, nasa title na lang po. Kaya tayo'y mag-ingat sa mga balita? Ah hindi. Tayo'y mag-ingat sa mga balita na ating… ah mali, paano natin ito maiiwasan, ating siguraduhin ang ating pinaniniwalaan, at kung ito ay sa taong mapagkakatiwalaan. At kung… anong pwedeng sunod dun, last na… huling taludtod na. Tayo ay maging matalino sa paggamit ng… hindi, fake news to eh. At kung… last na taludtod na… Ating siguraduhin ang ating pinaniniwalaan at kung ito ay sa taong mapagkakatiwalaan. Hindi… mali… ito ay galling sa taong mapagkakatiwalaan. Pwede po ito ma'am dito? (Aktong magbubura at magpapalit ng salita sa isang taludtod).

Ah..

***Para sa ating kapayapaan.***

Para sa ating kapayapaan, kasi maraming nag-aaway sa fake news. Yan ma'am. Ayan na. Ang title nito ay… fake news. Yan, okay na po.

Ito ma'am base lang din po maam sa experience. Kasi po sa facebook po marami pong basher na nagsasabi po sa isang, sa isang star, sa isang artista po, binabash po nila tapos nagkakalat po sila ng fake news tungkol sa kanila.

**Transkripsyon ng Pagninilay sa Pamaraang Isip-Sambit**

| |
|---|
| **Mag-aaral 2** |
| **Paksa: Social Media** |
| |

Ang paksang gagawan ko ng tula ay Social Media. Social Media. Gusto kong gawa'n ng tula yung pagbabago ng mga tao mismo na yung mismong tao hindi na makagawa ng mga natural na bagay na ginagawa nung katulad noon. Masyado na silang tutok sa technology, umaasa sila sa technology. Modernisasyon. Modernisasyon? Internet? Technology. Teknolohiya, Teknolohiya. Ang mga tao ngayon ay gumagamit ng teknolohiya. Teknolohiya…

***Ngayon tayo'y gumagamit ng teknolohiya***

***Dito na tayo unti-unting umaasa.***

Nawawala na ang paggawa? Paggawa. Teknolohiya, dito na tayo unti-unting umaasa. Nawawala na ang paggawa. Paggawa gawa gawa. Wait lang… Paggawa… Nawawalan ng oras, paggawa. (matagal na antala)

Binura ko yung pangatlong taludtod kasi wala na akong maisip. Ngayon tayo'y gumagamit ng teknolohiya, dito na tayo unti-unting umaasa. Nawawala na.. nawawala an gang paggawa, tiyaga. Dito na tayo unti-unting umaasa…

***Nawawala na ang tyaga***

Sa iba't.. hindi. Nawawala ang tyaga sa paggawa. Sa paggawa, ano yun? Ngayon tayo'y gumagamit ng teknolohiya dito na tayo unti-unting umaasa, nawawala na ang tiyaga sa paggawa. Parang isang taludtod lang. Nawawalan na ng tiyaga…

***Hindi na tayo gumagawa***

Nawawala na ang tiyaga, hindi na tayo, hindi na tayo gumagawa.

Unang saknong, ngayon tayo'y gumagamit ng teknolohiya dito na tayo unti-unting umaasa. Nawawala na ang tyaga, hindi na tayo gumagawa. Sapagkat… kapaligiran, paraan. Ngayon ngayon tayo'y gumagamit ng teknolohiya dito na tayo unti-unting umaasa. Nawawala na ang tyaga, hindi na tayo gumagawa. Ang… ang mga kabataan hindi na alam ang ganda, ang saya? Ang saya sa kalikasan. Hindi na alam ang saya sa kalikasan. Mga kabataan

***Hindi na alam ang saya, ang taglay na saya ng kalikasan.***

Kapaligiran, kapaligiran.

***Nawa'y tayo ay gumawa ng paraan***

para…

**Upang mabalik ang nakaraan.**

Ikalawang saknong, ang mga kabataan hindi na alam ang taglay na saya, ang taglay na saya sa kalikasan, nawa'y tayo ay gumawa ng paraan upang mabalikan ang nakaraan. So yung pino-point ko dito yung… ayun nga, sa paglipas ng panahon, masyado nang natututok sa teknolohiya lahat ng tao. Tapos yung mga kabataan ngayon miski yung kapatid ko hindi na marunong magpiko, hindi na nila alam yung patintero, na dati ginagawa naming kasi hindi naman kami nagse-cellphone cellphone lang. Sila puro gadgets na dahil sa social media. Title (matagal na antala) Halina't balikan. Hindi,

Teknolohiya.

**Transkripsyon ng Pagninilay sa Pamaraang Isip-Sambit**

| **Mag-aaral 3** |
|---|
| **Yugto: Social Media** |
| |
| Yung napili kong ah paksa sa araw na ito ay yung social media. Alam naman natin na ang social media ay napakalaki ng nagiging bahagi nitong parte sa araw-araw na ginagawa ng *teen-ager* o ng mga kabataan ngayon. So simulan ko ang aking tula dapat sa pamagat. Yung pamagat na naisip ko ay yung notification. So yung nabuo yung notification sa ah isip ko dahil kapag 'yun naririnig ko o kaya naririnig ng isang teen ager, yung notification na yun tungkol yun sa social media marahil, so agad, kahit ano po yung ginagawa ng estudyante, titingnan at titingnan niya yung notification na yun tungkol sa social media kung ano yung nagaganap dun. So dahil siya ay halos kabataan ang gumagamit, mostly po yung kabataan po yung nakikinabang sa social media. Ito yung nagiging patok sa kabataan…<br>***Patok sa kabataan***<br>Pangalawa yung kapag ano, kapag kunwari kumakain tayo tapos biglang may tumunog na toot toot, parang yung notification agad yun kaya kahit pagkain natin pinapabayaan natin, pati pag-aaral…<br>***Di saglit na maiwanan***<br>…na maiwanan… na kahit..<br>Pag tumunog tiyak kahit… **pagkain**… buburahin ko yung pagkain, okay lang naman yung pagkain ilagay pero mas mainam sigurong ilagay yung aralin na lang kasi yung ilang mga aralin o mga lesson namimiss ng estudyante o napapabayaan.<br>***Pag tumunog, tiyak kahit***<br>***aralin pababayaan*** |

…kapag narinig na yung, tulad ko kapag may ginagawa kong lesson o may pinag-aaralan ko tapos tumunog yung cellphone ko, parang titingnan ko agad yung notification, na kahit yung ginagawa ko ititigil ko muna saglit. Dahil tungkol ‘to sa kabataan, yung pangalawang saknong… dahil parang sa tingin ko hindi na talaga natin maititigil yung social media. Kabataa’y,

***Kabataa’y di na mapipigilan***

…parang tuloy-tuloy na, dahil din siguro sa pagkakaroon ng modernisasyon o teknolohiya kaya mahirap din itigil yung social media, lalo na’t mas napapadali nito yung komunikasyon ng bawat isa kahit malayo. Na kapag nangyari ‘yun, kapag nagpatuloy pa yung panahon, parang yung mga nangyari noon, mga tulad ng mga kasaysayan parang nababalewala na ‘yun sa mga kabataan, na miski basahin, bigyan ng konting oras hindi na nila magawa. Darating ang panahon…

***Lilipas ang panahon***

***Na ang mga bagay noon***

***Ay lalaon***

So nabuo ko yung tula na’ to dahil unang pumasok sa utak ko, naimagine ko kaagad yung sarili ko ‘dun na ganoon yung naidudulot ng social media sa’kin, kapag may tumunog titingnan ko kaagad. Kahit yung may ginagawa ako ititigil ko kaagad.

**Transkripsyon ng Pagninilay sa Pamaraang Isip-Sambit**

| **Mag-aaral 4** |
|---|
| **Paksa: <u>Social Media</u>** |
| Social Media… (matagal na antala).<br>***Yapak ng mga anino'y***<br>'di ko na makit… Anino… anino'y<br>***Ay 'di ko na makita.***<br>Ano po parang nai… nai… naiisip ko po kasi yung parang dahil po sa social media, parang yung kina.. nakagawian natin ngayon, yung kagawian o yung ano natin, nakasanayan natin is hindi na po natin nagagawa, parang nagbago na po kasi di'ba nagiging modern na po 'yung ano natin.<br>**Yapak ng anino ay di ko na makita…**<br>Dahil nga ba<br>Dahil nga ba sa mga…<br>*Dahil nga ba sa matatayog na gusali?*<br>Dahil nga ba sa pagba.. dahil ng aba sa gus… matatayog na gusali, matatayog na gusali? Ay!<br>Kailangan may rhyme. Yapak ng anino ay 'di ko na makita, dahil nga ba sa… dahil nga ba<br>***sa pagbabago***<br>***Dahil nga ba sa pagbabago?***<br>***At sa makabagong teknolohiya***<br>Ilang ano… yapak ng mga anino ay di ko na makita, dahil nga ba sa pagbabago at sa makabagong teknolohiya. Teknolohiya… ang po at opo ay nakalimutan din…<br>Ang mga tradisyon..<br>ang ating tradisyon ay atin ba'y nakalimutan?<br>At… at ang ating tradisyo'y, atin bang kinalimutan?<br>***Ang ating tradisyon ba'y kinalimutan?***<br>***At ang mga uso'y atin nang sinusundan?***<br>Yapak ng mga anino ay di 'ko na makita. dahil ng aba sa pagbabago at sa makabagong gawi sa social media. Ang ating tradisyo'y… ay mali! Ang ating tradisyon ay atin bang nakalimutan, mga uso'y atin nang sinundan. Makabagong mundo para sa makabagong tao…. |

***Makabagong mundo para sa makabagong tao***

***At ang mga dating nakagawian ay burado.***

Dito po, tulad ng sinabi ko kanina, yung dahil nga po sa pagbabago ng mundo tapos, na nagiging modern na, naaano… yung nagiging iba na rin po yung pamumuhay natin at mga paniniwala natin kaya yung dati po nating pinaniniwalaan na pinasasabi ng mga ninuno eh nakalimutan na natin. Title… hmm… (matagal na antala)

Nag… naglalahong…

***Naglahong-bakas.***

**Transkripsyon ng Pagninilay sa Pamaraang Isip-Sambit**

| |
|---|
| **Mag-aaral 5** |
| **Paksa: <u>Social Media</u>** |
| |

Ah bale yung paksa ko social media ahh… simulan ko sa… ah… umusbong.. ah mali.

Nagkaroon ako ng bagong mundo. Ahh… (matagal na antala)

***Nagkaroon ako ng bagong mundo***
***Nakipag-ugnayan sa mga di nakakasalamuhang tao.***

Nagkaroon ako ng bagong mundo, nakipag-ugnayan sa mga di nakakasalamuhang tao. Ah… nagkaroon ako ng… bale nilalarawan ko na yung parang social media kung saan yung paksa ko. Tapos… nagkaroon ako ng bagong mundo, nakipag-ugnayan sa mga di nakakasalamuhang tao. Ahm… nakikipag-usap… nakikipag-usap na tanging, ahm nakikipag-usap… ah hindi, mali. Bale binura ko para.. nagkaroon ako ng bagong mundo, nakipag-ugnayan sa mga di nakakasalamuhang tao. Takbuhan tuwing nais ng aliw… takbuhan tuwing nais ng aliw. Ah… hahanap muna ako ng salitang tugma dun sa huli kong nagawa tsaka 'ko na lang bubuuin yung pang-apat na taludtod. Aliw… (matagal na antala) Hm… iniisip ko kung paano ko madudugtungan yung nahuli kong taludtod, ah… (paghinga nang malalim) (matagal na antala) Hmm… bale parang nahihirapan akong hanapin ang tugma kaya… hm… (matagal na antala). Ah bale babaguhin ko na lang yung pagkakabuo nun para mas madalian akong hanapan ng tugma.

***Tuwing nais ng aliw ito ang tatakbuhan***

…nahanap? Ah mali… ah… parang, kasi parang naisip ko, nahahawakan? Ah bale… (pabulong) nakipag-ugnayan sa mga di nakakasalamuhang tao, tuwing nais ng aliw ito ang tatakbuhan.

***Gadgets agad kong hahawakan***

…gadgets agad kong hahawakan… ah…

***Oras ay 'di napapansin***

…oras ay 'di napapansin, ah… mga taong nasa paligid… ah… (matagal na antala) mali… mga taong nasa pali…

Mga taong (matagal na antala)

Ah binubuo ko 'yung susunod na tatlo kung saan magiging ano ko, sa… social media na. Oras ay 'di napapansin

***Mga taong nakapaligid sa'kin***
***Tila nakalimot pansinin***

…tila nakalimot pansinin… ah… na… sunod ko yung huli… naghahanap ako ng tugma sa tatlong taludtod na nabuo ko, ah bale… oras ay 'di napapansin, mga taong nakapaligid sa akin tila nakalimot pansinin. Sa bagong mundo'y.. ah wait lang… sa bagong mundo'y… ahh… tila nakalimot pansinin sa bagong mundo'y… tila nakalimot pansinin sa bagong mundo… sarili'y.. sa bagong mundo sarili.. ah.. mali. Parang mamamali kasi yung pagbuo ko ng tula tapos hindi siya tutugma dun sa mga nabuo kong taludtod. Sa bagong mundo'y sarili.. ah wait lang. Sa bagong mundo'y… ah wait. Sa bagong mundo.. mali mali (buburahin) (matagal na antala).

***Likhang mundo'y inangkin.***

Oras ay di napapansin, mga taong nakapaligid sa akin tila nakalimot pansinin likhang mundo'y inangkin. Bale yung ano ko, nung sa unang talud… ay.. sa unang saknong ko parang dinis… inilarawan ko muna yung social media kung saan parang ginawa na siyang bagong mundo ng mga tao. Pangalawa naman, inano ko yung isang epekto nung social media kung saan yung pagkakawala ng oras, yung parang hindi na niya napapansin na n'andon lang siya sa mundong 'yon, kung saan yung social media. Yung ibang taong nakapaligid sa kanya hindi niya na napapansin tapos yung sa likhang mundo'y inangkin, parang dun na lang siya sa mismong mundo na yun kaya parang hindi na siya, parang sa

totoong mundo kung saan tayo nag-e-exist, hindi na natin, hindi na siya nakikipag-interact dun. Kaya… (matagal na antala). Ah, pamagat ko sa paksang social media, “Bagong mundo”.

**Transkripsyon ng Pagninilay sa Pamaraang Isip-Sambit**

| |
|---|
| **Mag-aaral 6** |
| **Paksa: Social Media** |
| |

Yan, social media. Siguro ahm, gagawa na muna ako ng tula bago ko siya lalagyan ng sarili kong paksa o ng titulo. Social media ahm… mahirap na paksa sobra. Ah maglalarawan muna ako. Ayan maglalarawan muna ako.

***Mga kabataan ngayon***

***Na tumatangkilik sa modernisasyon***

Mga kabataan ngayon, na tumatangkilik sa modernisasyon. Sasyon. Mga kabataan ngayon, na tumatangkilik sa modernisasyon… Mga kabataan ngayon na tumatangkilik sa modernisasyon…

Teknolohiya (matagal na antala) teknolohiya, Mga kabataan ngayon na tumatangkilik sa modernisasyon… teknolohiya…

***Teknolohiya ay sumasakanila***

Mga kabataan ngayon na tumatangkilik sa modernisasyon. Teknolohiya ay sumasakanila. Mga gawain, mga gawain ng lipunan. Mga kabataan ngayon na tumatangkilik sa modernisasyon. Teknolohiya ay sumasakanila. Teknolohiya ay sumasakanila. At iniiwan ang gawain 'to, hindi pwede! (matagal na antala) Sumasakanila…

Mga kabataan ngayon na tumatangkilik sa modernisasyon. Teknolohiya ay sumasakanila, kasi dito kasunod niya A din siya, parang A-A-B-B. So Teknolohiya ay sumasakanila.Teknolohiya ay sumasakanila.

***Mga kasanayan nila noo'y wala na.***

Ayun. Susunod ko dito kasi dalawang saknong lang siya, ah magtatanong ako, yun yung istilo ko sa pagsulat eh, yung gusto ko may maiwan sa mga mambabasa. So, dito, ito ba ay wasto? Ito ba talaga ay naaayon? 'Yan sulat ko siya dito.

***Ito ba talaga ay naaayon?***

Mga kabataan ngayon na tumatangkilik sa modernisasyon. Teknolohiya ay sumasakanila, ito ba talaga ay umaayon… (matagal na antala) ito ba talaga ay naaayon o sadyang dala… O sadyang agos lamang ng panahon.

***O sadyang agos lamang ng panahon?***

Yan… ito ba talaga ay naaayon o sadyang agos lamang ng panahon. (matagal na antala)

Mainam na alam nila ang wasto… mainam na sila'y, ay hindi pwede… ito ba ito ba talaga ay naaayon o sadyang agos lamang ng panahon..

***Mainam pa ring sila'y may kaalaman***

Pagkat… mainam pa ring sila'y may kaalaman, may kaalaman…pagkat hindi lahat mabuti sa kanyang… hindi! Mainam pa rin sila'y may kaalaman , kaalaman… pagkat may masama itong, masama… gusto kong sabihin dito ano eh, parang mainam pa rin na sila'y may kaalaman kasi ano eh, kasi gusto kong sabihin yung, yung negative effect nito sa kanila. So mainam pa rin na sila'y may kaalaman pagkat hindi puro kabutihan, mali. Kaalaman pagkat di lahat, pagkat, kami ay… nahihirapan ako sa terminology na gagamitin ko. Pagkat ito ay may… pagkat ito ri'y,

***Pagkat ito ri'y may masamang laan.***

Yan okay na yan.

**APENDIKS J : Mga Tulang Nabuo ng mga Mag-aaral**

*Unang Yugto: Kahirapan*

Mag-aaral 1

“Kahirapan”

*Ano nga ba ang kahirapan?*

*Ito ang pumapatay sa pangarap ng kabataan.*

*Ngunit ito ay pilit nilang nilalabanan.*

Dahil para sa pamilya sila ay lalaban.

Ngunit ito ay hindi dahilan upang mawalan

*Ng pag-asang makamtan*

*Ang pinapangarap na karangyaan.*

*Maniwala ka lamang sa Panginoon at ito ay iyong malalagpasan.*

*Unang Yugto: Kahirapan*

Mag-aaral 2

"Bahay na Walang Bubong"

*Walang pondo, walang proyekto.*

*Ano ba ito?*

*Bakit ba nasa ilalim ng tulay*

*ang bahay mo?*

*Gobyerno, 'yan muna ang ayusin n'yo*

*Bago kaming mahihirap dito*

*Alisin muna ang mga korap na politiko*

*Nang makamit ko na ang bahay na pangarap ko.*

*Unang Yugto: Kahirapan*

Mag-aaral 3

| |
|---|
| *Pinuno raw ang dahilan*<br>*Ng di matapos-tapos na kahirapan*<br>*Nasuri mo ba?*<br>*O may masisi ka lang talaga?*<br><br>*Bakit 'di mo aminin*<br>*Na ang katamaran mo*<br>*Ang tunay na*<br>*Pinag-ugatan nito* |

*Unang Yugto: Kahirapan*

Mag-aaral 4

"Ito ang Bunga ng Pananim"

*Sa malawak na lupain*

*Masdan ang iba't-ibang pananim*

*Mayroong matatag at humahalik sa lupang tigang*

*Nabibiyayaan at nagkukulang*

*Magsasaka ang responsible sa amin*

*Ngunit tila nakalimot sa maliit na pananim*

*Tinatakpan ang bulok na ani*

*Itinatago sa mata ng mamimili*

*Unang Yugto: Kahirapan*

Mag-aaral 5

"Kahirapan"

*Milyong tao ang nagigipit*
*Kaya't sa patalim ay kumakapit*
*Sukdulan ang nararanasan*
*makamit lang ang katarungan*

*Ano nga ba ang daan*
*tungo sa magandang kinabukasan?*
*Kung ang hadlang ay kahirapan*
*Sa malupit na mundong kinabibilangan.*

*Unang Yugto: Kahirapan*

Mag-aaral 6

**"Natupok na Pangarap"**

*May hangganan ba ang lupa?*

*At ang lalim ng dagat ay maabot ko kaya?*

*Kung ang liwanag ay kinain ng dilim*

*paano ko tatahakin ang tinadhana para sa akin?*

*Ilang kandila na baa ng naupos?*

*Kasabay ng pangarap na unti-unting natutupok*

*Sabi kasi ni inay, "Anak di' ka makakapagtapos"*

*Sa ating buhay ay labis ang mga pagsubok.*

*Ikalawang Yugto: Bullying*

Mag-aaral 1

”Bullying”

*Alam mo ba ang sakit na nadarama nila?,,*

*tuwing kinukutya at inaasar mo sila?*

*Hindi ka ba nakukunsensya,*

*tuwing sila ay umiiyak at nagmamakaawa?*

*Bumababa ang kumpiyansa*

*Dahil sa sakit na nadarama*

*Ito lang ang aking kaya*

*Kailangan ko bang magdusa?*

*Ikalawang Yugto: Bullying*

Mag-aaral 2

"Tama Na!"

*Tama na! Pakiusap tama na!*

*Ano bang nagawa ko para ako'y iyong saktan*

*Tama na, pakiusap tama na!*

*Lubha na akong nahihirapan*

*Yan ang mga salitang ayoko nang marinig pa*

*Mga sigaw ng pag-awat at pagmamakaawa*

*Ngayon ay nawala na*

*Dahil kasama ko na si ama*

*Ikalawang Yugto: Bullying*

Mag-aaral 3

"Tukso, Layuan Mo Ako!"

*Ang dala ay mali't kawalan ng pag-asa*
*Kung minsa'y salitang pampatay ng kapwa*
*Mga kathang isip at mga hinala.*
*Buong lakas-loob ginagawa*

*Pisikal na katangian kinukutya*
*Sapagkat mga labi ay mapanghusga*
*Mag-ingat sa mga ekspresyon*
*Pagka't ito'y nagdudulot ng depresyon*

*Ikalawang Yugto: Bullying*

Mag-aaral 4

"Bulag na Katarungan"

*Ilang beses na bang idinudulog?*
*Sa kanya ang mga daing*
*Ilang beses na bang iniluhod*
*Sa kanya ang mga pasanin*

*Saksi ang mga bulag*
*At dinig ng mga bingi*
*Ang bawat pakiusap ko na, "Huwag!"*
*Sa mga taong mapang-api.*

*Ikalawang Yugto: Bullying*

Mag-aaral 5

“Dahilan Ano Nga Ba?”

*Di ba’t kabataan ang pag-asa ng bayan?*

*Na dapat sa kanila ay ibigay ang pangangailangan*

*At hindi makapanakit ng sinuman*

*Ngunit tila bakit ginagawang kasiyahan.*

*Ng mga kabataang*

*‘di malaman ang dahilan*

*Pananakit nga ba ang kasagutan*

*O sadyang dahil sa kanilang madilim na nakaraan?*

*Ikalawang Yugto: Bullying*

Mag-aaral 6

"Ipis"

*Panlabas na kaanyuan*
*Pinandidirihan at pinagsisigawan*
*Nabuo sa konsepto*
*ng pagkakakilanlan*

*Ngunit kung susuriin*
*Dapat na huwag maliitin*
*Anumang katangian*
*Taglay ng sinuman*

*Ikatlong Yugto: Social Media*

Mag-aaral 1

"Maling Akala"

*Marami itong nabibiktima*

*Dahil ito ay kapani-paniwala*

*Marami ring nabibiktima*

*Dahil sa maling akala*

*Paano natin ito maiiwasan*

*Ating siguraduhin ang ating pinaniniwalaan*

*At kung ito ay galing sa taong mapagkakatiwalaan.*

*Para sa ating kapayapaan.*

*Ikatlong Yugto: Social Media*

Mag-aaral 2

"Teknolohiya"

*Ngayon tayo'y gumagamit ng teknolohiya*

*Dito na tayo unti-unting umaasa*

*Nawawala na ang tyaga*

*Hindi na tayo gumagawa*

*Hindi na alam ang saya, ang taglay na saya ng kalikasan.*

*Nawa'y tayo ay gumawa ng paraan*

Upang mabalik ang nakaraan.

*Ikatlong Yugto: Social Media*

Mag-aaral 3

"Notification"

*Patok sa kabataan*

*Di saglit na maiwanan*

*Pag tumunog, tiyak kahit*

*aralin pababayaan*

*Kabataa'y di na mapipigilan*

*Lilipas ang panahon*

*Na ang mga bagay noon*

*Ay lalaon*

*Ikatlong Yugto: Social Media*

Mag-aaral 4

“Naglahong-Bakas”

*Yapak ng anino*

*ay di ‘ko na makita…*

*Dahil nga ba sa pagbabago?*

*At sa makabagong teknolohiya*

*Ang ating tradisyon ba’y kinalimutan?*

*At ang mga uso’y atin nang sinusundan?*

*Makabagong mundo para sa makabagong tao*

*At ang mga dating nakagawian ay burado.*

*Ikatlong Yugto: Social Media*

Mag-aaral 5

"Bagong Mundo"

*Nagkaroon ako ng bagong mundo*

*Nakipag-ugnayan sa mga di nakakasalamuhang tao.*

*Tuwing nais ng aliw ito ang tatakbuhan*

*Gadgets agad kong hahawakan*

*Oras ay 'di napapansin*

*Mga taong nakapaligid sa'kin*

*Tila nakalimot pansinin*

*Likhang mundo'y inangkin.*

*Ikatlong Yugto: Social Media*

Mag-aaral 6

"Modernisasyon"

Mga kabataan ngayon

Na tumatangkilik sa modernisasyon

Teknolohiya ay sumasakanila

Mga kasanayan nila noo'y wala na.


Ito ba talaga ay naaayon?


O sadyang agos lamang ng panahon?

Mainam pa ring sila'y may kaalaman

Pagkat ito ri'y may masamang laan.


# Apendiks K: Mga Larawan









Sinagutan ng mga mag-aaral ang talatanungan sa lugar na itinakda sa pananaliksik kung saan sila ay makasasagot nang maayos.







Makikita sa larawan ang mga mag-aaral na aktwal na nagninilay habang sumusulat ng tula.




# Bernadette S. Santos

Polo Valenzuela City
Mobile No: 09234430140
Email : santos.adette@gmail.com


## TALA NG EMPLEYO

Katungkulan : Master Teacher I
Kompanya : Caruhatan National High School
Adres : Pacencia St. cor Trinidad, Don Pedro Village, Marulas Valenzuela City
Deskripsyon ng Trabaho/ Tungkulin at Responsibilidad:

- Turuan at bigyan ng karunungan ang mga mag-aaral ayon sa pamantayang inilaan ng Kagawaran ng Edukasyon sa ilalim ng pamatnubay ng mga awtoridad sa edukasyon.

Katungkulan : Part-time Instructor I
Kompanya : CIIT College of Arts and Technology
Adres : Mother Ignacia St. Quezon City, PH.
Deskripsyon ng Trabaho/ Tungkulin at Responsibilidad:

- Turuan at bigyan ng karunungan ang mga mag-aaral ayon sa pamantayang inilaan ng Komisyon ng Mataas na Edukasyon sa ilalim ng pamatnubay ng mga awtoridad sa edukasyon.

Katungkulan : Secondary Teacher I
Kompanya : Chiang Kai Shek College
Adres : Padre Algue St, Tondo, Manila.
Deskripsyon ng Trabaho/ Tungkulin at Responsibilidad:

- Turuan at bigyan ng karunungan ang mga mag-aaral ayon sa pamantayang inilaan ng Kagawaran ng Edukasyon sa ilalim ng pamatnubay ng mga awtoridad sa edukasyon.

## TALA NG EDUKASYONG NATAMO

Taon (Mula) – (Hanggang)

**Kolehiyo**

Kurso : Bachelor of Secondary Education 2007-2011
: Major in Filipino
Paaralan : Philippine Normal University
Adres : Taft Avenue, Manila

**Sekondarya**

Paaralan : Polo National High School 2007 - 2003
Adres : Palasan, Valenzuela City

**Elementarya**

Paaralan : Pio Valenzuela Elementary School 2003 - 1995
Adres : Palasan, Valenzuela City

## PAGSASANAY/ SEMINAR NA DINALUHAN

Naglunsad : DepEd Valenzuela
Sakop : April 17-21, 2018
Adres : Hacienda Gracia Lubao Pampanga
Pamagat : Leadership and Capability Training for School Heads

Naglunsad : DepEd
Sakop : October 22-26, 2008
Adres : Baguio City
Pamagat : National Trainer of Trainers on Campus Journalism

## NATATANGING KASANAYAN/ ABILIDAD

- Pagsulat sa Pamamahayag/ Malikhaing Pagsulat
- Pag-awit
- Talumpatian

## KARAKTER REFERENS

Pangalan : Virginia O. Alacon
Posisyon : Principal IV
Kompanya : DepEd Valenzuela
Telepono : 291-74-17

Pangalan : Estrella Pena
Posisyon : Professor
Kompanya : Philippine Normal University
Telepono : (63915) 5900704

Pangalan : Irene C. Cular
Posisyon : Master Teacher I
Kompanya : Caruhatan National High School
Telepono : 291-74-17